



# Handbook ng Miyembro

---

Ang mga kailangan mong malaman tungkol sa  
iyong mga benepisyo

Pinagsamang Ebidensiya ng Pagsaklaw  
(Evidence of Coverage, EOC) at Form ng  
Pagsiwalat ng Health Net Community Solutions  
("Health Net")

2023

Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus,  
o Tulare

# Iba pang mga wika at format

---

## Iba pang mga wika

Maaari mong makuha ang Handbook ng Miyembro na ito at ang iba pang materyal ng plano sa iba pang wika nang wala kang kailangang bayaran. Nagbibigay kami ng nakasulat na pagsasaling-wika mula sa mga kuwalipikadong tagasalin-wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Toll free ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para malaman pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga serbisyo ng tagasalin-wika at mga serbisyo sa pagsasaling-wika.

---

## Iba pang mga format

Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, 20-point font na malaking print, audio, at naa-access na elektronikong format nang wala kang kailangang bayaran. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Toll free ang tawag.

---



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Mga serbisyo ng interpreter

Nagbibigay ang Health Net ng mga serbisyo ng berbal na pagsasaling-wika mula sa kuwalipikadong interpreter, nang 24 na oras, nang wala kang kailangang bayaran. Hindi mo kailangang gumamit ng kapamilya o kaibigan bilang tagasalin. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban na lang kung isa itong emergency. Available ang mga serbisyo ng interpreter, serbisyo sa wika at kultura nang wala kang kailangang bayaran. Makakakuha ka ng tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Toll free ang tawag.

**English:** If you, or someone you are helping, need language services, call 1-800-675-6110 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like accessible PDF and large print documents, are also available. These services are at no cost to you.

**Arabic:** إذا كنت أنت أو أي شخص تقوم بمساعدته، بحاجة إلى الخدمات اللغوية، فاتصل بالرقم 1-800-675-6110 (TTY: 711). تتوفر أيضاً المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل الملفات المنقولة (PDF) التي يمكن الوصول إليها والمستندات المطبوعة الكبيرة. تتوفر هذه الخدمات بدون تكلفة بالنسبة لك.

**Armenian:** Եթե դուք կամ որևէ մեկը, ում դուք օգնում եք, ունեն լեզվական օգնության կարիք, զանգահարեք 1-800-675-6110 (TTY՝ 711): Հաշմանդամություն ունեցող մարդկանց համար հասանելի են օգնություն և ծառայություններ, ինչպես օրինակ՝ մատչելի PDF և մեծ տպագրությունք փաստաթղթեր: Այս ծառայությունները ձեզ համար անվճար են:

**Cambodian:** ប្រសិនបើអ្នក ឬនរណាម្នាក់ដែលអ្នកកំពុងជួយ ត្រូវការសេវាផ្នែកភាសា សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-800-675-6110 (TTY: 711)។ ជំនួយ និងសេវាកម្មផ្សេងៗសម្រាប់អ្នកដែលពិការ ដូចជាទម្រង់ PDF សម្រាប់អ្នកពិការ និងឯកសារព្រីនជាអក្សរខ្នាតធំក៏មានផ្តល់ជូនផងដែរ។ សេវាកម្មទាំងនេះត្រូវបានផ្តល់ជូនអ្នកដោយមិនគិតថ្លៃ។

**Chinese:** 如果您或您正在帮助的其他人需要语言服务，请致电1-800-675-6110 (TTY: 711)。另外，还为残疾人士提供辅助和服务，例如易于读取的PDF和大字版文件。这些服务对您免费提供。



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Farsi:** اگر شما یا هر فرد دیگری که به او کمک می‌کنید نیاز به خدمات زبانی دارد، با شماره (TTY: 711) 1-800-675-6110 تماس بگیرید. کمک‌ها و خدماتی مانند مدارک با چاپ درشت و PDF دسترس‌پذیر نیز برای معلولان قابل عرضه است. این خدمات هزینه‌ای برای شما نخواهد داشت.

**Hindi:** यदि आपको, या जिसकी आप मदद कर रहे हैं उसे, भाषा सेवाएँ चाहिए, तो कॉल करें 1-800-675-6110 (TTY: 711)।

विकलांग लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे सुलभ PDF और बड़े फ़ॉन्ट वाले दस्तावेज़, भी उपलब्ध हैं। ये सेवाएँ आपके लिए मुफ्त उपलब्ध हैं।

**Hmong:** Yog hais tias koj, los sis ib tus neeg twg uas koj tab tom pab nws, xav tau cov kev pab cuam txhais lus, hu rau 1-800-675-6110 (TTY: 711). Tsis tas li ntawd, peb kuj tseem muaj cov khoom siv pab thiab cov kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab tib si, xws li cov ntaub ntawv PDF uas tuaj yeem nkag cuag tau yooj yim thiab cov ntaub ntawv luam tawm uas pom tus niam ntawv loj. Cov kev pab cuam no yog muaj pab yam tsis xam nqi dab tsi rau koj them li.

**Japanese:** ご自身またはご自身がサポートしている方が言語サービスを必要とする場合は、1-800-675-6110 (TTY: 711)までお問い合わせください。障がいをお持ちの方のために、アクセシブルなPDFや大きな文字で書かれたドキュメントなどの補助・サービスも提供しています。これらのサービスは無料で提供されています。

**Korean:** 귀하 또는 귀하가 도와주고 있는 분이 언어 서비스가 필요하시면 1-800-675-6110 (TTY: 711) 번으로 연락해 주십시오. 장애가 있는 분들에게 보조 자료 및 서비스(예: 액세스 가능한 PDF 및 대형 활자 인쇄본)도 제공됩니다. 이 서비스는 무료로 이용하실 수 있습니다.

**Laotian:** ຖ້າທ່ານ, ຫຼື ບຸກຄົນໃດໜຶ່ງທີ່ທ່ານກຳລັງຊ່ວຍເຫຼືອ, ຕ້ອງການບໍລິການແປພາສາ, ໃຫ້ 1-800-675-6110 (TTY: 711). ນອກນັ້ນ, ພວກເຮົາຍັງມີອຸປະກອນຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການສຳລັບຄົນພິການອີກດ້ວຍ, ເຊັ່ນ ເອກະສານ PDF ທີ່ສາມາດເຂົ້າເຖິງໄດ້ສະດວກ ແລະ ເອກະສານພິມຂະໜາດໃຫຍ່. ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນມີໄວ້ຊ່ວຍເຫຼືອທ່ານໄດ້ເສຍຄ່າໃດໆ.

**Mien:** Da'faanh Meih, Fai Heuc Meih Haih Tengx, Oix Janx-kaeqv waac gong, Heuc 1-800-675-6110 (TTY: 711). JomcCaux gong Bun Yangh mienh Caux mv fungc, Oix dongh eix PDF Caux Bunh Fiev dimc, Haih yaac kungx nyei. Deix gong Haih buatc Yietc liuz maiv jaax-zinh Bieqc Meih.

**Punjabi:** ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ, ਜਾਂ ਜਿਸ ਦੀ ਤੁਸੀਂ ਮਦਦ ਕਰ ਰਹੇ ਹੋ, ਨੂੰ ਭਾਸ਼ਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਦੀ ਜ਼ਰੂਰਤ ਹੈ, ਤਾਂ 1-800-675-6110 (TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਪੜ੍ਹਚਯੋਗ PDF ਅਤੇ ਵੱਡੇ ਪ੍ਰਿੰਟ ਵਾਲੇ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫ਼ਤ ਹਨ।

**Russian:** Если вам или человеку, которому вы помогаете, необходимы услуги перевода, звоните по телефону 1-800-675-6110 (TTY: 711). Кроме того, мы предоставляем материалы и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы в специальном формате PDF или напечатанные крупным шрифтом. Эти услуги предоставляются бесплатно.

**Spanish:** Si usted o la persona a quien ayuda necesita servicios de idiomas, comuníquese al 1 800-675-6110 (TTY: 711). También hay herramientas y servicios disponibles para personas con discapacidad, como documentos en letra grande y en archivos PDF accesibles. Estos servicios no tienen ningún costo para usted.

**Tagalog:** Kung ikaw o ang taong tinutulungan mo ay kailangan ng mga serbisyo sa wika, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Makakakuha rin ng mga tulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, tulad ng naa-access na PDF at mga dokumentong malaking print. Wala kang babayaran para sa mga serbisyong ito.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Thai:** หากคุณหรือคนที่คุณช่วยเหลือ ต้องการบริการด้านภาษา โทร 1-800-675-6110 (TTY: 711) นอกจากนี้ยังมี ความช่วยเหลือและบริการสำหรับผู้ทุพพลภาพ เช่น PDF ที่เข้าถึงได้และเอกสารที่พิมพ์ขนาดใหญ่ บริการเหล่านี้ ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับคุณ

**Ukrainian:** Якщо вам або людині, якій ви допомагаєте, потрібні послуги перекладу, телефонуйте на номер 1-800-675-6110 (TTY: 711). Ми також надаємо матеріали та послуги для людей з обмеженими можливостями, як-от документи в спеціальному форматі PDF або надруковані великим шрифтом. Ці послуги для вас безкоштовні.

**Vietnamese:** Nếu quý vị hoặc ai đó mà quý vị đang giúp đỡ cần dịch vụ ngôn ngữ, hãy gọi 1-800-675-6110 (TTY: 711). Chúng tôi cũng có sẵn các trợ giúp và dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu dạng bản in khổ lớn và PDF có thể tiếp cận được. Quý vị được nhận các dịch vụ này miễn phí.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# Maligayang Pagdating sa Health Net!

Salamat sa pagsali sa Health Net. Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa Estado ng California upang matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

---

## Handbook ng Miyembro

Malalaman mo sa Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong pagsaklaw sa ilalim ng Health Net. Mangyaring basahin ito nang mabuti at buo. Matutulungan ka nitong maunawaan at gamitin ang iyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinaliliwanag din nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Health Net. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong naaangkop sa iyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay kilala rin bilang Pinagsamang Ebidensiya ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage o EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Isa itong buod ng mga panuntunan at patakaran ng Health Net at nakabatay ito sa kontrata sa pagitan ng Health Net at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services o DHCS). Kung gusto mo ng higit pang impormasyon, tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng Health Net at DHCS. Maaari ka ring humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang walang bayad o bisitahin ang website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com) para makita ang Handbook ng Miyembro. Maaari ka ring humiling ng kopya ng mga klinikal at pang-administratibong patakaran at pamamaraan na hindi pinagmamay-arian ng Health Net nang wala kang kailangang bayaran, o maaari mong itanong kung paano maa-access ang impormasyong ito sa website ng Health Net.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

EOC059461TP00

## Makipag-ugnayan sa amin

Matatawagan ang Health Net para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaaring tawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag.

Maaari ka ring bumisita online, anumang oras, sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Salamat,  
Health Net  
21281 Burbank Blvd.  
Woodland Hills, CA 91367



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# Talaan ng nilalaman

<b>Iba pang mga wika at format</b> .....	<b>2</b>
Iba pang mga wika .....	2
Iba pang mga format .....	2
Mga serbisyo ng interpreter .....	3
<b>Maligayang Pagdating sa Health Net!</b> .....	<b>6</b>
Handbook ng Miyembro .....	6
Makipag-ugnayan sa amin .....	7
<b>Talaan ng nilalaman</b> .....	<b>8</b>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro</b> .....	<b>11</b>
Paano makakahingi ng tulong .....	11
Sino ang maaaring maging miyembro .....	12
Mga identification (ID) card.....	12
<b>2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan</b> .....	<b>15</b>
Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan .....	15
Paano gumagana ang iyong plano .....	17
Pagpapalit ng planong pangkalusugan.....	18
Mga mag-aaral na lumipat sa bagong county o umalis sa California.....	19
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	20
Mga gastos .....	23
<b>3. Paano makatanggap ng pangangalaga</b> .....	<b>27</b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan .....	27
Tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP).....	28
Network ng tagapagkaloob .....	32
Mga appointment.....	41
Pagpunta sa iyong appointment .....	42
Pagkansela at pagpapaiskedyul ulit .....	42
Pagbabayad .....	43
Mga referral .....	44



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).  
Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.  
Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.  
Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

EOC059461TP00



Paunang pag-apruba (paunang pahintulot) .....	47
Mga pangalawang opinyon.....	48
Sensitibong pangangalaga .....	49
Agarang pangangalaga .....	52
Pang-emergency na pangangalaga.....	54
Linya para sa Payo ng Nars .....	56
Mga paunang direktiba .....	56
Donasyon ng organ at tissue .....	57
<b>4. Mga benepisyo at serbisyo .....</b>	<b>58</b>
Ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan .....	58
Mga benepisyo sa Medi-Cal na sinasaklaw ng Health Net.....	62
Iba pang mga benepisyo at programa na sinasaklaw ng Health Net.....	86
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal.....	99
Mga Serbisyong hindi mo makukuha sa Health Net o Medi-Cal.....	104
Pagsusuri sa mga bago at kasalukuyang teknolohiya .....	105
<b>5. Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan .....</b>	<b>107</b>
Mga serbisyo para sa mga bata (Mga batang wala pang 21 taong gulang).....	107
Mga check-up sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit habang walang sakit ang bata.....	108
Pagsusuri para sa pagkalason sa lead sa dugo .....	110
Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan .....	110
Iba pang mga serbisyo na maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa .....	111
<b>6. Pag-uulat at pagresolba ng mga problema .....</b>	<b>114</b>
Mga Reklamo .....	115
Mga Apela .....	117
Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasya sa apela .....	118
Mga Reklamo at Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan.....	119
Mga Pagdinig ng Estado .....	121
Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso .....	122



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).  
Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.  
Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711.  
Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

<b>7. Mga karapatan at responsibilidad .....</b>	<b>124</b>
lyong mga karapatan .....	124
lyong mga responsibilidad .....	126
Abiso hinggil sa hindi pandidiskrimina .....	127
Mga paraan upang makilahok bilang isang miyembro.....	130
Abiso ng mga gawi sa privacy .....	131
Abiso tungkol sa mga batas .....	143
Abiso tungkol sa pagiging huling tagabayad ng Medi-Cal, iba pang pagsaklaw sa kalusugan at pag-recover ng tort.....	143
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian.....	144
Abiso ng Pagkilos .....	145
Pananagutan ng Ikatlong Partido .....	146
Mga independiyenteng contractor .....	146
Panloloko kaugnay ng plano ng pangangalagang pangkalusugan.....	147
Mga pangyayaring hindi kontrolado ng Health Net.....	147
<b>8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman .....</b>	<b>148</b>
Mahahalagang numero ng telepono .....	148
Mga salitang dapat malaman .....	150



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).  
 Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.  
 Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.  
 Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano makakahingi ng tulong

Nais ng Health Net na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, gusto ng Health Net na marinig ito mula sa iyo!

## Mga serbisyo para sa miyembro

Narito ang mga serbisyo para sa miyembro ng Health Net para tulungan ka. Magagawa ng Health Net na:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga sinasaklaw na serbisyo ng Health Net
- Tulungan kang pumili o magpalit ng tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (primary care provider o PCP)
- Sabihin sa iyo kung saan kukunin ang pangangalagang kailangan mo
- Tulungan kang makakuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles
- Tulungan kang makakuha ng impormasyon sa iba pang mga wika at format

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaaring tawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. Dapat tiyakin ng Health Net na hindi ka maghihintay nang mas matagal sa 10 minuto kapag tumatawag ka.

Maaari ka ring bumisita online, anumang oras, sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Sino ang maaaring maging miyembro

Kuwalipikado ka para sa Health Net dahil kuwalipikado ka sa Medi-Cal at naninirahan ka sa isa sa mga county na ito: Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, o Tulare. Maaari ka ring maging kuwalipikado sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil tumatanggap ka ng SSI/SSP.

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). O bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>. Para sa mga katanungan tungkol sa Social Security, tumawag sa Social Security Administration sa 1-800-772-1213. O bisitahin ang <https://www.ssa.gov/locator/>.

### Transitional na Medi-Cal

Ang Transitional na Medi-Cal ay tinatawag ding “Medi-Cal para sa mga nagtatrabahong tao.” Maaari kang makakuha ng Transitional na Medi-Cal kung hindi ka na nakakakuha ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula kang kumita nang mas malaki.
- Nagsimulang makatanggap ang iyong pamilya ng higit pang suporta para sa bata o asawa.

Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kuwalipikado sa Transitional na Medi-Cal sa tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng iyong lokal na county sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx> o tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).



---

## Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng Health Net, makakakuha ka ng Health Net ID card. Dapat mong ipakita ang iyong Health Net ID card at ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), na ipinadala sa iyo ng Estado ng California, kapag kumuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o mga reseta. Dapat lagi mong dalhin ang lahat ng card ng kalusugan sa lahat ng oras. Narito ang sample ng BIC ID card at Health Net ID card para ipakita sa iyo kung ano ang magiging hitsura ng iyo:



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Ang iyong Health Net ID card ay mayroong mahalagang impormasyon, kabilang ang:

- Pangalan ng iyong Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) (o ang pangalan ng iyong klinika o grupong medikal). Hindi nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga miyembro na mayroong pagsaklaw ng Medicare (Part A at Part B) at Medi-Cal. Ang makikita sa impormasyon ng PCP ay “Magpatingin sa Iyong Doktor sa Medicare.” Hindi rin nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga bagong panganak na nabigyan ng Index Number ng Kliyente (CIN) ng DHCS. Ang makikita sa impormasyon ng PCP ay “Walang Primary MD.”
- Address at numero ng telepono ng iyong PCP. Hindi nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga miyembro na mayroong pagsaklaw ng Medicare (Part A at Part B) at Medi-Cal. Ang makikita sa impormasyon ng PCP ay “Magpatingin sa Iyong Doktor sa Medicare.” Hindi rin nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga bagong panganak na tinalagahan ng CIN ng DHCS. Ang makikita sa impormasyon ng PCP ay “Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.”
- Kung mali ang impormasyon ng iyong PCP at/o medikal na grupo o kung pinalitan mo na ang iyong PCP at/o medikal na grupo mula noong huling na-isyu ang iyong ID card, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para makakuha ng bagong card na may tamang impormasyon ng PCP.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 1 | Pagsisimula bilang isang miyembro

- Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong ID card, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Narito ang dapat gawin sa iyong Health Net ID card:

- Tingnan upang matiyak na ang impormasyon sa iyong ID card ay tama. Kung may anumang mali sa iyong ID card, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung mali ang pagkakabaybay o mali ang iyong pangalan, ikokonekta ka namin sa tanggapan ng Departamento ng mga Serbisyon Panlipunan para sa Publiko sa iyong county upang maayos ito.

Ipakita ang iyong Health Net ID card sa tuwing ikaw ay:

- mayroong appointment sa doktor,
- pupunta sa ospital, o
- nangangailangan ng agarang pangangalaga/mga serbisyon pang-emergency.

Kung hindi mo makuha ang iyong Health Net ID card sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng iyong pagpapatala, o kung masira, mawala, o manakaw ang iyong card, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro. Papadalhan ka ng Health Net ng bagong card nang wala kang kailangang bayaran. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

---

### **Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan**

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa mga county na ito: Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, o Tulare. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa Estado ng California upang matulungan kang makakuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Maaari kang makipag-usap sa isa mga kinatawan ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net para malaman pa ang tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano mo ito mapapakinabangan. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### **Kailan magsisimula at matatapos ang iyong pagsaklaw**

Kapag nagpatala ka sa Health Net, papadalhan ka namin ng ID card sa loob ng dalawang linggo pagkatapos ng petsa ng iyong pagpapatala. Dapat ipakita mo ang iyong Health Net ID card at ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag kukuha ka ng anumang serbisyo o reseta sa pangangalagang pangkalusugan.

Kakailanganing i-renew ang iyong pagsaklaw ng Medi-Cal bawat taon. Kung hindi mare-renew ng lokal na tanggapan ng iyong county ang pagsaklaw ng Medi-Cal gamit ang mga elektronikong paraan, papadalhan ka ng county ng form sa pag-renew ng Medi-Cal. Kumpletuhin ang form na ito at isauli ito sa lokal na ahensya para sa mga serbisyo para sa tao ng iyong county. Maaari mong ibalik ang iyong impormasyon online, sa personal, o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o iba pang elektronikong paraan kung available ang mga ito sa iyong county.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Mag-uumpisa ang iyong pangangalaga sa pamamagitan ng Health Net kapag tapos na ang iyong pagpapatala sa Health Net. Maaari mo nang simulang gamitin ang iyong mga benepisyong sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Health Net sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagsaklaw. Ang petsa ng pakakaroon ng bisa ng pagsaklaw ay ang unang araw ng buwan kasunod ng pagkumpleto sa pagpapatala sa Health Net. Tingnan ang ID card ng miyembro ng Health Net na ipinadala sa iyo sa sulat para sa petsa ng pakakaroon ng bisa ng pagsaklaw.

Maaari mong hilinging wakasan ang iyong pagsaklaw sa Health Net at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). O bisitahin ang [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov). Maaari mo ring hilinging ihinto ang iyong Medi-Cal.

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, o Tulare county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Posibleng mahinto ang pagiging kuwalipikado sa Health Net kung magiging totoo ang alinman sa mga sumusunod:

- Mga county ng Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, o Tulare.
- Wala ka ng Medi-Cal
- Kung magiging kuwalipikado ka sa isang programa ng waiver na nag-aatas sa iyong magpatala sa FFS Medi-Cal.
- Nasa piitan o kulungan ka

Kung nawala ang iyong pagsaklaw sa Health Net Medi-Cal, maaari ka pa ring maging kuwalipikado para sa pagsaklaw ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal. Kung hindi ka nakakatiyak kung sinasaklaw ka pa rin ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



## Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa Mga American Indian sa pinapamahalaang pangangalaga

Ang mga American Indian ay mayroong karapatang huwag magpatala sa plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o maaari silang umalis sa kanilang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at bumalik sa FFS Medi-Cal anumang oras at para sa anumang dahilan.

Kung isa kang American Indian, mayroon kang karapatang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP). Maaari ka ring manatili o umalis sa pagkakatala sa Health Net habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Para sa impormasyon tungkol sa pagpapatala at pag-alis sa pagkakatala, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

---

## Paano gumagana ang iyong plano

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan sa pinamamahalaang pangangalaga na nakakontrata sa DHCS. Ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ay isang sulit na paggamit ng mga pinagkukunan ng pangangalagang pangkalusugang nagpapahusay sa access sa pangangalagang pangkalusugan at tumitiyak sa kalidad ng pangangalaga. Nakikipagtulungan ang Health Net sa mga doktor, ospital, at iba pang tagapagkaloob ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa lugar na pinagseserbisyuhan ng Health Net para mabigyan ka ng pangangalagang pangkalusugan, bilang miyembro. Habang miyembro ka ng Health Net, maaari kang maging kuwalipikado na makakuha ng ilang karagdagang serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kasama sa mga ito ang mga inireresetang gamot para sa outpatient, gamot na hindi kailangan ng reseta at ilang medikal na supply sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx.

Sasabihin sa iyo ng Mga Serbisyo para sa Miyembro kung paano gumagana ang Health Net, kung paano mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo, kung paano magpaskedyul ng mga appointment sa tagapagkaloob ng serbisyo sa loob ng mga karaniwang oras ng trabaho, kung paano humiling ng mga serbisyo ng interpreter nang walang bayad, at kung paano malalaman kung kuwalipikado ka para sa mga serbisyo ng transportasyon.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari ka ring makahanap ng mga impormasyon tungkol sa mga serbisyo para sa miyembro online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

### Pagpapalit ng planong pangkalusugan

Maaari kang umalis sa Health Net at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa tinitirhan mong county anumang oras. Tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711) para makapili ng bagong plano. Maaari kang tumawag mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

Tumatagal nang hanggang 30 araw upang maproseso ang iyong kahilingang umalis sa Health Net at magpatala sa isa pang plano sa county mo kung walang isyu sa kahilingan. Para malaman ang istatus ng iyong kahilingan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

Kung gusto mong mas mabilis na makaalis sa Health Net, maaari kang humiling sa Health Care Options ng pinabilis na (mabilis) pag-alis sa pagkakatala. Kung ang dahilan ng iyong kahilingan ay nakatutugon sa mga panuntunan para sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, makakatanggap ka ng sulat upang ipaalam sa iyong naalis ka na sa pagkakatala.

Ang mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga batang tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng mga Foster Care o Adoption Assistance program, mga miyembrong may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at mga miyembrong nakatala na sa Medicare o ibang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o komersiyal na plano ng pinapamahalaang pangangalaga.

Maaari mong hilinging umalis sa Health Net nang personal sa lokal na tanggapan ng mga serbisyo para sa kalusugan at tao ng iyong county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>. O tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Mga mag-aaral na lumipat sa bagong county o umalis sa California

Available ang mga serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa lahat ng nagpapatala sa Medi-Cal sa buong estado saanmang county sila nakatira. Ang karaniwang pangangalaga at pangangalagang pang-iwas sa sakit ay sinasaklaw lang sa county kung saan ka nakatira. Kung lilipat ka sa isang bagong county sa California para kumuha ng mas mataas na edukasyon, kabilang ang kolehiyo, sasaklawin ng Health Net ang mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa iyong bagong county. Makakatanggap ka rin ng pangkaraniwan o pang-iwas na pangangalaga sa iyong bagong county ngunit kailangang abisuhan ang iyong MCP. Tingnan sa ibaba para sa karagdagang detalye.

Kung nagpatala ka sa Medi-Cal at isa kang mag-aaral sa county na iba sa iyong tirahan sa California, hindi mo kailangang mag-apply ng Medi-Cal sa county na iyon.

Kapag panandalian kang aalis sa bahay para mag-aral sa ibang county sa California, mayroon kang dalawang opsyon. Maaari mong:

- Abisuhan ang lokal na tanggapan ng mga panlipunang serbisyo ng iyong county na panandalian kang aalis para mag-aral sa institusyon ng mas mataas na edukasyon at ibigay ang iyong address sa bagong county. Ia-update ng county ang mga tala ng kaso sa paglalagay ng iyong bagong address at county code sa database ng Estado. Gamitin ang opsyong ito kung gusto mong kumuha ng karaniwang pangangalaga o pangangalaga na pang-iwas sa sakit sa iyong bagong county. Posibleng kailanganin mong lumipat ng planong pangkalusugan kung walang Health Net sa county kung saan ka mag-aaral ng kolehiyo. Para sa mga tanong at para maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

### O

- Piliing huwag baguhin ang iyong planong pangkalusugan kapag panandalian kang lumipat upang magkolehiyo sa ibang county. Magkakaroon ka lang ng access sa mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa bagong county para sa ilang kundisyon. Para matuto pa, pumunta sa Kabanata 3, "Paano makakakuha ng pangangalaga." Para sa karaniwang pangangalagang pangkalusugan o pangangalagang pangkalusugan na



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

pang-iwas sa sakit, kakailanganin mong gamitin ang regular na network ng mga tagapagkaloob ng Health Net na nasa tinitirahang county ng ulo ng sambahayan.

Kung pansamantala kang aalis sa California para mag-aral sa ibang estado at gusto mong panatilihin ang iyong pagsaklaw sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa manggagawa ng iyong pagiging kuwalipikado sa tanggapan para sa panlipunang serbisyo sa iyong lokal na county. Hangga't kuwalipikado ka, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasaklawin din ng Medi-Cal ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico kung inaprubahan ang serbisyo at natugunan ng doktor at ospital ang mga panuntunan ng Medi-Cal. Hindi sinasaklaw ang mga serbisyo sa karaniwang pangangalaga at mga serbisyong pang-iwas sa sakit, kabilang ang mga inireresetang gamot, sa labas ng California. Kung gusto mo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin mong mag-apply sa estadong iyon. Hindi ka magiging kuwalipikado sa Medi-Cal at hindi babayaran ng Health Net ang iyong pangangalagang pangkalusugan. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga pang-emergency, agaran o iba pang serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Estados Unidos, maliban sa Canada at Mexico gaya ng nakasaad sa Kabanata 3.

---

## Pagpapatuloy ng pangangalaga

### Pagpapatuloy ng Pangangalaga mula sa Tagapagkaloob ng Serbisyo (Provider) na hindi kabilang sa plano

Bilang miyembro ng Health Net, makukuha mo ang iyong pangangalagang pangkalusugan mula sa mga tagapagkaloob sa network ng Health Net. Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo para maghanap ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa network ng Health Net. Mayroon itong listahan ng lahat ng tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network ng Health Net. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo para matulungan kang pumili ng tagapagkaloob. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Tagapagkaloob, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo sa website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). Kung hindi nakalista ang tagapagkaloob ng serbisyo maaaring wala sila sa network ng Health Net.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Sa ilang pagkakataon, maaari kang magpatingin sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network ng Health Net kung ikaw ay lumipat mula sa ibang plano o fee-for-service (FFS) o sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network noon at wala na ngayon sa network. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga.

Tawagan ang Health Net at ipaalam sa amin kung kailangan mong magpatingin sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network. Sasabihin namin sa iyo kung mayroon kang karapatan sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Magagamit mo ang pagpapatuloy ng pangangalaga, sa loob ng hanggang 12 buwan, o higit pa sa ilang sitwasyon, kung totoo ang lahat ng mga sumusunod:

- Mayroon kang kasalukuyang ugnayan sa tagapagkaloob ng serbisyo na hindi bahagi ng plano, bago ang iyong pagpapatala sa Health Net
- Nakapagpatingin ka na sa tagapagkaloob na hindi bahagi ng plano nang hindi bababa sa isang beses sa loob ng labindalawang (12) buwan bago ka nagpatala sa Health Net para sa isang hindi pang-emergency na pagbisita
- Handa ang tagapagkaloob ng serbisyo na hindi bahagi ng plano na makipagtulungan sa Health Net at sumasang-ayon siya sa mga kinakailangan ayon sa kontrata at pagbababayad sa mga serbisyo ng Health Net
- Natutugunan ng tagapagkaloob ng serbisyo na hindi kabilang sa plano ang mga pamantayan ng propesyonal ng Health Net

Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para sa karagdagang impormasyon.

Kung hindi sasali ang iyong mga tagapagkaloob ng serbisyo sa network ng Health Net pagkatapos ng 12 buwan, hindi sumasang-ayon sa mga rate ng bayad ng Health Net o hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kakailanganin mong lumipat sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa loob network ng Health Net. Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para pag-usapan ang iyong mga opsyon.

### **Pagpapatuloy ng Pangangalaga para sa mga serbisyo**

Bilang miyembro ng Health Net, makukuha mo ang iyong mga serbisyo sa Medi-Cal mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa network ng Health Net. Sa ilang pagkakataon, maaari ka pa ring makakuha ng patuloy na access sa mga serbisyo ng Medi-Cal kung ikaw ay ginagamot sa ilang kundisyon ng kalusugan at ang tagapagkaloob ng serbisyo na hindi bahagi ng plano ay hindi pumapayag na



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

ipagpatuloy ang pagbibigay ng serbisyo o hindi ito sumasang-ayon sa mga kinakailangan ayon sa kontrata, pagbabayad, o iba pang tuntunin sa pagbibigay ng pangangalaga ng Health Net, at hindi ka na makakatanggap ng patuloy na pangangalaga mula sa tagapagkaloob ng serbisyo na iyon. Gayunpaman, maaari kang patuloy na makakuha ng mga serbisyo mula sa ibang tagapagkaloob ng serbisyo sa network ng Health Net.

Kasama sa mga serbisyong ibinibigay ng Health Net para sa pagpapatuloy ng pangangalaga ang, ngunit hindi limitado sa:

- Malulubhang kundisyon (isang medikal na isyung nangangailangan ng mabilisang atensyon) – hangga’t umiiral ang kundisyon.
- Mga pangmatagalang kundisyon ng katawan at pag-uugali (isyu sa pangangalagang pangkalusugan na matagal mo nang iniinda) – para sa tagal ng panahon na kailangang tapusin ang haba ng paggamot at para maisagawa ang ligtas na paglipat sa bagong doktor sa network ng Health Net.
- Pagbubuntis – habang nagbubuntis at hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis.
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng ina hanggang 12 buwan mula sa diagnosis o mula sa katapusan ng pagbubuntis, alinman ang mas nahuli.
- Pangangalaga sa isang bagong silang na sanggol sa pagitan ng pagkapanganak at ika-36 na buwan nang hanggang 12 buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng pagsaklaw o sa petsa na magtatapos ang kontrata ng tagapagkaloob sa Health Net.
- Sakit na nagtataning sa buhay (isyung medikal na nakamamatay) – hangga’t umiiral ang karamdaman. Maaaring lumampas sa labindalawang (12) buwan ang pagkumpleto sa mga serbisyo mula sa oras na humintong makipagtulungan ang tagapagkaloob sa Health Net.
- Pagsasagawa ng operasyon o iba pang medikal na procedure mula sa isang tagapagkaloob na hindi bahagi ng plano basta’t sinasaklaw, medikal na kinakailangan at pinapahintulutan ito ng Health Net bilang bahagi ng isang nakadokumentong kurso ng paggamot at inirekomenda at naisadokumento ito ng tagapagkaloob – operasyon na magaganap sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagwawakas ng kontrata ng tagapagkaloob o 180 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagsaklaw ng isang bagong miyembro.

Para sa ibang kundisyon na maaaring kuwalipikado, tumawag sa 1-800-675-6110.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para sa tulong sa pagpili ng nakakontratang tagapagkaloob ng serbisyo para magpatuloy sa iyong pangangalaga o kung may mga tanong o alalahanin ka sa pagtanggap ng mga sinasaklaw na serbisyo mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na hindi na bahagi ng Health Net.

Hindi kinakailangang magbigay ng patuloy na pangangalaga ang Health Net para sa mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, pati ang pagbigay ng matibay na kagamitang medikal, transportasyon, iba pang pansuportang serbisyo at mga tagapagkaloob ng mga ibinukod na serbisyo. Para malaman pa ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado, at malaman ang tungkol sa lahat ng available na serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net.

---

## Mga gastos

### Mga gastos ng miyembro

Pinaglilingkuran ng Health Net ang mga taong kuwalipikado para sa Medi-Cal. Sa halos lahat ng pagkakataon, **hindi** kailangang magbayad ng mga miyembro ng Health Net para sa mga sinasaklawang serbisyo, premium o nababawas. Maaaring may mga buwanang premium at copayment ang mga miyembrong nakatala sa Programa ng Insurance sa Kalusugan ng mga Bata ng California (CCHIP) sa mga county ng Santa Clara, San Francisco at San Mateo at ang mga miyembro sa Medi-Cal for Families Program. Maliban sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga o sensitibong pangangalaga, dapat ay kumuha ka ng paunang pag-apruba mula sa Health Net bago ka magpatingin sa tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network ng Health Net. Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba at magpatingin ka sa isang tagapagkaloob na wala sa network para sa pangangalaga na hindi pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang mula sa mga tagapagkaloob na wala sa network. Para sa listahan ng mga sinasaklaw na serbisyo, pumunta sa “Mga benepisyo at serbisyo.” Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo sa website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### **Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastos**

Posibleng kailanganin mong magbayad ng bahagi sa gastos bawat buwan para sa iyong mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga. Nakadepende ang halaga ng iyong bahagi sa gastos sa iyong kita at mga pinagkukunan. Kada buwan, babayaran mo ang sarili mong bayarin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga bayarin sa Pinapamahalaang Serbisyo sa Pangmatagalang Suporta (MLTSS), hanggang sa maging katumbas ng bahagi mo sa gastos ang halagang ito. Pagkatapos niyon, sasaklawin na ng Health Net ang iyong pangmatagalang pangangalaga para sa buwan na iyon. Hindi ka sasaklawin ng Health Net hanggang sa mabayaran mo ang buong halaga ng bahagi mo sa gastos para sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwan.

### **Paano binabayaran ang isang tagapagkaloob**

Ito ang mga paraan ng pagbabayad ng Health Net sa mga tagapagkaloob ng serbisyo:

- Mga kabayang capitation
  - Binabayaran ng Health Net ang ilang tagapagkaloob ng serbisyo ng takdang halaga ng pera kada buwan para sa bawat miyembro ng Health Net. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Nagtutulungan ang Health Net at mga tagapagkaloob upang pagpasyahan ang halaga ng bayad.
- Mga FFS na pagbabayad
  - Nagbibigay ang ilang tagapagkaloob ng pangangalaga sa mga miyembro ng Health Net at pagkatapos ay nagpapadala sila sa Health Net ng bill para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS na pagbabayad. Nagtutulungan ang Health Net at mga tagapagkaloob upang pagpasyahan kung magkano ang halaga ng bawat serbisyo.
- Binabayaran din ng Health Net ang mga tagapagkaloob para sa pag-abot sa ilang partikular na sukatan ng kalidad.

Para malaman pa ang tungkol sa kung paano binabayaran ng Health Net ang mga tagapagkaloob ng serbisyo, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



## Kung nakatanggap ka ng bayarin sa isang tagapagkaloob ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga sinasaklaw na serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na dapat bayaran ng Health Net. Kung makatanggap ka ng bayarin para sa mga serbisyo sa suporta, mga copayment, o bayarin sa pagpaparehistro para sa sinasaklaw na serbisyo, huwag bayaran ang bayarin. Tawagan kaagad ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

## Paghiling sa Health Net na bayaran ka para sa mga gastusin

Kung ikaw ang nagbayad para sa mga serbisyong natanggap mo na, maaari kang maging kuwalipikado para sa reimbursement (pagbabalik ng ibinayad), kung matugunan mo ang **lahat** ng mga sumusunod na kundisyon:

- Ang serbisyong natanggap mo ay isang sinasaklaw na serbisyo na dapat bayaran ng Health Net. Hindi ire-reimburse ng Health Net ang serbisyo na hindi saklaw ng Health Net.
- Natanggap mo ang sinasaklaw na serbisyo pagkatapos mong maging isang kuwalipikadong miyembro ng Health Net.
- Hihilingin mong mabayaran ka sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang sinasaklaw na serbisyo.
- Magbibigay ka ng katibayan na binayaran mo ang sinasaklaw na serbisyo, gaya ng isang detalyadong resibo mula sa tagapagkaloob.
- Natanggap mo ang sinasaklaw na serbisyo mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na nakatala sa Medi-Cal na nasa network ng Health Net. Hindi mo kailangang matugunan ang kundisyong ito kung nakatanggap ka ng mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na isagawa ng mga tagapagkaloob na wala sa network nang walang paunang pag-apruba.
- Kung karaniwang humihingi ng paunang pag-apruba ang sinasaklaw na serbisyo, magbibigay ka ng katibayan mula sa tagapagkaloob na nagpapakitang medikal na kinakailangan ang sinasaklaw na serbisyo.

Ipapaalam sa iyo ng Health Net ang desisyon nitong i-reimburse ka sa sulat na tinatawag na Abiso ng Pagkilos. Kung matutugunan mo ang lahat ng mga kundisyon sa itaas, dapat ay ibalik ng tagapagkaloob na nakatala sa Medi-Cal ang buong halagang binayaran mo. Kung tatanggi ang tagapagkaloob ng serbisyo na bayaran ka, babayaran ka ng Health Net sa buong halagang binayaran mo. Ire-reimburse ka namin sa loob ng



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

45 araw ng trabaho na natanggap ang iyong claim (paghahabol). Kung nakatala ang tagapagkaloob ng serbisyo sa Medi-Cal, pero wala ito sa network ng Health Net at tumanggi itong bayaran ka, babayaran ka ng Health Net, pero hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Babayaran ka ng Health Net para sa buong halaga ng gastos mula sa sariling bulsa para sa mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network nang walang paunang pag-apruba. Kung hindi mo matutugunan ang isa sa mga kundisyon sa itaas, hindi ka babayaran ng Health Net.

Hindi ka babayaran ng Health Net kung:

- Humiling at nakatanggap ka ng mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga serbisyo sa pagpapaganda.
- Ang serbisyo ay hindi kabilang sa sinasaklaw na serbisyo ng Health Net.
- May hindi ka pa natutugunang Bahagi sa Gastos sa Medi-Cal.
- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa isang form na nagsasabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo.
- Kung mayroon kang Medicare Part D, mga copayment para sa mga gamot na sinasaklaw ng iyong Medicare Part D na plano.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# 3. Paano makatanggap ng pangangalaga

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

### **PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN MO KUNG KANINO O KUNG SAANG GRUPO NG MGA TAGAPAGKALOOB KA MAAARING KUMUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN**

Maaari ka nang magsimulang tumanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagpapatala. Palaging dalhin ang iyong Health Net ID card, Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), at anupamang card ng insurance sa kalusugan na mayroon ka. Huwag kailanman hayaan ang sinumang gamitin ang iyong BIC o Health Net ID card.

Kailangang pumili ng tagapagkaloob ng serbisyo ng pangunahing pangangalaga (PCP) na nasa network ng Health Net ang mga bagong miyembro na Medi-Cal ang tanging pagsaklaw. Hindi kailangang pumili ng PCP ang mga bagong miyembro na may Medi-Cal at iba pang komprehensibong pagsaklaw sa kalusugan. Ang network ng Health Net ay isang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang tagapagkaloob na nakikipagtulungan sa Health Net. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na maging miyembro ka ng Health Net. Kung hindi ka pipili ng PCP, ang Health Net ang pipili para sa iyo.

Maaari kang pumili ng parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa Health Net, basta't available ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong panatilihin, o gusto mong humanap ng bagong PCP, maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob. Mayroon itong listahan ng lahat ng PCP na nasa network ng Health Net. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Tagapagkaloob upang matulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Tagapagkaloob, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Mahamanap mo rin ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo sa website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung hindi mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo sa kalahok na tagapagkaloob na nasa network ng Health Net, dapat humingi ang iyong PCP ng pag-apruba mula sa Health Net upang papuntahin ka sa isang wala sa network na tagapagkaloob. Tinatawag itong referral. Hindi mo kailangan ng pag-apruba para makapunta sa isang tagapagkaloob na wala sa network para kumuha ng mga sensitibong serbisyo na inilalarawan sa ilalim ng heading na “Sensitibong pangangalaga” sa mga huling bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang kabuuan ng kabanatang ito upang matuto pa tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Tagapagkaloob at network ng tagapagkaloob.

**Ibinibigay na ngayon ang mga benepisyo sa parmasya sa pamamagitan ng programang Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal Rx. Para matuto pa, basahin ang seksyong “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.**

## Tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa iyong pagpapatala sa Health Net. Depende sa edad at kasarian mo, puwede kang pumili ng general practitioner, OB/GYN, family practitioner, internist o pediatrician bilang iyong tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaari ding gumanap bilang iyong PCP ang isang manggagamot na nars (NP), katulong ng doktor (PA) o sertipikadong kumadronang nars. Kung pipili ka ng NP, PA o sertipikadong kumadronang nars, maaaring may italaga sa iyong doktor na mangangasiwa sa iyong pangangalaga. Kung pareho kang nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kang iba pang komprehensibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Maaari kang pumili ng Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP), Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC) o Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng tagapagkaloob, maaari kang pumili ng iisang PCP para sa iyong buong pamilya na mga miyembro ng Health Net, hangga’t available ang PCP.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Paunawa: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Health Net ang IHCP.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagpapatala, ang Health Net ang magtatalaga sa iyo sa isang PCP. Kung maitatalaga ka sa isang PCP at gusto mong magpalit, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng iyong PCP na:

- Alamin ang iyong kasaysayan at mga pangangailangang pangkalusugan
- Itabi ang iyong mga tala sa kalusugan
- Ibigay sa iyo ang kailangan mong pangangalagang pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalagang pangkalusugan
- I-refer (papapuntahin) ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito
- Mag-ayos ng pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob upang maghanap ng PCP sa network ng Health Net. Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa Health Net.

Makikita mo ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Health Net online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). O maaari mong hilingin na padalhan ka ng kopya ng Direktoryo ng Tagapagkaloob sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari ka ring tumawag upang malaman kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto mo.

### **Pagpili ng mga doktor at iba pang mga tagapagkaloob**

Ikaw ang pinakamahusay na nakakaalam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam na ikaw na ang pumili ng iyong PCP.

Pinakamainam na manatili sa iisang PCP nang sa gayon ay malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto mong lumipat sa bagong PCP, maaari kang lumipat anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng tagapagkaloob ng Health Net at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang bago mong pipiliin ang iyong magiging PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong isagawa ang pagbabago.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Maaaring hilingin sa iyo ng Health Net na palitan ang iyong PCP kung hindi tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente, kung umalis na siya sa network ng Health Net o hindi siya nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kasing edad mo, o kung may mga alalahanin sa kalidad ng PCP na may nakabinbing resolusyon. Maaari ding hilingin sa iyo ng Health Net o ng iyong PCP na lumipat sa bagong PCP kung hindi kayo magkasundo o magkaayon ng iyong PCP, o kung hindi nakapunta o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangang palitan ng Health Net ang iyong PCP, sasabihan ka ng Health Net sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung magbago ang iyong PCP, makakatanggap ka ng liham at bagong ID card ng miyembro sa Health Net sa koreo. Maglalaman ito ng pangalan ng iyong bagong PCP. Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

#### ***Para lang sa Mga Miyembro ng Los Angeles County:***

Kung nakatira ka sa Los Angeles County, maaari kang pumili ng PCP na nakakontrata sa Health Net o sa aming subcontracting plan, ang Molina Healthcare of California (Molina). Kung kailangan mong magpatingin sa espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa espesyalistang nakakontrata sa Molina. Basahin ang seksyong “Molina” ng iyong Direktoryo ng Tagapagkaloob para makita kung aling mga tagapagkaloob ang maaari mong gamitin.

Ilang bagay na dapat pag-isipan tungkol sa pagpili ng isang PCP:

- Nag-aalaga ba ng mga bata ang PCP?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang klinikang gusto kong gamitin?
- Malapit lang ba ang tanggapan ng PCP sa aking bahay, trabaho, o paaralan ng aking mga anak?
- Malapit lang ba ang tanggapan ng PCP sa aking tirahan at madali lang bang puntahan ang tanggapan ng PCP?
- Sinasalita ba ng mga doktor at kawani ang aking wika?
- Nakikipagtulungan ba ang PCP sa isang ospital na gusto ko?
- Ibinibigay ba ng PCP ang mga serbisyong posibleng kailanganin ko?
- Sakto ba sa iskedyul ko ang mga oras ng tanggapan ng PCP?



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

#### Paunang pagtatasa ng kalusugan (IHA)

Inirerekomenda ng Health Net na, bilang bagong miyembro, pumunta ka sa iyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa paunang pagtatasa ng kalusugan (IHA). Ang layunin ng IHA ay tulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring tanungin ka ng iyong PCP ng ilang tanong tungkol sa iyong kasaysayang pangkalusugan o maaari niyang hilingin sa iyong sumagot ng talatanungan. Sasabihan ka din ng iyong PCP tungkol sa pagpapayo at mga klase para sa edukasyong pangkalusugan na maaaring makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka upang magpa-iskedyul ng iyong IHA appointment, sabihin sa taong sasagot sa telepono na miyembro ka ng Health Net. Ibigay ang numero ng iyong Health Net ID.

Dalhin ang iyong BIC at Health Net ID card sa iyong appointment. Magandang ideyang magdala ng listahan ng iyong mga gamot at tanong sa iyong pagpapatingin. Maghandang makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tumawag sa tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa IHA, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

#### Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalaga na pang-iwas sa sakit, na tinatawag ding pangangalaga para manatiling malusog o pangangalaga nang walang sakit. Tinutulungan ka nitong manatiling malusog at iniwas ka sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalaga na pang-iwas sa sakit ang mga regular na pagpapatingin at edukasyong pangkalusugan at pagpapayo. Ang mga bata ay makakatanggap ng mga kinakailangang maagang serbisyo na pang-iwas sa sakit tulad ng screening sa pandinig at paningin, mga pagtatasa sa proseso ng paglaki at marami pang serbisyo na inirerekomenda ng mga alituntunin ng mga pediatrician ng Bright Futures ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Dagdag sa pangangalaga na pang-iwas sa sakit, kabilang din sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit ka. Sinasaklaw ng Health Net ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Gagawin ng iyong PCP na:

- Ibibigay sa iyo ang lahat ng karaniwang pangangalaga sa iyo, kabilang ang mga regular na pagpapatingin, bakuna, paggamot, gamot, at payong medikal
- Itabi ang iyong mga tala sa kalusugan
- I-refer (papuntahin) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-aatas ng mga X-ray, mammogram, o gawain sa lab kung kinakailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan mo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan mo ang iyong doktor para sa appointment. Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka tumanggap ng medikal na pangangalaga, maliban na lang kung emergency. Para sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para matuto pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasaklaw ng iyong plano, at kung ano ang hindi nito sinasaklaw, basahin ang “Mga benepisyo at serbisyo” at “Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan” sa handbook na ito.

**Maaaring gumamit ng mga tulong at serbisyo ang lahat ng tagapagkaloob ng serbisyo ng Health Net para makipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan. Maaari rin silang makipag-ugnayan sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo o sa Health Net kung anong kailangan mo.**

---

## Network ng tagapagkaloob

Ang network ng tagapagkaloob ay ang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang tagapagkaloob na nakikipagtulungan sa Health Net. Makukuha mo ang karamihan sa iyong mga sinasaklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng Health Net.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Ang bawat Medikal na Grupo at PCP ay nagbibigay ng referral sa ilang espesyalista ng plano at gumagamit ng ilang ospital sa kanilang network. Kung mayroon kang partikular na espesyalista o ospital sa plano na gusto mong gamitin, suriin muna para makasiguro kung ang mga espesyalista at ospital ay nasa network ng Medikal na Grupo at PCP. Ang pangalan at numero ng telepono sa opisina ng iyong PCP ay naka-print sa iyong ID card ng Miyembro.

Ang ilang Medikal na Grupo ay may pormal na grupo ng referral. Ibig sabihin, ang mga tagapagkaloob ng serbisyo nila ay magre-refer lamang ng pasyente sa ibang tagapagkaloob ng serbisyo na kabilang sa parehong medikal na grupo.

Maaaring kailangan mo ring gamitin ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa Medikal na Grupo/IPA ng iyong Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Pangunahing Pangangalaga (PCP). Kung nais mong magaptingin sa tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa Medikal na Grupo/IPA ng iyong PCP, kakailanganin mong palitan ang iyong PCP. Bilang karagdagan, maaaring limitado ka lang sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network ng iyong Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) at/o Medikal na Grupo. Nangangahulugan ito na maaaring tukuyin ng PCP o Medikal na Grupo na pipiliin mo ang mga espesyalista at ospital na maaari mong magamit. Ang IPA ay isang asosasyon ng mga doktor, kabilang ang mga PCP at espesyalista, at iba pang tagapagkaloob ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga ospital, na nakakontrata sa plano para magbigay ng serbisyo sa mga miyembro.

Paunawa: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Health Net ang IHCP.

Kung may moral na pagtangga ang iyong PCP, ospital o iba pang tagapagkaloob ng serbisyo sa pagbibigay ng sinasaklaw na serbisyo sa iyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa moral na mga pagtangga, basahin ang seksyong “Moral na pagtangga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Kung may moral na pagtangga ang iyong tagapagkaloob, matutulungan ka nilang maghanap ng ibang tagapagkaloob na magbibigay ng mga serbisyong kailangan mo. Maaari ka ring tulungan ng Health Net na humanap ng tagapagkaloob na magsasagawa ng serbisyo.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network

Gagamit ka ng mga tagapagkaloob sa network ng Health Net para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pang-iwas at pangkaraniwang pangangalaga mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang tagapagkaloob na nasa network ng Health Net.

Para makakuha ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo ng mga provider na nasa network, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Makikita mo rin ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo nang online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Gamot ayon sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net bago ka magpatingin sa tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network ng Health Net, kabilang ang nasa loob ng lugar ng serbisyo ng Health Net, maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency, kung saan dapat kang tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Health Net at kailangan ng agarang pangangalaga, kung saan puwede kang pumunta sa anumang pasilidad para sa agarang pangangalaga.
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, kung saan puwede kang pumunta sa kahit sinong tagapagkaloob ng serbisyo ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba.
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng kaisipan, kung saan puwede kang pumunta sa tagapagkaloob na nasa network o sa tagapagkaloob sa county ng serbisyo ng plano sa kalusugan ng pag-iisip nang walang paunang pag-apruba.

Kung wala ka sa isa sa mga sitwasyong ito, at hindi ka makakuha ng paunang pag-apruba at kumuha ka ng pangangalaga sa isang tagapagkaloob ng serbisyo sa labas ng network, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Mga tagapagkaloob na wala sa network na nasa loob ng lugar na pinagseserbisuhan

Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network ay walang kasunduang makipagtulungan sa Health Net. Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalagang mula sa mga tagapagkaloob na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sinasaklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring makuha mo ang mga ito nang wala sa network nang walang bayad hangga't medikal na kinakailangan at hindi makukuha sa network ang mga ito.

Maaaring mag-apruba ng referral ang Health Net sa isang tagapagkaloob na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi available sa network o malayo sa iyong tahanan. Kung bibigyan ka namin ng referral sa tagapagkaloob na wala sa network, babayaran namin ang iyong pangangalaga.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng lugar na pinagseserbisuhan ng Health Net, kailangan mong bumisita sa isang tagapagkaloob ng serbisyo ng agarang pangangalaga sa network ng Health Net. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network. Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailanganin mong bayaran ang agarang pangangalaga na makukuha mo mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network sa loob ng lugar na pinagseserbisuhan ng Health Net. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga at sensitibong pangangalaga, pumunta sa mga seksyon na iyon sa kabanatang ito.

Paunawa: Kung isa kang American Indian, maaari kang kumuha ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming network ng tagapagkaloob nang walang referral.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong wala sa network, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

## Sa labas ng lugar na pinagseserbisuhan

Kung nasa labas ka ng lugar na pinagseserbisuhan ng Health Net at nangangailangan ka ng pangangalagang **hindi** isang emergency o agaran, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### 3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng Health Net ang pang-emergency na pangangalagang wala sa network. Kung bibiyahe ka papunta ng Canada o Mexico at kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga. Kung bumibiyaha ka sa ibang bansa maliban sa Canada o Mexico at kailangan mo ng pang-emergency na mga serbisyo, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na **hindi** sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga.

Kung nagbayad ka para sa mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, maaari mong hilingin sa Health Net na bayaran ka. Susuriin ng Health Net ang iyong kahilingan.

Kung nasa ibang Estado ka, kabilang ang mga teritoryo ng US (American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico at US Virgin Islands), sinasaklaw kayo para sa pangangalagang pang-emergency, pero hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid (Medicaid ang tawag sa Medi-Cal sa ibang mga Estado). Kung kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency sa labas ng California, sabihin sa ospital o doktor sa emergency room na mayroon kang Medi-Cal at isa kang miyembro ng Health Net sa lalong madaling panahon. Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong Health Net ID card. Sabihin sa ospital at mga doktor na singilin ang Health Net. Kung makakatanggap ka ng listahan ng mga bayarin para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang Estado, tawagan kaagad ang Health Net. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para maiayos na Health Net ang magbayad para sa iyong pangangalaga.

Kung nasa labas ka ng California at may pang-emergency kang pangangailangan na kumuha ng mga inireresetang gamot para sa outpatient, patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 para sa tulong.

Paunawa: Maaaring kumuha ng mga serbisyo ang mga American Indian mula sa mga IHCP na wala sa network.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangangalagang wala sa network o wala sa lugar na pinagseserbisyuhan, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung sarado ang tanggapan at gusto mong humingi ng tulong mula sa isang kinatawan, tawagan ang Linya para sa Payo ng Nars sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyong 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar na pinagseserbisuhan ng Health Net, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico, at nangangailangan ka ng agarang pangangalaga, hindi sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa agarang pangangalaga, pumunta sa seksyon ng “Agarang pangangalaga” sa dulo ng kabanatang ito.

#### Mga doktor

Pipili ka ng doktor na magiging tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP) mo mula sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Health Net. Ang doktor na pipiliin mo ay dapat na isang tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O hanapin ito online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung pipili ka ng bagong doktor, dapat ka ring tumawag upang makatiyak na ang gusto mong PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung may dati kang doktor bago ka naging miyembro ng Health Net, at ang doktor na iyon ay hindi bahagi ng network ng Health Net, maaari kang patuloy na magpatingin sa doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang magbasa pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung kailangan mo ng espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalistang nasa network ng Health Net. Ang ibang espesyalista ay hindi nangangailangan ng referral. Para sa higit pang impormasyon sa mga referral, pumunta sa seksyon ng “Referral” sa dulo ng kabanatang ito.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, ang Health Net ang pipili para sa iyo, maliban kung mayroon kang ibang komprehensibong pagsaklaw sa kalusugan bukod sa Medi-Cal. Ikaw ang pinakamahusay na nakakaalam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam na ikaw ang pumili. Kung nasa parehong Medicare at Medi-Cal ka, o kung mayroon kang iba pang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, kailangan mong pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Health Net. Tiyaking tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari kang magpalit ng PCP sa pamamagitan ng koreo, fax, at/o sa portal ng miyembro.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Mga ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, ang iyong PCP ang magpapasya kung sa aling ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa isang ospital na ginagamit ng iyong PCP at nasa network ng tagapagkaloob ng serbisyo ng Health Net. Nakalista ang mga ospital na nasa network ng Health Net sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo.

## Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang pumunta sa espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa loob ng network ng Health Net para sa sinasaklaw na pangangalaga na kailangan para maibigay sa mga kababaihan ang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na pangkaraniwan at pang-iwas. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, maaari kang tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na Linya para sa Payo ng Nars sa numero ng telepono ng mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

## Direktoryo ng Tagapagkaloob

Inililista ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Health Net ang mga tagapagkaloob na lumalahok sa network ng Health Net. Ang network ay ang grupo ng mga tagapagkaloob na nakikipagtulungan sa Health Net.

Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Health Net ay naglilista ng mga ospital, PCP, espesyalista, manggagamot na nars, kumadronang nars, katulong ng doktor, tagapagkaloob ng pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC), tagapagkaloob ng outpatient na kalusugan ng pag-iisip, mga pinapamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS), Freestanding na Paanakan (FBC), Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP) at Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (RHC).

Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo ay mayroon ding mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng negosyo at wikang sinasalita ng tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network ng Health Net. Makikita rin dito kung tumatanggap ang tagapagkaloob ng mga bagong pasyente. Ibinibigay rin nito ang antas ng pisikal na kadalian ng pag-access para sa gusali, gaya ng paradahan, mga rampa,



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

mga hagdang may hawakan, at mga palikuran na may malalawak na pintuan at pansuportang hawakan (grab bar). Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa edukasyon, pagsasanay, at sertipikasyon mula sa lupon ng doktor, mangyaring tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Tagapagkaloob, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

**Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari ka ring maghanap ng parmasyang malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).**

### Napapanahong access sa pangangalaga

Dapat kang alukin ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network ng appointment na nasa loob ng hanay ng oras na nakalista sa ibaba.

Kung minsan, hindi problema ang paghihintay nang mas matagal para sa pangangalaga. Maaari kang bigyan ng iyong tagapagkaloob ng mas matagal na oras ng paghihintay kung hindi naman ito makakasama sa iyong kalusugan. Dapat nakatala sa iyong rekord na hindi makakasama sa iyong kalusugan ang mas matagal na oras ng paghihintay.

Uri ng appointment	Dapat ay makakuha ka ng appointment sa loob ng:
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Uri ng appointment	Dapat ay makakuha ka ng appointment sa loob ng:
Mga appointment sa pangunahing pangangalaga na hindi agaran (karaniwan)	10 araw ng negosyo
Mga appointment sa pangangalaga ng espesyalista na hindi agaran (karaniwan)	15 araw ng pagtrabaho
Mga appointment sa pangangalaga ng tagapagkaloob ng kalusugan ng pag-iisip (hindi doktor) na hindi agaran (karaniwan)	10 araw ng negosyo
Hindi agaran (pangkaraniwan) na mga appointment sa provider (hindi doktor) sa kalusugan ng pag-iisip para sa follow-up na pangangalaga	10 araw ng negosyo mula sa huling appointment
Mga hindi pang-agarang (karaniwan) appointment para sa mga ancillary (pansuporta) na serbisyo para sa pag-diagnose o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kundisyon sa kalusugan	15 araw ng pagtrabaho

Iba pang pamantayan sa tagal ng paghihintay	Dapat kang makakonekta sa loob ng:
Tagal ng paghihintay sa telepono ng serbisyo para sa miyembro sa mga karaniwang oras ng negosyo	10 minuto
Tagal ng paghihintay sa telepono sa Linya para sa Payo ng Nars	30 minuto (nakakonekta sa nars)

### Tagal o distansya ng biyahe papunta sa pangangalaga

Dapat sumunod ang Health Net sa mga pamantayan sa tagal o distansya ng biyahe para sa iyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon sa pagtitiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi bumibiyahe nang masyadong matagal o masyadong malayo mula sa kung saan ka nakatira. Nakadepende sa county kung saan ka nakatira ang mga pamantayan sa tagal o distansya ng biyahe.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Kung hindi ka mabibigyan ng Health Net ng pangangalaga sa loob ng mga pamantayan sa tagal o distansya ng biyahe na ito, maaaring aprubahan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na alternatibong pamantayan sa access. Para sa mga pamantayan sa tagal o distansya ng Health Netkung saan ka nakatira, bisitahin ang [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com). O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo at malayo sa bahay mo ang tagapagkaloob na iyon, tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matutulungan ka nilang maghanap ng pangangalaga sa tagapagkaloob na malapit sa iyo. Kung hindi makahanap ang Health Net ng pangangalaga para sa iyo sa isang mas malapit na tagapagkaloob, maaari mong hilingin sa Health Net na mag-ayos ng transportasyon para sa iyo upang magpatingin sa iyong tagapagkaloob, kahit na malayo ang tagapagkaloob na iyon mula sa iyong tinitirahan. Kung kailangan mo ng tulong sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng parmasya, mangyaring tawagan ang Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).

Itinuturing itong malayo kung hindi ka makakapunta sa tagapagkaloob na iyon sa loob ng mga pamantayan ng Health Net sa tagal o distansya ng biyahe para sa iyong county, anuman ang alternatibong pamantayan sa access na maaaring gamitin ng Health Net para sa iyong ZIP Code.

---

## Mga appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP
- Ihanda ang numero ng iyong Health Net ID bago tumawag
- Mag-iwan ng mensahe kasama ng iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang iyong BIC at Health Net ID card sa iyong appointment
- Humingi ng transportasyon papunta sa iyong appointment, kung kinakailangan
- Humingi ng mga serbisyo para sa tulong sa wika o pagsasaling-wika, bago ang iyong appointment para magamit ang mga serbisyo sa oras ng iyong pagpapatingin, kung kinakailangan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Huwag magpahuli para sa iyong appointment, dumating nang ilang minutong mas maaga para makapirma, makasagot ng mga form at anumang tanong na maaaring mayroon ang iyong PCP
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakarating sa iyong appointment o kung mahuhuli ka
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon tungkol sa iyong gamot sakaling kailanganin mo ang mga ito

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

---

## Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para makapunta at makauwi mula sa iyong mga appointment sa mga sinasaklaw na serbisyo, makakatulong kami sa pagsasaayos ng transportasyon para sa iyo. Ang serbisyong ito, na tinatawag na medikal na transportasyon, ay **hindi** para sa mga emergency. Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911**. Available ang tulong sa transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa mga serbisyong pang-emergency at maaaring maging available nang walang bayad sa iyo.

Pumunta sa seksyon ng “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency” para sa higit pang impormasyon.

---

## Pagkansela at pagpapaiskedyul ulit

Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, tawagan kaagad ang tanggapan ng iyong tagapagkaloob. Aatasan ka ng karamihan ng mga doktor na tumawag sa loob ng 24 na oras (1 araw ng pagtrabaho) bago ang iyong appointment kung kailangan mong magkansela. Kung paulit-ulit mong hindi napuntahan ang mga appointment, posibleng hindi ka na tanggapin bilang pasyente ng iyong doktor.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Pagbabayad

**Hindi** mo kailangang magbayad para sa mga sinasaklaw na serbisyo. Kadalasan, hindi ka makatanggap ng listahan ng mga bayarin mula sa isang tagapagkaloob. Dapat mong ipakita ang iyong Health Net ID card at ang iyong Medi-Cal BIC kapag kumuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o gamot para malaman ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo kung sino ang sisingilin. Maaari kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits o EOB) o pahayag mula sa isang tagapagkaloob. Ang mga EOB at pahayag ay hindi mga listahan ng bayarin.

Kung makatanggap ka ng bayarin, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung makatanggap ka ng bayarin para sa reseta, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Sabihin sa Health Net ang halagang sinisingil, ang petsa ng serbisyo at ang dahilan para sa bayarin. **Hindi** mo responsibilidad na bayaran ang isang tagapagkaloob ng anumang halagang dapat sagutin ng Health Net para sa anumang sinasaklaw na serbisyo. Kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net bago ka magpatingin sa tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network ng Health Net, kabilang ang nasa loob ng lugar na pinagseserbisyuhan ng Health Net, maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency, kung saan dapat kang tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Kailangan mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o mga serbisyong nauugnay sa pagsusuri ng impeksiyong seksuwal na naipapasa, kung saan puwede kang pumunta sa kahit sinong tagapagkaloob ng serbisyo ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng kaisipan, kung saan puwede kang pumunta sa tagapagkaloob na nasa network o sa tagapagkaloob sa county ng serbisyo ng plano sa kalusugan ng pag-iisip nang walang paunang pag-apruba.

Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sinasaklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong makuha ang mga iyon sa tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network nang walang bayad, hangga't ang mga iyon ay medikal na kinakailangan,



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

hindi available sa network at paunang inaprubahan ng Health Net. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga sensitibong serbisyo, pumunta sa mga seksyong iyon ng kabanatang ito.

Kung makatanggap ka ng listahan ng mga bayarin o aatasan kang magbayad ng co-pay na sa palagay mo ay hindi mo dapat bayaran, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung babayaran mo ang mga bayarin, maaari kang maghain ng form ng claim sa Health Net. Kakailanganin mong sabihan ang Health Net sa pamamagitan ng pagsulat kung bakit kinailangan mong magbayad para sa item o serbisyo. Babasahin ng Health Net ang iyong claim at pagpapasyahan kung maibabalik sa iyo ang iyong pera. Para sa mga tanong o para humingi ng form ng claim, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo sa sistema ng Veterans Affairs o nakatanggap ka ng mga hindi sinasaklaw o hindi pinapahintutulang serbisyo sa labas ng California, maaaring maging responsable ka sa pagbabayad.

Hindi ka babayaran ng Health Net kung:

Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong gaya ng mga serbisyong pampaganda.

May hindi ka pa natutugunang Bahagi sa Gastos sa Medi-Cal.

Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa isang form na nagsasabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo.

Hiniling mong maisauli ang mga ibinayad mo para sa mga co-pay para sa mga resetang sinasaklaw ng iyong planong Medicare Part D.

---

## Mga referral

Ang iyong PCP o iba pang espesyalista ang magbibigay sa iyo ng referral para bumisita sa isang espesyalista na nasa loob ng time frame na nakalista sa seksyon ng “Napapanahong pag-access sa pangangalaga” sa handbook na ito, kung kailangan mo. Ang isang espesyalista ay isang doktor na may dagdag na edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCP upang pumili ng espesyalista. Maaari kang tulungan ng tanggapan ng iyong PCP na magtakda ng oras upang pumunta sa espesyalista.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kabilang sa iba pang mga serbisyong posibleng mangailangan ng referral ang mga procedure sa loob ng opisina, X-ray, gawain sa lab, at ilang serbisyo mula sa isang espesyalista.

Maaari kang bigyan ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't kailangan mo ng paggamot.

Sisimulan ng iyong PCP ang proseso ng referral. Malalaman ng iyong PCP kung kailangan mo ng pahintulot o kung maaari mong direktang gawin ang appointment. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung nangangailangan ba ng pag-apruba ang pangangalaga mula sa isang espesyalista o ospital, maaari mong tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Ang mga karaniwang referral ay umaabot nang hanggang 5 araw ng pagtatrabaho upang maproseso (ang “mga araw ng trabaho” ay Lunes hanggang Biyernes), ngunit maaaring umabot nang hanggang 28 araw sa kalendaryo (14 na araw mula sa petsa ng orihinal na paghiling at karagdagang 14 na araw kung humiling ng pagpapalawig) kung kailangan ng karagdagang impormasyon mula sa iyong PCP. Sa ilang kaso, maaaring hilingin ng iyong PCP na madaliin ang iyong referral. Ang mga pinabilis (minadaling) referral ay maaaring hindi umabot nang lampas sa 72 oras. Mangyaring tawagan ang aming plano kung hindi ka makakuha ng sagot sa loob ng panahong ito.

Kung mayroon kang problemang pangkalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaaring mangailangan ka ng umiiral na referral. Nangangahulugan itong maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi na humihingi ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng pangmatagalang referral o gusto mong makakuha ng kopya ng patakaran sa referral ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin kaugnay ng Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagpapatingin para sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa seksuwal na pag-atake



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### 3 | Paano makatanggap ng pangangalaga

- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (upang matuto pa, tawagan ang Tanggapan ng Impormasyon sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo ng Referral sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taong gulang pataas)
- Mga serbisyo para sa impeksiyong seksuwal na naipapasa (mga 12 taong gulang pataas)
- Mga chiropractic na serbisyo (maaaring kailanganin ang isang referral kapag ibinigay ng mga FQHC, RHC at IHCP na wala sa network)
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip
- Acupuncture (sa unang dalawang serbisyo kada buwan; mangangailangan ng referral ang mga karagdagang appointment)
- Mga serbisyo sa pangangalaga at paggamot ng paa
- Mga kuwalipikadong serbisyo sa ngipin
- Karaniwang perinatal na pangangalaga mula sa isang doktor na nakikipagtulungan sa Health Net
- Mga serbisyo ng isang sertipikadong kumadronang nars
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng pag-uugali mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na nakikipagtulungan sa Health Net

Maaari ring kumuha ng ilang partikular na outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, sensitibong serbisyo at mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng droga at alak ang mga menor de edad nang walang pahintulot mula sa magulang. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang “Mga serbisiyong nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad” at “Mga serbisyo para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga at alak” sa handbook na ito.

**Handa ka na bang huminto sa paninigarilyo? Tumawag sa Ingles: 1-800-300-8086 o Spanish: 1-800-600-8191 para malaman kung papano. O pumunta sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org).**



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCP o espesyalista na magpaalam sa Health Net bago mo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pahintulot, paunang pag-apruba, o pre-approval. Nangangahulugan itong dapat tiyakin ng Health Net na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan.

Ang mga serbisyong Medikal na Kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, mapigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding panakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para magamot o maibsan ang isang karamdaman o kundisyon ng katawan o isipan.

Laging nangangailangan ang mga sumusunod na serbisyo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit pa kukunin mo ang mga ito mula sa tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network ng Health Net:

- Pagpapaospital, kung hindi isang emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan ng Health Net, kung hindi emergency o agaran
- Operasyon para sa outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng bihasang nars sa nursing facility
- Mga partikular na paggamot, imaging, pagsusuri, at mga procedure
- Mga serbisyo sa medikal na transportasyon kapag hindi ito emergency. Hindi kailangan ng paunang pag-apruba para sa mga serbisyo ng ambulansya na pang-emergency.

Sa ilalim ng Health and Safety Code Section 1367.01(h)(1), pagpapasyahan ng Health Net ang mga karaniwang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa loob ng 5 araw ng trabaho mula sa pagkakatanggap ng Health Net sa impormasyong makatuwirang kinakailangan upang magpasya.

Para sa mga kahilingan kung saan isinasaad ng tagapagkaloob o natutukoy ng Health Net na maaaring makasama ang pagsunod sa karaniwang timeframe sa iyong buhay o kalusugan o kakayahang magkamit, magpanatili, o makapagpanumbalik ng pinakamahasag na paggana, gagawa ang Health Net ng pinabilis (mabilis) na pagpapasya sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Aabisuhan ka ng Health Net



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

sa lalong madaling panahon na kinakailangan ng iyong kundisyon sa kalusugan at nang hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos nitong makuha ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani, gaya ng mga doktor, nars at pharmacist.

**Hindi** binabayaran ng Health Net ang mga tagasuri para tanggihan ang pagsaklaw o mga serbisyo. Kung hindi aaprubahan ng Health Net ang kahilingan, padadalhan ka ng Health Net ng sulat na Abiso ng Pagkilos (NOA). Sasabihin sa sulat na NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Health Net kung kailangan ng Health Net ng higit pang impormasyon o panahon para suriin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network at nasa labas ito ng iyong lugar na pinagseserbisuhan. Kabilang dito ang pagle-labor at panganganak kung buntis ka. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba para sa ilang serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Para higit pang malaman ang tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga. pumunta sa “Sensitibong pangangalaga” sa likod na kabanatang ito.

Para sa mga katanungan tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

---

## Mga pangalawang opinyon

Maaaring gustuhin mong makakuha ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo o tungkol sa iyong diyagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gustuhin mong makakuha ng pangalawang opinyon kung hindi ka siguradong kailangan mo ng inirerekomendang paggamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang isang plano ng paggamot at hindi ito gumana.

Kung gusto mong makakuha ng pangalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kuwalipikadong tagapagkaloob na nasa network na makakapagbigay sa iyo ng pangalawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng tagapagkaloob ng serbisyo, tawagan ang 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Ang Health Net ang magbabayad para sa pangalawang opinyon kung hihilingin mo ito o ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network at kung kukunin mo ang pangalawang opinyon mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa Health Net para humingi ng pangalawang opinyon mula sa tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network. Gayunpaman, kung kailangan mo ng referral, matutulungan ka ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network na kumuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung kailangan mo ito.

Kung walang tagapagkaloob ng serbisyo sa network ng Health Net na magbibigay sa iyo ng pangalawang opinyon, ang Health Net ang magbabayad para sa pangalawang opinyon mula sa isang wala-sa-network na tagapagkaloob ng serbisyo. Sasabihin ka ng Health Net sa loob ng 5 araw ng pagtratrabaho kung inaprubahan ang tagapagkaloob na pinili mo para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling, malubha o malalang karamdaman, o nahaharap ka sa isang agaran at malalang banta sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, kamay at paa, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, ipapaalam ito sa iyo ng Health Net sa pamamagitan ng liham sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan ng Health Net ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karaingan. Para matuto pa tungkol sa mga karaingan, pumunta sa heading na “Mga Reklamo” sa Kabanatang may pamagat na “Pag-uulat at Paglutas ng Mga Problema” sa handbook na ito.

---

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyong nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, makakatanggap ka ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyong may pahintulot ng menor de edad.

Makukuha mo ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga:

- Mga serbisyo para sa seksuwal na pag-atake, kasama ang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip sa outpatient
- Pagbubuntis
- Pagpapalano ng pamilya at pagkontrol sa pagbuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda, maaari mo ring makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga:

- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient para sa:
  - Seksuwal na pag-atake
  - Incest (pag-aasawa o pagtatalik ng napakalapit na magkamag-anak)
  - Pisikal na pag-atake
  - Pang-aabuso sa bata
  - Kapag iniisip mong saktan ang iyong sarili o ang ibang tao
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa impeksiyong seksuwal na naipapasa
- Mga paggamot ng sakit sa paggamit ng droga at alak
  - Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa “Mga serbisyo para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga at alak” sa handbook na ito.

Para sa pagsusuri ng pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa pagkontrol sa pagbuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksiyong seksuwal na naipapasa, hindi kailangang maging bahagi ng network ng Health Net ang doktor o klinika. Maaari kang pumili ng alinmang tagapagkaloob ng Medi-Cal at pumunta rito para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa mga serbisyong may pahintulot ng menor de edad na hindi kailangan ng espesyalidad para sa kalusugan ng pag-iisip, puwede kang pumunta sa tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network nang walang referral at paunang pag-apruba. Hindi ka kailangang i-refer ng iyong PCP at hindi mo kailangang kumuha ng paunang pag-apruba mula sa Health Net para makakuha ng mga serbisyong may pahintulot ng menor de edad na sinasaklaw sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito.

Hindi sinasaklaw sa ilalim ng Handbook ng Miyembro ang mga serbisyong may pahintulot ng menor de edad na mga serbisyong kailangan ng espesyalidad para sa kalusugan ng pag-iisip. Sinasaklaw ng planong pangkalusugan para sa pag-iisip sa county kung saan ka nakatira ng mga serbisyong may espesyalidad para sa kalusugan ng pag-iisip.

Maaaring makipag-usap nang pribado ang mga menor de edad sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya para sa Payo ng Nars. Tawagan ang numero ng telepono ng mga serbisyo sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at piliin ang opsyong 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Hindi magpapadala ang Health Net sa mga magulang o tagapangalaga ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga sensitibong serbisyo. Mangyaring sumangguni sa seksyon ng “Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado” para sa impormasyon kung paano humiling ng kumpidensyal na pakikipag-usap kaugnay ng mga sensitibong serbisyo.

#### **Mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang**

Bilang nasa hustong gulang (18 taong gulang pataas), maaaring hindi mo gustong pumunta sa iyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung ganoon, maaari kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga sumusunod na uri ng pangangalaga:

- Pagpaplano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis (kasama ang sterilization para sa mga hustong gulang edad 21 pataas)
- Pagsusuri ng pagbubuntis at pagpapayo
- Pag-iwas at pagsusuri para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot para sa mga impeksiyong seksuwal na naipapasa
- Pangangalaga para sa seksuwal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag para sa outpatient

Hindi kailangang maging bahagi ng network ng Health Net ang doktor o klinika. Maaari kang pumili ng sinumang tagapagkaloob ng serbisyo sa Medi-Cal at pumunta sa kanya nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyonang ito. Maaaring hindi saklawin ang mga serbisyonang mula sa tagapagkaloob na wala sa network na hindi kaugnay ng sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinikang nagbibigay ng mga serbisyonang ito, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyonang ito (kabilang ang transportasyon), maaari kang tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na Linya para sa Payo ng Nars sa numero ng telepono ng mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyong 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu.

Ang Health Net ay hindi magpapadala ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga sensitibong serbisyo sa iba pang miyembro ng tahanan. Mangyaring sumangguni sa seksyon ng “Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado” para sa impormasyon kung paano humiling ng kumpidensyal na pakikipag-usap kaugnay ng mga sensitibong serbisyo.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Moral na pagtangga

Ang ilang tagapagkaloob ay may moral na pagtangga sa ilang sinasaklaw na serbisyo. Nangangahulugan itong may karapatan silang **hindi** ialok ang ilang sinasaklaw na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyong ito batay sa mga moral na dahilan. Kung may moral na pagtangga ang iyong tagapagkaloob, tutulungan ka niyang maghanap ng ibang tagapagkaloob para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari ding makipagtulungan sa iyo ang Health Net upang maghanap ng tagapagkaloob.

May ilang ospital at iba pang tagapagkaloob ng serbisyo na hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunod na serbisyo na maaaring sinasaklaw sa ilalim ng kontrata ng iyong plano at maaaring kailangan mo o ng miyembro ng iyong pamilya:

- Pagpaplano ng pamilya;
- Mga serbisyo sa pangontra sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na kontrasepsyon;
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa panahon ng labor at panganganak;
- Mga paggamot sa pagkabaog;
- Pagpapalaglag.

Dapat ay kumuha ka muna ng higit pang impormasyon bago ka magpatala. Tawagan ang iyong inaasahang maging doktor, medikal na grupo, asosasyon ng independiyenteng pagsasanay, o klinika, o tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.

Available ang mga serbisyong ito at dapat tiyakin ng Health Net na makakapagpatingin ka o ang miyembro ng iyong pamilya sa isang tagapagkaloob o maa-admit kayo sa isang ospital na magsasagawa ng mga sinasaklaw na serbisyo. Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) kung mayroon kang mga tanong o kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng tagapagkaloob ng serbisyo.

---

## Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o nakamamatay na kundisyon. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan mo upang maiwasan ang matinding pinsala sa iyong kalusugan dahil sa biglaang pagkakasakit, pinsala o kumplikasyon ng kundisyong nararanasan mo na. Karamihan sa mga appointment para sa agarang pangangalaga ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

(paunang pahintulot) at available sa loob ng 48 oras pagkatapos mong humiling ng appointment. Kung nangangailangan ng paunang pag-apruba ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan mo, aalukin ka ng appointment sa loob ng 96 na oras pagkatapos mong humiling.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang iyong PCP. Kung hindi mo maabot ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O maaari mong tawagan ang Linya para sa Payo ng Nars sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyong 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu, para matutunan ang antas ng pangangalaga na pinakamabuti sa iyo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Ang mga agarang pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Sakit sa lalamunan
- Lagnat
- Pananakit sa tainga
- Napwersang kalamnan
- Mga serbisyo sa pagiging ina

Kailangan mong kumuha ng mga serbisyo sa agarang pangangalaga mula sa tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network kung nasa loob ka ng lugar ng serbisyo ng Health Net. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Health Net. Kung ikaw ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng Health Net, ngunit nasa loob ng estados Unidos, hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba para makakuha ng agarang pangangalaga. Pumunta sa pinakamalapit na urgent care facility. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung bumibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at nangangailagan ka ng agarang pangangalaga, hindi namin sasaklawin ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga para sa kalusugan ng pag-iisip, tawagan ang plano sa kalusugan ng pag-iisip sa iyong county o mga Serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari mong tawagan ang plano sa kalusugan ng pag-iisip sa iyong county o ang iyong Organisasyon para sa Kalusugan ng Pag-uugali



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

ng Health Net anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para makita ang mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county sa online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Maaari kang bigyan ng gamot ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo ng agarang pangangalaga bilang bahagi ng iyong pagpapatingin para sa agarang pangangalaga. Kung kukuha ka ng mga gamot sa iyong pagpapatingin, sasaklawin ng Health Net ang mga gamot bilang bahagi ng iyong sinasaklaw na agarang pangangalaga. Kung bibigyan ka ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo sa agarang pangangalaga ng reseta para dalhin sa parmasya, sasaklawin ng programang Medi-Cal Rx ang mga gamot. Para malaman pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, pumunta sa pamagat na “Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medi-Cal” sa seksyon na “Iba pang program at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.

---

## Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net.

Sa loob ng Estados Unidos, kabilang ang anumang Teritoryo ng U.S., may karapatan kang gumamit ng anumang ospital o iba pang lugar para sa pang-emergency na pangangalaga.

Sa labas ng U.S., tanging mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico ang sasaklawin. Hindi sinasaklaw ang pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalaga sa iba pang bansa.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga nakamamatay na medikal na kundisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa isang karamdaman o pinsala na maaasahan ng isang taong (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) may matinong pag-iisip (makatuwiran) na kung hindi ka kaagarang makakuha ng pangangalagang pangkalusugan, malalagay mo sa seryosong panganib ang kalusugan mo (o ang kalusugan ng hindi mo pa naisisilang na sanggol), o nalalagay sa peligro ng seryosong pinsala ang mga trabaho, organo o bahagi ng katawan. Kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Aktibong pagle-labor
- Pagkabali ng buto



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Problema sa paghinga
- Matinding pagkapaso
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga pang-emergency na kundisyong psychiatric, gaya ng matinding depresyon o mga pag-iisip ng pagpapakamatay (maaaring saklawin ng mga planong pangkalusugan para sa pag-iisip sa county)

**Huwag magpunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga or pangangalaga na hindi agad kinakailangan.** Dapat kang tumanggap ng karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP, na siyang pinakamahusay na nakakakilala sa iyo. Kung hindi ka nakatitiyak kung ang iyong medikal na kundisyon ay isang emergency, tawagan ang iyong PCP. Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na Linya para sa Payo ng Nars sa numero ng telepono ng mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyong 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga nang malayo sa iyong tahanan, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit na wala ito sa network ng Health Net. Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin sa kanilang tawagan ang Health Net. Ikaw o ang ospital kung saan ka na-admit ay dapat tumawag sa Health Net sa loob ng 24 na oras matapos kang makatanggap ng pang-emergency na pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico, at nangangailagan ka ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng Health Net ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**. Hindi mo kailangang magpaalam muna sa iyong PCP o sa Health Net bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa isang ospital na wala sa network matapos ang iyong emergency (post-stabilization care o pangangalaga matapos na mailayo sa panganib ang iyong kalagayan), tatawagan ng ospital ang Health Net.

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **911** maliban kung isa itong emergency. Humingi lang ng pang-emergency na pangangalaga para sa isang emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o para sa karaniwang sakit tulad ng sipon o pamamaga ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Binibigyan ka ng Linya para sa Payo ng Nars ng Health Net ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).**

---

## Linya para sa Payo ng Nars

Binibigyan ka ng Linya para sa Payo ng Nars ng Health Net ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tawagan ang 24/7 na Linya para sa Payo ng Nars sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyong 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu para:

- Makipag-usap sa nars na sasagot sa mga medikal na katanungan, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulungan kang magpasya kung dapat kang magpatingin na agad sa isang tagapagkaloob ng serbisyo
- Makakuha ng tulong sa mga medikal na kundisyon gaya ng diabetes o hika, kabilang ang payo tungkol sa kung anong uri ng tagapagkaloob ang maaaring maging angkop para sa iyong kundisyon

**Hindi** makakatulong ang Linya para sa Payo ng Nars sa mga appointment sa klinika o pag-refill ng gamot. Tawagan ang tanggapan ng iyong tagapagkaloob kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.

---

## Mga paunang direktiba

Ang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Maaari mong ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang gusto mo sakaling hindi ka na makapagsalita o makapagdesisyon sa mga darating na panahon. Maaari mong ilista kung anong pangangalaga ang **ayaw** mo. Maaari kang magbigay ng pangalan ng tao, tulad ng asawa, upang magdesisyon para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo na ito magagawa.

Makakakuha ka ng form ng paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, tanggapan ng abugado, at tanggapan ng mga doktor. Maaaring kailanganin mong bayaran ang form.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Maaari ka ring makahanap at makapag-download ng libreng form online. Maaari kang magpatulong sa iyong pamilya, PCP, o sinumang pinagkakatiwalaan mo na sagutan ang form.

May karapatan kang mailagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na talaan. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihan ka ng Health Net tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

Maaari mong tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para sa higit pang impormasyon.

---

## Donasyon ng organ at tissue

Ang mga nasa hustong gulang ay maaaring makatulong sa pagligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tissue. Kung ikaw ay edad 15 hanggang 18, maaari kang maging donor nang may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga. Maaari kang magbago ng isip tungkol sa pagiging organ donor anumang oras. Kung gusto mong matuto pa tungkol sa donasyon ng organ o tissue, kausapin ang iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng United States sa [www.organdonor.gov](http://www.organdonor.gov).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# 4. Mga benepisyo at serbisyo

## Ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo bilang miyembro ng Health Net. Libre ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo hangga't ang mga ito ay medikal na kinakailangan at ibinibigay ng tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network. Kailangan mong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban ang ilang sensitibong serbisyo at pang-emergency na pangangalaga. Maaaring saklawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa isang tagapagkaloob na wala sa network. Pero kailangan mo munang humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net para dito. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, mapigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding panakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para magamot o maibsan ang isang karamdaman o kundisyon ng katawan o isipan. Para sa higit pang detalye tungkol sa iyong mga sinasaklaw na serbisyo, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Basahin ang Kabanata 5: Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan para sa higit pang impormasyon.

Ang ilan sa mga pangunahing benepisyo sa kalusugan na iniaalok ng Health Net ay nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyong may star ( \* ) ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

EOC059461TP00

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Acupuncture\*
- Mga therapy at serbisyo sa kalusugan sa bahay para sa malalang sakit (pansamantalang paggamot)
- Mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang (mga iniksyon)
- Pagsusuri at mga iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology\*
- Mga paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali\*
- Pagsusuri ng biomarker
- Rehabilitasyon ng puso
- Mga chiropractic na serbisyo\*
- Chemotherapy at Radiation therapy\*
- Pagtutuli ng bagong silang na sanggol (pagkapanganak hanggang sa ika-30 araw)
- Pagsusuri sa kalusugang kaugnay ng pag-iisip
- Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo para sa ngipin - limitado (isinagawa ng isang medikal na propesyonal/PCP sa isang medikal na tanggapan)\*
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng Doula
- Matitibay na Medikal na Kagamitan (DME)\*
- Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga
- Mga pagbisita sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon\*
- Mga pagbisita sa tanggapan at pagpapayo kaugnay ng pagpapalano ng pamilya (maaari kang pumunta sa isang hindi kalahok na tagapagkaloob)
- Family therapy
- Mga serbisyo at kagamitan para sa habilitasyon\*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay\*
- Pangangalaga sa hospisyo\*
- Medikal at surgical na pangangalaga para sa inpatient\*
- Laboratory at radiology\*
- Mga pangmatagalan at pambahay na therapy at serbisyo para sa kalusugan\*
- Pangangalaga sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol
- Pangunahing transplant ng organ\*
- Occupational therapy\*
- Orthotics/prostheses\*
- Mga supply para sa ostomy at urology
- Mga outpatient na serbisyo sa ospital\*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient
- Operasyon para sa outpatient\*
- Palliative na pangangalaga
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga serbisyo para sa mga bata\*
- Physical therapy\*
- Mga serbisyo sa podiatry\*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at gamit para sa rehabilitasyon\*



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Speech therapy\*
- Mga serbisyo sa operasyon\*
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender\*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo para sa paningin\*
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng kababaihan

Makikita ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga sinasaklaw na serbisyo sa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salitang dapat malaman.”

**Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, mapigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman o pinsala.**

**Kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga serbisyong kailangan para sa paglaki at pag-unlad na naaangkop sa edad, o para makuha, mapanatili, o mabalik ang kapasidad sa paggawa.**

**Para sa mga Miyembro na wala pang 21 taong gulang, medikal na kinakailangan ang serbisyo kung kailangan ito para maitama o maiayos ang mga depekto at mga karamdaman o kundisyon ng katawan at isipan, sa ilalim ng pederal na benepisyo sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment o EPSDT). Kabilang dito ang pangangalagang kinakailangan para magamot o maibsan ang karamdaman o kundisyon ng katawan o isipan o panatilihin ang kundisyon ng miyembro para hindi ito lumala.**

**Hindi kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang:**

- Mga paggamot na hindi nasuri o sinusuri pa lamang
- Mga serbisyo o item na karaniwang hindi tinatanggap na epektibo
- Mga serbisyong lagpas sa karaniwang kurso at haba ng paggamot o mga serbisyong walang klinikal na patnubay.
- Mga serbisyo para sa kaginhawahan ng tagapangalaga o tagapagkaloob ng serbisyo

Makikipagtulungan ang Health Net sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng mga serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na sinasaklaw ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Health Net.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay kinabibilangan ng mga sinasaklaw na serbisyo na makatuwiran at kinakailangan para:

- Maprotektahan ang buhay;
- Mapigilan ang malalang karamdaman o kapansanan;
- Maibsan ang matinding pananakit;
- Maabot ang paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad; at
- Makamit, mapanatili, at maipanumbalik ang pinakamahusay na kapasidad.

Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang lahat ng mga sinasaklaw na serbisyong tinukoy sa itaas, at anupamang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, mga diagnostic na serbisyo, paggamot, at iba pang hakbang upang maitama o maiayos ang mga depekto at mga karamdaman at kundisyon ng katawan at isipan, ayon sa kinakailangan ng pederal na benepisyo sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT).

Nagbibigay ang EPSDT ng malawak na saklaw ng mga serbisyong pang-iwas, pang-diagnose, at mga serbisyo sa paggamot para sa mga sanggol, bata, at kabataan na wala pang 21 taong gulang na may mababang kita. Mas malawak ang benepisyo ng EPSDT kaysa sa benepisyo para sa mga nasa hustong gulang at idinisenyo ito upang matiyak na makakatanggap ang mga bata ng maagang pagtukoy at pangangalaga, para mapigilan o ma-diagnose at magamot ang mga problema sa kalusugan habang maaga pa. Layunin ng EPSDT na matiyak na makukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga para sa tamang bata sa tamang oras sa tamang setting.

Makikipagtulungan ang Health Net sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng mga serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na sinasaklaw ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Health Net.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Mga benepisyo sa Medi-Cal na sinasaklaw ng Health Net

### Mga serbisyo para sa outpatient (ambulatory)

#### ***Mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang***

Maaari kang makatanggap ng mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang (mga iniksyon) mula sa tagapagkaloob na nasa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sinasaklaw ng Health Net ang mga iniksyong inirerekomenda ng Tagapayong Komite para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC), kabilang ang mga iniksyon na kailangan mo kapag naglalakbay ka.

Makakakuha ka rin ng ilang serbisyo ng pagpapabakuna para sa nasa hustong gulang (iniksyon) sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx program, basahin ang seksyong Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal sa kabanatang ito.

#### ***Pangangalaga sa allergy***

Sinasaklaw ng Health Net ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang desensitization, hypo-sensitization o immunotherapy ng allergy.

#### ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong pang-anesthesia na medikal na kinakailangan kapag kumuha ka ng pangangalaga ng outpatient. Maaaring kabilang dito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin na ibinibigay ng isang medical anesthesiologist, na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

#### ***Mga chiropractic na serbisyo***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga chiropractic na serbisyo, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manwal na pagmamaniipula. Ang mga chiropractic na serbisyo ay limitado lang sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, audiology, occupational therapy at speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba sa iba pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Ang mga sumusunod na miyembro ay kuwalipikado para sa mga chiropractic na serbisyo:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang
- Mga buntis hanggang sa katapusan ng buwan kung saan kasama ang 60 araw kasunod ng pagtatapos ng pagbubuntis
- Mga residente sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga, pasilidad ng intermediate na pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga
- Lahat ng miyembro kapag ibinibigay ang mga serbisyo sa mga departamento ng ospital sa county para sa outpatient, mga outpatient na klinika, mga FQHC o RHC na nasa network ng Health Net. Hindi lahat ng mga FQHC, RHC o ospital ng county ay nag-aalok ng mga outpatient na chiropractic na serbisyo.

### ***Mga pagsusuri sa kalusugan na kaugnay ng pag-iisip***

Sinasaklaw ng Health Net ang taunang maikling pagsusuri sa kalusugan kaugnay ng pag-iisip para sa mga miyembro na 65 taong gulang pataas, at hindi kuwalipikado para sa katulad na pagsusuri bilang bahagi ng taunang pagpapatingin habang walang sakit sa ilalim ng Programa ng Medicare. Sinusuri ng pagtatasa sa kalusugan kaugnay ng pag-iisip ang mga senyales ng sakit na Alzheimer's o dementia.

### ***Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan ng komunidad (CHW) para sa mga indibidwal kung inirekomenda ng isang doktor o lisensiyadong manggagamot para sa pag-iwas ng sakit, kapansanan, at iba pang kundisyon ng kalusugan o pagbabago nito; pagpapahaba ng buhay; at pagpapabuti ng kalusugan at kahusayan ng katawan at pag-iisip. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga pangmatagalan at nakakahawang sakit; mga kundisyon sa pag-uugali, perinatal at kalusugan ng bibig; at pag-iwas sa pinsala.
- Pagtataguyod at pagtuturo ng kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paglikha ng mga planong aksyon para matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### ***Mga serbisyo sa dialysis at hemodialysis***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga paggamot na dialysis. Sinasaklaw din ng Health Net ang mga serbisyo sa hemodialysis (pangmatagalang dialysis) kung magsusumite ng kahilingan ang iyong doktor at aaprubahan ito ng Health Net.

Hindi kabilang sa saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga kagamitan, supply at feature para sa kaginhawahan, kombinyente, o luho
- Mga item na di-medikal, gaya ng mga generator o dagdag na gamit para madala sa biyahe ang equipment para sa dialysis sa bahay

### ***Mga serbisyo ng Doula***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng doula kabilang ang personal na suporta sa mga buntis at pamilya nito sa buong panahon ng pagbubuntis, panganganak, at pagkatapos manganak.

### ***Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga para sa mga miyembro at mga tagapangalaga nila na medikal na kinakailangan.

### ***Family Therapy***

Sinasaklaw ng Health Net ang therapy sa pamilya kung medikal na kinakailangan at kinabibilangan ng kahit dalawang miyembro ng pamilya.

Halimbawa ng family therapy ang mga sumusunod ngunit hindi limitado sa:

- Psychotherapy ng anak at magulang (edad 0 hanggang 5)
- Interactive na therapy ng magulang at anak (edad 2 hanggang 12)
- Cognitive-behavioral na therapy sa couple (hustong gulang)

### ***Operasyon para sa outpatient***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga operasyon para sa outpatient. Ang mga operasyong kinakailangan para sa diagnosis, mga procedure na itinuturing na pinili ng pasyente (electve), at mga tinukoy na medikal o dental na procedure para sa outpatient ay dapat may paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



### ***Mga serbisyo ng doktor***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

### ***Mga serbisyo sa podiatry (paa)***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa podiatry na medikal na kinakailangan para sa diyagnosis at medikal, surgical, mekanikal, manipulatibo, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kasama rito ang bukong-bukong at mga litid na kadugtong ng paa at ang hindi surgical na paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na kumokontrol sa mga galaw ng paa.

### ***Mga therapy sa paggagamot***

Sinasaklaw ng Health Net ang iba't ibang treatment sa paggagamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

### **Pangangalaga sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol**

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa pangangalagang ito para sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol:

- Edukasyon at mga tulong hinggil sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos ng panganganak
- Mga breast pump at supply
- Prenatal na pangangalaga
- Mga serbisyo sa paanakan
- Sertipikadong Kumadronang Nars (CNM)
- Lisensiyadong Kumadrona (LM)
- Diyagnosis ng mga henetikong kapansanan ng fetus at pagpapayo
- Mga serbisyo sa pangangalaga sa bagong-silang na sanggol

### **Mga serbisyo ng Telehealth**

Ang telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong lokasyon ng iyong tagapagkaloob. Maaaring kasama sa telehealth ang live na pag-uusap kasama ng iyong tagapagkaloob. O maaaring kasama sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon kasama ng iyong tagapagkaloob nang walang live na pag-uusap. Maaari kang makatanggap ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Gayunpaman, posibleng hindi maging available ang telehealth para sa lahat



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

ng mga sinasaklaw na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong tagapagkaloob para malaman kung aling mga uri ng serbisyo ang maaaring maibigay sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang kapwa kayong sumang-ayon ng iyong tagapagkaloob na ang paggamit ng telehealth para sa partikular na serbisyo ay naaangkop para sa iyo. Mayroon kang karapatan sa mga personal na serbisyo at hindi mo kailangang gumamit ng telehealth kahit na sumang-ayon ang iyong tagapagkaloob na angkop ito para sa iyo.

### **Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip**

#### ***Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient***

Sinasaklaw ng Health Net ang isang miyembro para sa isang paunang pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang tumanggap ng pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensiyadong tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa network ng Health Net nang walang referral.

Posibleng gumawa ng referral ang iyong PCP o tagapagkaloob ng kalusugan ng pag-iisip para sa karagdagang screening sa kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalista na nasa network ng Health Net para matukoy ang antas ng iyong kapansanan. Kung matutukoy ng mga resulta ng screening ng kalusugan ng iyong pag-iisip na ikaw ay may hindi malala o katamtamang pagkabalisa o paghina ng pag-iisip, emosyon, o pag-uugali, magagawa ng Health Net na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa iyo. Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip tulad ng:

- Pagtatasa at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip ng indibidwal at grupo (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na ipinahihiwatig upang tasahin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Pagpapaunlad ng mga kakayahan sa pag-iisip upang mapahusay ang tuon, alaala at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa medication therapy
- Outpatient na laboratoryo, mga gamot na hindi na saklaw ng Listahan ng Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply at supplement
- Psychiatric na pagkonsulta
- Family Therapy



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung ang iyong PCP o tagapagkaloob ng serbisyo ng kalusugan sa pag-iisip ay hindi ka mabibigyan ng paggamot para sa sakit sa kalusugan ng pag-iisip na available sa network ng Health Net at sa mga oras na nakalista sa itaas sa seksyon ng “Napapanahong pag-access sa pangangalaga”, sasaklawin ng Health Net at tutulungan kang ayusin ang mga serbisyo sa labas ng network.

Kung matutukoy ng mga resulta ng iyong screening ng kalusugan ng pag-iisip na maaaring mayroon kang mas mataas na antas ng pagkakapinsala at kailangan mo ng mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS), ire-refer ka ng iyong PCP o ng iyong tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa plano ng kalusugan ng pag-iisip ng county para makakuha ng pagtatasa and tulungan kang magpatuloy sa susunod na hakbang sa proseso.

Para malaman pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa pahina 74 sa ilalim ng “Mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip.”

### **Mga serbisyong pang-emergency**

#### ***Mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency***

Sinasaklaw ng Health Net ang lahat ng serbisyong kinakailangan para magamot ang isang medikal na emergency na nangyayari sa U.S. (kabilang sa mga teritoryong gaya ng Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, atbp.). Sinasaklaw din ng Health Net ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico. Ang isang medikal na emergency ay isang medikal na kundisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala. Napakalubha na ng kalagayan na kapag hindi ito nakakuha ng agarang medikal na atensyon, maaaring asahan ng sinumang may kaalaman na magreresulta ito sa:

- Malubhang panganib sa iyong kalusugan; ○
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan; ○
- Malubhang abnormal na paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan; ○
- Sa sitwasyon ng buntis na aktibong nagle-labor, na nangangahulugang pagle-labor sa panahon na mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:
  - Hindi sapat ang panahon upang ligtas kang ilipat sa ibang ospital bago ang panganganak.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Ang paglilipat ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan o kaligtasan mo o ng iyong dinadalang sanggol.

Kung bibigyan ka ng isang emergency room sa ospital ng hanggang pang-72 oras na supply ng isang inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong paggamot, sasaklawin ang inireresetang gamot bilang bahagi ng iyong sinasaklaw na Mga Serbisyong Pang-emergency. Kung bibigyan ka ng tagapagkaloob sa emergency room ng ospital ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang outpatient na parmasya para mapunan ito, sasagutin ng Medi-Cal Rx ang saklaw para sa resetang iyon.

***Kung bibigyan ka ng isang pharmacist sa isang outpatient na parmasya ng pang-emergency na supply ng isang gamot, sasaklawin ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na supply na iyon at hindi ng Health Net. Patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 kung kailangan nila ng tulong sa pagbibigay ng supply ng iyong pang-emergency na gamot.***

### ***Mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng ambulansya para matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga kapag may emergency. Nangangahulugan itong seryoso ang iyong kundisyon at ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring magdulot ng panganib sa iyong kalusugan o buhay. Hindi sinasaklaw ang mga serbisyo sa labas ng U.S., maliban sa mga serbisyong pang-emergency kung saan kailangan kang dalhin sa ospital sa Canada o Mexico. Kung makatanggap ka ng mga serbisyo ng ambulansya na pang-emergency sa Canada at Mexico at hindi ka maospital sa panahon ng pangangalagang iyon, hindi sasaklawin ng Health Net ang iyong mga serbisyo ng ambulansya.

### **Pangangalaga sa hospice at palliative na pangangalaga**

Sinasaklaw ng Health Net ang pangangalaga sa hospice at pangangalaga na pampaginhawa ng sakit para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na maibsan ang pisikal, emosyonal, sosyal at espiritwal na kahirapan. Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas ay hindi pwedeng makatanggap ng parehong mga serbisyo ng pangangalaga sa hospice at pangangalaga na pampaginhawa ng sakit nang sabay.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### ***Pangangalaga sa hospice***

Ang pangangalaga sa hospisyong ay isang benepisyong nagsisilbi sa mga miyembrong may taning na ang buhay. Kinakailangan sa pangangalaga sa hospisyong na magkaroon ang miyembro ng taning na 6 na buwan o mas mababa. Isa itong interbensyon na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa lunas upang mapahaba ang buhay.

Kasama sa pangangalaga sa hospisyong ang:

- Mga serbisyo sa pag-aalaga
- Mga serbisyonang pisikal, occupational, o pagsasalita
- Mga medikal na serbisyonang panlipunan
- Katulong sa kalusugan sa bahay at mga serbisyo ng maybahay
- Mga medikal na supply at kagamitan
- Ilang gamot at mga biological na serbisyo (maaaring maging available ang ilan sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga patuloy na serbisyo ng pag-aalaga sa batayang 24 na oras sa mga yugto ng krisis at gaya ng kinakailangan upang panatilihin ang miyembrong may taning na ang buhay sa bahay
- Panandaliang pangangalaga sa inpatient nang hanggang sa palima-limang magkakasunod na araw sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o pasilidad ng hospisyong
- Maikling panahong pangangalaga sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o pasilidad ng hospisyong

### ***Palliative na pangangalaga***

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-agap, pag-iwas at paggamot sa paghihirap. Hindi kinakailangan sa palliative na pangangalaga na magkaroon ang miyembro ng taning na anim na buwan o mas mababa. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng paggamot na pangangalaga.

Kabilang sa palliative na pangangalaga ang:

- Advance na pagpapalano sa pangangalaga
- Pagtatasa at pagkonsulta sa palliative na pangangalaga



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Plano ng pangangalaga kasama ang lahat ng pinahihintulutang pangangalaga na pampaginhawa ng sakit at panlunas
- Plano ng isang grupo ng pangangalaga kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Isang doktor ng medisina o osteopathy
  - Katulong ng doktor
  - Isang rehistradong nars
  - Lisensiyadong vocational nurse o nurse practitioner
  - Isang social worker
  - Chaplain
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pamamahala sa pananakit at sintomas
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at medikal na serbisyong panlipunan

Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas ay hindi maaaring makatanggap ng palliative na pangangalaga at pangangalaga sa hospisyo nang sabay. Kung nakakatanggap ka ng palliative na pangangalaga at kuwalipikado ka para sa pangangalaga sa hospisyo, maaari mong hilingin na lumipat sa pangangalaga sa hospisyo anumang oras.

### **Pagpapaospital**

#### ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa mga panahon ng pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang tagapagkaloob na bihasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o pangngipin na procedure.

#### ***Mga serbisyo sa ospital para sa inpatient***

Sinasaklaw ng Health Net ang pangangalagang medikal na kinakailangan ng inpatient sa ospital kapag na-admit ka sa ospital.

#### ***Rapid Whole Genome Sequencing***

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS) ay isang saklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang o mas bata at tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital para sa inpatient sa intensive care unit. Kabilang dito ang



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

individual sequencing, trio sequencing para sa magulang o mga magulang at ang kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing. Ang rWGS ay isang bagong paraan ng pagsusuri ng mga kundisyon sa panahon ng pagbibigay ng ICU na pangangalaga sa mga batang isang taong gulang o mas bata.

### ***Mga serbisyong surgical***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga medikal na kinakailangang operasyon na isinasagawa sa ospital.

### **Ang Programa ng Pinalawig na Pangangalaga Pagkatapos ng Panganganak**

Nagbibigay ng pinalawak na pagsaklaw ang Programa ng Pinalawig na Pangangalaga Pagkatapos ng Panganganak para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa parehong panahon ng pagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis.

Pinapalawak ng Programa ng Pinalawig na Pangangalaga Pagkatapos ng Panganganak ang pagsaklaw ng Health Net sa loob ng hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis, anuman ang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at nang walang kinakailangang karagdang aksyon.

### **Mga serbisyo at kagamitan na rehabilitative at habilitative (therapy)**

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at kagamitan na tutulong sa mga taong may mga pinsala, kapansanan o pangmatagalang kundisyon na magkaroon ng o maibalik ang mga kasanayan ng isip at katawan.

Sinasaklaw namin ang mga serbisyong panunumbalik at pagpapabuti na inilalarawan sa seksyong ito kung nakamit ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan:

- Medikal na kinakailangan ang mga serbisyo
- Ang mga serbisyo ay tutugon sa isang kundisyon ng kalusugan
- Ang mga serbisyo ay tutulungan kang mapanatili, matuto o mapahusay ang mga kasayanan at pagkilos para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Natatanggap mo ang mga serbisyo sa isang pasilidad na nasa network, maliban kung tinukoy ng isang doktor sa network na medikal na kinakailangan na makatanggap ka ng mga serbisyo sa ibang lokasyon, o kung hindi available ang isang pasilidad sa network na gamutin ang iyong kundisyon sa kalusugan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Sinasaklaw ng plano ang:

### ***Acupuncture***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong acupuncture para maiwasan, baguhin, o ibsan ang matindi at pabalik-balik na pangmatagalang pananakit na dulot ng isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kundisyon. Ang mga outpatient na serbisyo sa acupuncture (mayroon o walang electric stimulation ng mga karayom) ay limitado lang sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo sa audiology, chiropractic na serbisyo, mga serbisyo sa occupational therapy at speech therapy kapag ibinigay ng isang doktor, dentista, podiatrist o acupuncturist ang mga ito (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

### ***Audiology (pandinig)***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa audiology. Ang outpatient na audiology ay limitado lang sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, chiropractic, occupational therapy at speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

### ***Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa paggamot ng kalusugan ng pag-uugali (BHT) para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo sa Maaga at pana-panahong screening, diagnosis at gamutan (EPSDT). Kabilang sa BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot, gaya ng applied behavior analysis at mga programa ng interbensyon sa pag-uugali na nakabatay sa ebidensya na nagpapabuti o nagpapanumbalik ng paggana ng isang indibidwal na mas bata sa 21 taong gulang hanggang sa pinakamataas na hangganang praktikal.

Ang mga serbisyong BHT ay nagtuturo ng mga kasanayan gamit ang pagsubaybay at pagsuporta sa pag-uugali, o sa pamamagitan ng paghihikayat upang ituro ang bawat hakbang tungo sa isang nilalayong pag-uugali. Ang mga serbisyong BHT ay nakabatay sa mga mapagkakatiwalaang ebidensiya at hindi eksperimental. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyong BHT ang mga behavioral intervention, cognitive



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



behavioral intervention package, comprehensive behavioral treatment, at applied behavioral analysis.

Ang mga serbisyong BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng isang lisensiyadong doktor o sikolohista, inaprubahan ng plano, at ibinibigay sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano ng paggamot.

### ***Rehabilitasyon ng puso***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng rehabilitasyon ng puso para sa inpatient at outpatient.

### ***Matibay na Kagamitang Medikal (DME)***

Sinasaklaw ng Health Net ang pagbili o pagrenta ng mga DME na supply, kagamitan at iba pang serbisyo nang may reseta mula sa doktor, mga assistant ng doktor, mga nurse practitioner, at mga espesyalista na clinical nurse. Maaaring masaklaw ang mga inireresetang DME na item bilang medikal na kinakailangan para mapanatili ang mga paggana ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang malalang pisikal na kapansanan.

Sa pangkalahatan, hindi sinasaklaw ng Health Net ang mga sumusunod:

- Mga gamit, feature at supply para sa kaginhawaan, kaalwanan o karangyaan, maliban sa mga retail-grade na breast pump gaya ng inilalarawan sa “Mga breast pump at supply” sa ilalim ng heading na “Pangangalaga sa nagdadalang-tao at bagong-silang na sanggol” sa kabanatang ito
- Mga item na hindi nilalayong gamitin para sa pagpapanatili ng mga karaniwang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay, gaya ng kagamitan sa pag-eehersisyo (kabilang ang mga kagamitan na nilalayong magbigay ng karagdagang suporta para sa mga aktibidad na panlibangan o aktibidad sa sports)
- Mga kagamitan para sa kalinisan, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang Miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga hindi medikal na item, gaya ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa iyong tahanan o sasakyan
- Mga kagamitan para sa pagsusuri ng dugo o iba pang sangkap sa katawan (gayunpaman, ang mga monitor ng glucose sa dugo, test strip at lancet para sa diabetes ay saklaw ng Medi-Cal Rx)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Mga electronic monitor ng puso o baga maliban sa mga apnea monitor para sa sanggol
- Pagkukumpuni o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, pagkanakaw, o maling paggamit, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Iba pang item na hindi pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan sa pangkalahatan

Gayunpaman, sa ilang kaso, maaaring aprubahan ang mga item na ito nang may Paunang Pahintulot (Paunang Pag-apruba) na isinumite ng iyong doktor.

### ***Enteral at parenteral na nutrisyon***

Ginagamit ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan kapag pinipigilan ka ng isang medikal na kundisyon na kumain ng pagkain nang normal. Ang mga produkto para sa enteral at parenteral na nutrisyon ay sinasaklaw sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ng Health Net ang mga produkto para sa enteral at parenteral na nutrisyon kapag medikal na kinakailangan.

### ***Mga hearing aid***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga hearing aid kung sinuri ka para sa pagkawala ng pandinig, kung medikal na kinakailangan ang mga hearing aid, at may reseta nito mula sa iyong doktor. Limitado ang saklaw sa pinakamurang aid na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Sasaklawin ng Health Net ang isang hearing aid maliban kung kailangan ng aid para sa bawat tainga para sa pagkamit ng mga resultang mas mainam kaysa kapag iisa lang ang aid.

Mga hearing aid para sa Mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang

Iniaatas ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng mga hearing aid sa programang Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS) para matukoy kung kuwalipikado ang bata sa CCS. Kung kuwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa mga medikal na kinakailangang hearing aid. Kung hindi kuwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin namin ang mga medikal na kinakailangang hearing aid bilang bahagi ng pagsaklaw sa Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa Mga Miyembrong 21 taong gulang pataas



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasaklaw namin ang mga sumusunod para sa bawat sinasaklaw na hearing aid:

- Mga ear mold na kailangan para sa pagsusukat
- Isang karaniwang package ng baterya
- Mga pagbisita para matiyak na gumagana nang tama ang aid
- Mga pagbisita para sa paglilinis at pagsusukat ng iyong hearing aid
- Pagkukumpuni ng iyong hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin namin ang isang pamalit na hearing aid kung:

- Malala na masyado ang pagkawala ng pandinig mo at hindi na ito maitama ng kasalukuyan mong hearing aid
- Mawawala, mananakaw, o masisira at hindi na kayang ayusin ang iyong hearing aid at hindi mo ito kasalanan. Dapat ay bigyan mo kami ng tala tungkol sa kung paano nito nangyari.

Para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas, hindi kasama sa Medi-Cal ang:

- Mga pamalit na baterya ng hearing aid

### ***Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong pangkalusugang ibinibigay sa bahay mo, kapag inireseta ng iyong doktor at napag-alamang medikal na kinakailangan.

Limitado ang mga serbisyo para sa kalusugan sa bahay sa mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal gaya ng:

- Part-time na sanay na pag-aalaga
- Part-time na katulong sa kalusugan sa bahay
- Bihasang therapy sa pisikal, occupational at pananalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

### ***Mga medikal na supply, kagamitan, at kasangkapan***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga medikal na supply na inirereseta ng doktor, mga assistant ng doktor, mga nurse practitioner, at mga espesyalistang clinical nurse.

Ang ilang medikal na supply ay sinasaklaw sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx at hindi ng Health Net.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Hindi kasama sa pagsaklaw ng Medi-Cal ang mga sumusunod:

- Mga karaniwang gamit sa bahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Adhesive tape (lahat ng uri)
  - Rubbing alcohol
  - Mga pampaganda
  - Mga cotton ball at swab
  - Mga dusting powder
  - Tissue wipes
  - Witch hazel
- Mga karaniwang remedyo sa bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - White petrolatum
  - Mga langis at lotion para sa tuyong balat
  - Talc at mga produktong kumbinasyon ng talc
  - Mga oxidizing agent gaya ng hydrogen peroxide
  - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga hindi inireresetang shampoo
- Mga ipinapahid na naglalaman ng benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o liquid at zinc oxide paste
- Iba pang mga item na hindi pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan sa pangkalahatan at karaniwan at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito.

### ***Occupational therapy***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng occupational therapy, kabilang ang pagsusuri para sa occupational therapy, pagpapalano sa paggamot, paggamot, mga serbisyo ng pagtuturo at pagkonsulta. Ang mga serbisyo ng occupational therapy ay limitado lang sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, audiology, chiropractic at speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

### ***Orthotics/prostheses***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga orthotic at prosthetic na kagamitan at serbisyo na medikal na kinakailangan at inirereseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na tagapagkaloob ng serbisyo. Kabilang dito ang mga naka-implant



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

na kagamitan para sa pandinig, prosthesis ng suso/mastectomy bra, compression burn garment at prosthetics para mapanumbalik ang paggana ng o palitan ang bahagi ng katawan, o para suportahan ang nanghihina o nadepermang bahagi ng katawan.

### ***Mga supply para sa ostomy at urology***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga bag pang-ostomy, urinary catheter, bag sa pag-drain, supply at pandikit para sa irigasyon. Hindi kabilang dito ang mga supply na kagamitan o tampok para sa kaginhawahan, kaluwagan, o luho.

### ***Physical therapy***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng physical therapy na medikal na kinakailangan, kabilang ang pagsusuri para sa physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, mga serbisyo ng pagkonsulta, at paggamit ng mga gamot na ipinapahid.

### ***Rehabilitasyon ng baga***

Sinasaklaw ng Health Net ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inirereseta ng isang doktor.

### ***Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga***

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa pasilidad ng bihasang pangangalaga kung medikal na kinakailangan, kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng mataas na antas ng pangangalaga. Kabilang sa mga serbisyong ito ang kwarto at pamamalagi sa isang lisensiyadong pasilidad na may bihasang pangangalaga 24 na oras kada araw.

### ***Speech therapy***

Sinasaklaw ng Health Net ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Ang mga serbisyo ng speech therapy ay limitado lang sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, audiology, chiropractic at occupational therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### Mga serbisyo para sa transgender

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyo para sa pag-aayon ng kasarian) bilang benepisyo kapag ang mga ito ay medikal na kinakailangan o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang pamantayan para sa reconstructive surgery.

### Mga klinikal na pagsubok

Sinasaklaw ng Health Net ang gastusin sa karaniwang pangangalaga para sa mga pasyenteng tinanggap sa Phase I, Phase II, Phase III o Phase IV ng mga klinikal na pagsubok kung nauugnay ito sa pag-iwas, pagtukoy, o paggamot ng kanser o iba pang nakamamatay na kundisyon at kung nakamit ng pag-aaral ang lahat ng kinakailangan sa ilalim ng Health and Safety Code 1370.6(d)(1). Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, isang FFS na programa ng Medi-Cal, ang karamihan sa mga inireresetang gamot para sa outpatient. Basahin ang seksyong “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” sa mga susunod na bahagi ng kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.

### Mga serbisyo sa laboratoryo at radiology

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo sa laboratoryo at x-ray ng outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ang iba’t ibang advanced imaging procedure, gaya ng mga CT scan, MRI, at PET scan, batay sa medikal na pangangailangan.

### Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para manatiling malusog at pamamahala ng pangmatagalang sakit

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga bakunang inirerekomenda ng Tagapayong Komite para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Mga serbisyo sa pag-iwas sa hika
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit para sa kababaihan na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong upang maihinto ang paninigarilyo, tinatawag ding mga serbisyo para sa pagtigil sa paninigarilyo



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit na inirerekomenda sa Baitang A at B ng United States Preventive Services Task Force

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembrong nasa edad na may kakayahang magkaanak upang bigyan sila ng kakayahang tukuyin ang bilang at agwat ng mga anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng mga paraan sa pagkontrol sa pagbubuntis na inaprubahan ng FDA. Available ang mga PCP at espesyalista sa OB/GYN ngHealth Net para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor o klinika ng Medi-Cal na hindi konektado sa Health Net nang hindi humihingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net. Hindi maaaring saklawin ang mga serbisyong mula sa tagapagkaloob na wala sa network na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya. Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Basahin ang Kabanata 5: Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan para sa impormasyon sa pangangalagang pang-iwas sa sakit para sa mga kabataan na 20 taong gulang pababa.

### **Programa sa Pag-iwas sa Diabetes**

Ang Programa sa Pag-iwas sa Diabetes (DPP) ay isang programa ng pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensya. Ang 12-buwan na programa ay nakatuon sa pagbabago ng pamumuhay at idinisenyo para iwasan o iantala ang pagkakaroon ng type 2 diabetes sa mga indibidwal na na-diagnose na may prediabetes. Maaaring maging kuwalipikado sa ikalawang taon ang mga miyembro na nakamit ang pamantayan. Ang programa ay nagbibigay ng edukasyon at suporta ng grupo. Kasama sa mga pamamaraan ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng panghihikayat at feedback
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay ng mga karaniwang pagtitimbang upang makatulong na makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado upang makasali sa DPP. Tawagan ang Health Net upang matuto pa tungkol sa programa at pagiging kuwalipikado.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Mga reconstructive na serbisyo

Sinasaklaw ng Health Net ang operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay o gumawa ng normal na hitsura sa abot nang makakaya. Ang mga abnormal ng istruktura ng katawan ay iyong mga idinulot ng mga depekto mula pagkasilang, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga tumor, sakit, o reconstruction ng suso pagkatapos ng mastectomy. Maaaring nalalapat ang ilang limitasyon at pagbubukod.

## Mga serbisyo ng screening ng sakit kaugnay ng paggamit ng droga at alak

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga screening sa pagkalulong sa alak at ipinagbabawal na gamot
- Iniaalok sa iyo nang walang bayad ang mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang (edad 18 pataas) na may mga sakit sa paggamit ng alak o iba pang sangkap. Ang mga sinasaklaw na serbisyo para sa pagkalulong sa alak ay:
  - Isang pinalawak na screening para sa mapanganib na pag-inom ng alak kada taon (isang gamit sa screening na humihingi sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong pag-inom ng alak)
  - Tatlong 15 minutong sesyon ng interbensyon kada taon upang pag-usapan ang mapanganib na pag-inom ng alak
- Sinasaklaw rin ng plano ang paggamot sa inpatient para sa kagyat at malubhang pagka-overdose sa droga o alak kapag medikal na kinakailangan.

Pumunta sa “Mga serbisyo para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga o alkohol” sa dulo ng kabanatang ito para sa pagsaklaw ng paggagamot sa county.

## Mga benepisyo para sa paningin

Sinasaklaw ng plano ang:

- Karaniwang pagsusuri sa mata isang beses kada 24 na buwan; Ang mga karagdagan o mas madalas na pagsusuri sa mata ay sinasaklaw kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, gaya ng mga may diabetes.
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) isang beses kada 24 na buwan; kapag may wasto kang reseta.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



- Mga pamalit na salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung nagbago ang iyong reseta o kung nawala, nanakaw, o nasira (at hindi na kayang ayusin) ang iyong salamin sa mata, at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng tala na nagsasabi sa amin kung paano nawala, nanakaw, o nasira ang iyong salamin sa mata.
- Mga low vision device para sa mga taong may problema sa paningin na hindi na maitatama ng mga karaniwang salamin, contact lens, medisina, o operasyon na nakakasagabal sa kakayahan ng isang tao na magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad (ibig sabihin, macular degeneration na kaugnay ng edad).
- Mga Contact Lens na medikal na kinakailangan  
Maaaring saklawin ang mga contact lens at ang pagsusuri para sa mga contact lens kung hindi posible ang paggamit ng mga salamin sa mata dahil sa isang sakit sa mata o kundisyon (ibig sabihin, walang isang tainga). Kasama sa mga medikal na kundisyon na kuwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang, ngunit hindi limitado sa aniridia, aphakia, at keratoconus.

### **Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency**

May karapatan ka sa medikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangang nagiging dahilan para hindi ka makagamit ng kotse, bus, o taxi papunta sa iyong mga appointment. Maaaring ibigay ang medikal na transportasyon para sa mga sinasaklaw na serbisyo at mga sinasaklaw na appointment sa parmasya ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng medikal na transportasyon, maaari mo itong hilingin sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor, dentista, podiatrist, o tagapagkaloob ng serbisyo ng kalusugan ng pag-iisip o sakit sa paggamit ng droga o alkohol. Magpapasya ang iyong tagapagkaloob ng serbisyo ng tamang uri ng transportasyon para matugunan ang iyong mga pangangailangan. Kung nalaman nilang kailangan mo ng medikal na transportasyon, iuutos nila ito sa pamamagitan ng pagkumpleto sa isang form at pagsusumite nito sa Health Net. Kapag naaprubahan na, may bisa ang pag-apruba nang hanggang 12 buwan depende sa medikal na pangangailangan. Dagdag pa rito, walang limitasyon sa bilang ng mga pagsakay na makukuha mo. Kakailanganing tasahin ulit ng iyong doktor ang iyong medikal na pangangailangan para sa medikal na transportasyon at aprubahan ito ulit kada 12 buwan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van o sasakyang panghimpapawid. Pinahihintulutan ng Health Net ang pinakamurang medikal na transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Nangangahulugan iyong, halimbawa, kung ikaw ay may pisikal o medikal na kakayahan para maihatid ng isang wheelchair van, hindi magbabayad ang Health Net ng ambulansya. May karapatan ka sa transportasyong pamhimpapawid kung hindi posible ang anumang uri ng transportasyon sa lupa dahil sa iyong medikal na kundisyon.

Dapat gamitin ang medikal na transportasyon kapag:

- Ito ay pisikal o medikal na kinakailangan gaya ng tinukoy na may nakasulat na pahintulot ng doktor o ibang tagapagkaloob ng serbisyo dahil wala kang kakayahang pisikal o medikal na sumakay sa isang bus, taxi, kotse, o van para makarating sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at pauwi mula sa iyong tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o mental na kapansanan.
- Nauna na itong naaprubahan ng Health Net nang may nakasulat na form ng PCS galing sa isang doktor.

Para humiling ng medikal na transportasyon na inireseta ng iyong doktor para sa mga hindi agaran (karaniwang) appointment, pakitawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 nang hindi bababa sa 48 oras (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Mangyaring ihanda ang iyong member ID card bago ka tumawag.

**Mga limitasyon ng medikal na transportasyon:** Ibinibigay ng Health Net ang pinakamurang medikal na transportasyong nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan sa pinakamalapit na tagapagkaloob ng serbisyo mula sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Hindi magbibigay ng medikal na transportasyon kung hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo. Kung ang uri ng appointment ay sinasaklaw ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, tutulungan ka ng Health Net na iskeddyul ang iyong transportasyon. May listahan ng mga sinasaklaw na serbisyo sa Handbook ng Miyembro na ito. Hindi sinasaklaw ang transportasyon sa labas ng network o lugar na pinagseserbisyuhan maliban na lang kung pauna na itong pinahintulutan ng Health Net. Para sa higit pang impormasyon o para humiling ng medikal na transportasyon, pakitawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Gastos ng miyembro:** Walang gagastusin kapag ang transportasyon ay isinaayos ng Health Net.

### ***Paano makakuha ng hindi medikal na transportasyon***

Kabilang sa iyong mga benepisyo ang pagkuha ng masasakyan papunta sa iyong mga appointment kapag ang appointment ay para sa isang serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal and wala kang anumang access sa transportasyon. Makakuha ka ng masasakyan, nang wala kang kailangang bayaran, kapag sinubukan mo na ang lahat ng ibang paraan para makakuha ng transportasyon at ikaw ay:

- Bibiyahe papunta sa at galing sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong tagapagkaloob; o
- Kukuha ng mga gamot at medikal na supply.

Pinahihintulutan ka ng Health Net na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal. Sasaklawin ng Health Net ang pinakamurang uri ng hindi medikal na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Kung minsan, maaaring magbigay ang Health Net ng reimbursement para sa mga pagsakay sa mga pribadong sasakyan na maisasaayos mo. Dapat ay aprubahan muna ito ng Health Net bago mo kunin ang sasakyan, at dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka makakuha ng sasakyan sa ibang paraan, tulad ng bus. Maaari mo itong sabihin sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa amin. Hindi ka mare-reimburse kung ipagmamaneho mo mismo ang iyong sarili.

Kailangan ang lahat ng mga sumusunod para sa pag-reimburse sa mileage:

- Ang lisensya sa pagmamaneho ng driver
- Ang rehistro ng sasakyan ng driver
- Katibayan ng insurance sa sasakyan ng driver

Para humiling ng sakay para sa mga serbisyong pinahintulutan, tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) nang hindi bababa sa 24 na oras (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Mangyaring ihanda ang iyong member ID card bago ka tumawag.

Paunawa: Maaaring kaugnayin ng mga American Indian ang kanilang lokal na Klinikang Pangkalusugan para sa Indian para humiling ng hindi medikal na transportasyon.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Mga limitasyon ng hindi medikal na transportasyon:** Ibinibigay ng Health Net ang pinakamurang hindi medikal na transportasyong nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pinakamalapit na tagapagkaloob ng serbisyo mula sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Hindi maaaring ipagmaneho ng mga miyembro ang kanilang sarili o hindi maaaring direktang maibalik sa kanila ang ibinayad. Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### **Hindi naaangkop ang hindi medikal na transportasyon kung:**

- Medikal na nangangailangan ng ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng medikal na transportasyon upang makarating sa isang sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta sa at pauwi mula sa tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o medikal na kundisyon.
- Nasa wheelchair ka at hindi ka makakasakay o makakababa sa sasakyan nang walang tulong mula sa driver.
- Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo.

**Gastos ng miyembro:** Walang gagastusin kapag isinaayos ng Health Net ang hindi medikal na transportasyon.

**Mga gastusin sa biyahe:** Sa ilang pagkakataon, maaaring saklawin ng Health Net ang mga gastusin sa biyahe gaya ng mga pagkain, pananatili sa hotel, at iba pang kaugnay na gastusin kung kailangan mong bumiyahe para sa appointment sa doktor na hindi available malapit sa iyong tahanan. Maaaring saklawin din ang kasamang alalay at donor sa transplant ng pangunahing organ, kung naaangkop. Kailangan mong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### **Mga serbisyo sa ngipin**

**Kung ikaw ay nakatira sa Los Angeles County,** gumagamit ang Medi-Cal Dental Managed Care Program ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga para mabigay ang iyong mga dental na serbisyo. Puwede kang manatili sa Fee-for-Service Dental o puwede mong piliin ang Dental Managed Care. Para pumili o palitan ang iyong planong dental, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Kung ikaw ay nakatira sa Sacramento County**, gumagamit ang Medi-Cal Dental Managed Care Program ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga para mabigay ang iyong mga dental na serbisyo. Kailangan mong magpatala sa Dental Managed Care. Sa ilang pagkakataon, maaari kang maging kuwalipikado para sa pagpapatala sa Dental Managed Care. Para malaman pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Sinasaklaw ng Medi-Cal Dental ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Diagnostic at pag-iwas
- Kalinisan ng ngipin (gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pasta
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Scaling at root planing
- Buo at hindi kumpletong pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kuwalipikado
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Medi-Cal Dental Program sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

Kung may mga tanong ka at nakatira ka sa mga county ng Los Angeles o Sacramento, o kung gusto pang matuto tungkol sa mga serbisyong dental, at nakatala sa isang plano ng Dental Managed Care, tawagan ang iyong itinalagang plano ng Dental Managed Care.

Para sa mga miyembro sa ibang county, tignan ang “Iba pang serbisyo na maaari mong makuha sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang programa” para sa impormasyon tungkol sa mga benepisyong dental.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Iba pang mga benepisyo at programa na sinasaklaw ng Health Net

### Mga serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga

Sinasaklaw ng Health Net ang mga benepisyong ito sa pangmatagalang pangangalaga para sa mga miyembrong kuwalipikado sa:

- Mga serbisyo ng pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga gaya ng inaprubahan ng Health Net
- Mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pag-aalaga kung inaprubahan ng Health Net

Kung ikaw ay kuwalipikado para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, sisiguraduhin ng Health Net na malalagay ka sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinakaakma sa iyong mga pangangailangang medikal.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### Pamamahala ng pangunahing pangangalaga

Tutulong ang Health Net sa pakikipag-ugnayan at pangangasiwa ng iyong mga pangangailangan at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kang babayaran. Makikipagtulungan ang Health Net sa iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng mga serbisyong medikal na kinakailangan, kabilang ang mga inireresetang gamot at mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa pag-uugali, kahit na sinasaklaw ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Health Net. Kabilang dito ang pakikipag-ugnayan ng pangangalaga sa ibang mga sitwasyon, halimbawa ay kung kailangan mong maospital at nakauwi na sa iyong tahanan o sa isang pasilidad ng bihasang pangangalaga.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### **Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga**

Sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo ng Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (ECM) para sa mga miyembrong may mga lubos na kumplikadong pangangailangan. Ang ECM ay isang benepisyong nagbibigay ng mga karagdagang serbisyo para matulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo para manatiling malusog. Pinapangasiwaan nito ang pangangalagang nakukuha mo mula sa iba't ibang doktor. Tumutulong ang ECM sa pangangasiwa ng pangunahing pangangalaga, pangangalaga para sa kagyat at malubhang sakit, kalusugan ng pag-uugali, paglaki, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) sa komunidad, at mga referral sa mga available na mapagkukunan sa komunidad.

Kung kuwalipikado ka, maaari kang kaugnayin tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Maaari mo ring tawagan ang Health Net para malaman kung makakatanggap ka at kung kailan ka makakatanggap ng ECM. O makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na siyang aalam kung kuwalipikado ka para sa ECM at kung kailan at paano mo ito matatanggap.

### ***Mga sinasaklaw na serbisyo ng ECM***

Kung kuwalipikado ka para sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong pangkat sa pangangalaga, kabilang ang isang Punong Tagapangasiwa ng Pangangalaga. Kakausapin ka ng taong ito pati ang iyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, tagapamahala ng kaso, tagapagkaloob ng mga serbisyong panlipunan at iba pa upang matiyak na nagtutulungan ang lahat para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulungan ka rin ng isang Punong Tagapangasiwa ng Pangangalaga na makahanap at makapag-apply para sa iba pang serbisyo sa iyong komunidad.

Kasama sa ECM ang:

- Outreach at pakikisalamuha
- Komprehensibong pagtatasa at pamamahala sa pangangalaga
- Pinahusay na pangangasiwa ng pangangalaga
- Pagtataguyod ng kalusugan
- Komprehensibong transitional na pangangalaga
- Mga serbisyo ng suporta sa miyembro at pamilya
- Pangangasiwa at referral sa mga suporta sa komunidad at lipunan

Para malaman kung angkop para sa iyo ang ECM, makipag-usap sa iyong kinatawan sa Health Net o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### ***Gastos ng miyembro***

Walang gagastusin ang miyembro para sa mga serbisyo ng ECM.

### ***Mga Suporta sa Komunidad***

Maaaring maging available ang Mga Suporta sa Komunidad sa ilalim ng iyong Plano sa Pangangalaga para sa Indibidwal. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga medikal na naaangkop at murang alternatibong serbisyo o setting para sa mga sinasaklaw sa ilalim ng Plano ng Medi-Cal ng Estado. Ang mga serbisyong ito ay opsyonal na tanggapin ng mga Miyembro. Kung magiging kuwalipikado ka, matutulungan ka ng mga serbisyong ito na mamuhay nang independiyente. Hindi pinapalitan ng mga ito ang mga benepisyong nakukuha mo na sa ilalim ng Medi-Cal.

Ang Mga Suporta sa Komunidad (CS), ay mga sebisiyong binibigay ng Pagsulong at Pagbabago ng Medi-Cal sa California (CalAIM), sa pamamagitan ng Kagawaran ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) para tulungan na mapabuti ang kalusugan ng mga miyembro ng Medi-Cal sa estado.

Makikipagtulungan ang Health Net sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng CS na mga organisasyon na nakabase sa komunidad at may karanasan sa direktang pakikipagtrabaho sa komunidad na nauunawaan ang pangangailangan ng mga miyembro. Ang pangunahing layunin ay hayaan ang mga miyembro na makatanggap ng pangangalaga sa mga lokasyon kung saan sila pinakakomportable at panatilihin sila sa kanilang mga tahanan o komunidad. May 14 na mga serbisyo ng CS na opsyonal sa mga miyembro at magiging available sa iba't ibang oras, gaya ng inilarawan sa mga tala sa ibaba.

Para malaman pa ang tungkol CS o para ma-access ang mga serbisyong ito, maaari mong tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, o tumawag sa the State's Medi-Cal Health Care Options sa 800-430-4263 (TTY 800-430-7077).

Maaari mo ring tanungin ang iyong doktor o klinika tungkol sa mga serbisyo.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



**Mga Serbisyo sa Pagtugon ng Kawalan ng Tirahan at Pabahay:**

<b>Mga Suporta sa Komunidad</b>	<b>Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado</b>
Mga Deposito sa Pabahay	<p><b>Pagpopondo para sa isa-mga oras ng serbisyo na kailangan sa pagbuo ng sambahayan</b>, kasama ang mga deposito para makakuha ng upa, pagsaklaw sa mga gastos sa mga bayarin para sa utility sa unang buwan, o renta sa una at huling buwan na kailangan bago ang pagpasok.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakakatanggap ng mga serbisyo sa Paglilipat/Paghahanap ng Bahay.</li> <li>• Inuuna para sa tulong sa pabahay sa pamamagitan ng lokal na Sistema ng Isinaayos na Paglista ng walang tirahan o parehong sistema.</li> <li>• Kasalukuyang walang matirahan.</li> </ul>
Mga Serbisyo sa Paglilipat at Paghahanap ng Bahay	<p><b>Tulong sa pagkakaroon ng pabahay.</b> Maaaring kasama rito ang tulong sa paghahanap ng pabahay o pagkumpleto ng mga aplikasyon sa pabahay, maging ang pagbuo ng indibidwal na plano sa pagsuporta sa bahay.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Inuuna para sa tulong sa pabahay sa pamamagitan ng lokal na Sistema ng Isinaayos na Paglista ng walang tirahan o parehong sistema.</li> <li>• Kasalukuyang walang matirahan.</li> <li>• Nanganganib na mawalan ng tirahan.</li> </ul>



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
Pangungupahan sa Pabahay at Mga Serbisyo sa Pagpapanatili	<p>Tulong sa pagpapanatili ng tiyak na pangumgupahan kapag nakahanap na ng tirahan. Maaaring kasama rito ang mga panghihimasok sa mga kaugalian na makakahadlang sa pabahay, gaya ng huling pagbayad ng renta at mga serbisyo para mabuo ang kaalaman sa pananalapi.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakakatanggap ng mga Serbisyo sa Paglilipat/Paghahanap ng Bahay.</li> <li>• Inuuna para sa tulong sa pabahay sa pamamagitan ng lokal na Sistema ng Isinaayos na Paglista ng walang tirahan o parehong sistema.</li> <li>• Kasalukuyang walang matirahan.</li> <li>• Nanganganib na mawalan ng tirahan.</li> </ul>

**Mga Serbisyo sa Pagpapagaling:**

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
Pangangalaga sa Pagpapagaling (medikal na pahinga)	<p><b>Panandaliang pangangalaga sa bahay para sa mga beneficiary na hindi na kailangan ng pagpapaospital, at kailangan pa ring makabawi</b> mula sa pinsala o sakit.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nanganganib na maospital o kakatapos lang maospital.</li> <li>• Mag-isang naninirahan nang walang pormal na suporta.</li> <li>• Nahaharap sa walang kasiguraduhan sa pabahay o may pabahay na maaaring makapahamak sa kanilang kalusugan at kaligtasan kung hindi aayusin.</li> </ul>



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
Pahinga	<p><b>Panandaliang ginhawa para sa mga caregiver</b> sa mga beneficiary na nangangailangan ng pasulpot-sulpot na pansamantalang pangangasiwa.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakatira sa komunidad at nakompromiso ang kanilang mga Gawain sa Pang-araw-araw na Buhay.</li> <li>• Umaasa sa caregiver na ibigay ang karamihan sa kanilang suporta.</li> <li>• Nangangailangan ng pangangalaga ng caregiver para maiwasan ang pagpapadala sa ospital.</li> </ul>
Panandaliang Pabahay Pagkatapos ng Pagpapaospital	<p><b>Sitwasyon kung saan patuloy na makatanggap ng pangangalaga ang mga beneficiary</b> sa mga pangangailangang medikal, psychiatric, o problema sa paggamit ng droga o alkohol <b>pagkatapos makalabas ng ospital.</b></p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Patapos na sa pangangalaga sa pagpapagaling.</li> <li>• Uuwi na mula sa pananatili sa ospital bilang inpatient.</li> <li>• Natutugunan ang depenasyon ng HUD na walang matirahan.</li> </ul>
Mga Sentro ng Pagpapagaling	<p><b>Alternatibong destinasyon para sa mga beneficiary na natagpuang lasing</b> at ipapadala sa halip sa emergency na departamento o sa kulungan.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Edad 18 pataas at lasing.</li> <li>• Naipadala sa emergency na departamento o sa kulungan.</li> <li>• Pinadala sa emergency na departamento at nararapat sa isang Sentro ng Pagpapagaling.</li> </ul>



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Mga Serbisyo para sa Pangmatagalang Kagalingan sa Mga Lugar na Parang Tirahan:**

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
Lunas sa Hika	<p><b>Pisikal na pagbabago</b> sa tirahan ng beneficiary para mabawasan ang mga nagdudulot ng astma sa kapaligiran.</p> <p>Mga serbisyong available sa mga piling county (kontakin ang mga serbisyo para sa miyembro para sa mga programa sa iyong county).</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• May asthma na hirap ikontrol sa nakaraang 12 buwan (na tinutukoy ng pagpunta sa emergency na departamento o pagpapaospital o dalawang pagbisita para sa sakit o agarang pangangalaga)</li> <li>• May iskor na 19 o mas mababa sa pagsusuri sa pagkontrol ng hika.</li> </ul>
Pang-umagang Habilitation (Pagtulong na Mapabuti ang Kakayahan)	<p><b>Mga programang binibigay para tulungan ang mga beneficiary sa pagpapahusay ng kakayanan na mahalaga sa pagtira sa mga lugar na parang bahay</b>, kadalasan ay binibigay ng mga caregiver na parang kapantay at nagtuturo ang estilo. Maaaring kasama sa mga programang ito ang pagsasanay sa paggamit ng pampublikong transportasyon o paghanda ng mga pagkain.</p> <p>Ang mga serbisyo ay available sa lahat ng county.</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kasalukuyang walang matirahan.</li> <li>• Nakalaya sa pagiging walang tirahan at nakakuha ng pabahay sa nakaraang 24 na buwan.</li> <li>• Nanganganib na mawalan ng tirahan o ipapadala sa institusyon para mapabuti ang kasiguraduhan ng pabahay.</li> </ul>



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
Pagbabago sa Pag-access sa Kapaligiran	<p><b>Mga pisikal na pagbabago sa bahay para masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng beneficiary</b> o hayaan ang indibidwal na malayang makakilos sa bahay. Kabilang rito ang mga rampa at hawakan.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nanganganib na mapadala sa isang nursing facility.</li> </ul>
Mga Pagkain/ Pagkain na Iniayon sa Medikal	<p><b>Mga pagkain na pinadala sa bahay at iniayon para matugunan ang natatanging pangangailangan sa diet ng mga beneficiary</b>, kasama ang paglabas sa ospital.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• May mga pangmatagalang kundisyon.</li> <li>• Nakalabas na mula sa ospital o skilled nursing facility.</li> <li>• Nanganganib na maospital o mapadala sa nursing facility.</li> <li>• May malawak na pangangailangan sa koordinasyon ng pangangalaga.</li> <li>• Natasa ng isang rehistradong dietitian o sertipikadong propesyonal sa nutrisyon.</li> </ul>
Paglilipat/ Pagpunta sa ALF mula sa Nursing Facility	<p><b>Mga serbisyong binibigay para tulungan ang mga beneficiary sa paglipat mula sa nursing facility papunta sa komunidad</b> o para maiwasan na mapadala sa nursing facility ang mga beneficiary.</p> <p>Mga serbisyong available sa mga piling county (kontakin ang mga serbisyo para sa miyembro para sa mga programa sa iyong county).</p>



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
	<p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <p>Para sa Paglilipat sa Nursing Facility</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakatira sa nursing facility nang 60+ na araw.</li> <li>• Pumapayag na tumira sa kundisyon na may tulong sa pamumuhay bilang alternatibo sa nursing facility.</li> <li>• Kayang ligtas na tumira nang may suporta sa assisted living facility.</li> </ul> <p>Para sa Pagpunta sa Nursing Facility</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Interesadong manatili sa komunidad.</li> <li>• Pumapayag at kayang ligtas na tumira nang may suporta sa isang assisted living facility.</li> <li>• Kasalukuyang nakakatanggap ng kinakailangang pasilidad sa nursing o tumutugon sa pinakamababang pamantayan sa pagtanggap ng mga serbisyo ng nursing facility.</li> </ul>
Mga Serbisyo sa Paglilipat sa Komunidad/Mula Nursing Facility Pabalik ng Bahay	<p><b>Mga serbisyong binibigay para tulungan ang mga beneficiary sa paglipat mula sa nursing facility na pangangalaga papunta sa komunidad</b> kung saan sila ay responsable sa pang-araw-araw na gastos.</p> <p>Mga serbisyong available sa mga piling county (kontakin ang mga serbisyo para sa miyembro para sa mga programa sa iyong county).</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kasalukuyang tumatanggap ng medikal na kinakailangan na antas ng pangangalaga sa nursing facility.</li> <li>• Nakatira sa nursing home at/o lugar ng Medikal na Pagpapahinga nang 60+ na araw.</li> <li>• Interesadong bumalik sa komunidad.</li> <li>• Kayang tumira nang ligtas sa komunidad nang may serbisyong pansuporta.</li> </ul>



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan at Pagiging Kuwalipikado
<p>Pangangalaga sa Sarili at Mga Serbisyo ng Maybahay</p>	<p><b>Mga serbisyong binibigay para tulungan ang mga beneficiary sa mga pang-araw-araw na gawain</b>, gaya ng pagligo, pagbihis, paglilinis ng bahay, at pamimili ng grocery.</p> <p>Mga serbisyong available sa mga piling county (kontakin ang mga serbisyo para sa miyembro para sa mga programa sa iyong county).</p> <p><b>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nanganganib na maospital o mapadala sa isang nursing facility.</li> <li>• May kakulangan sa pagkilos at walang ibang sistemang pansuporta.</li> <li>• Naaprubahan para sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay.</li> </ul>

Kung kailangan mo ng tulong o kung gusto mong malaman kung aling Mga Suporta sa Komunidad ang available para sa iyo, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711) o tawagan ang iyong tagapagkaloob ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

## Mga Pangunahing Transplant ng Organ

### *Mga transplant para sa mga batang wala pang 21 taong gulang*

Iniaatas ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng mga transplant sa programang Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS) para matukoy kung kuwalipikado ang bata sa CCS. Kung kuwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo. Kung hindi kuwalipikado ang bata para sa CCS, ire-refer ng Health Net ang bata sa isang kuwalipikadong transplant center para sa ebaluwasyon. Kung kumpirmahin ng transplant center na kailangan at ligtas ang transplant, sasaklawin ng Health Net ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### ***Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas***

Kung mapagpapasyahan ng iyong doktor na maaaring mangailangan ka ng pangunahing transplant ng organ, ire-refer ka ng Health Net sa isang kuwalipikadong transplant center para sa isang ebaluwasyon. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kailangan at ligtas ang transplant para sa iyong medikal na kundisyon, sasaklawin ng Health Net ang transplant at iba pang mga kaugnay na serbisyo.

Ang mga sumusunod na pangunahing transplant ng organ na sinasaklaw ng Health Net ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Puso
- Puso/Baga
- Bato
- Bato/Lapay
- Atay
- Atay/Maliit na bituka
- Baga
- Lapay
- Maliit na bituka

### **Programang Paghinto sa Paggamit ng Tabako**

Ang programang Kick It California para sa paghinto sa paggamit ng tabako ay available sa mga miyembro ng Health Net. Nag-aalok ang programa ng libreng pagpapayo sa telepono, materyal na pantulong sa sarili at online na tulong sa anim na wika (Ingles, Espanyol, Cantonese, Mandarin, Koreano, at Vietnamese). Available ang mga may espesyalidad na serbisyo sa mga teenager, mga kababaihang buntis, at mga ngumunguya ng tabako para matulungan ang mga miyembro na huminto sa paninigarilyo o pagve-vape at manatiling walang tabako. May mga available ring programa sa pagte-text, mga mobile app at live chat na feature. Maaaring magpatala ang mga miyembro ng Health Net sa programa sa paghinto sa paggamit ng tabako sa telepono, nang walang paunang pahintulot para sa mga miyembro anuman ang kanilang edad at hindi alintana kung magpasya silang gumamit ng mga gamot para sa paghinto sa paggamit ng tabako, sa pamamagitan ng pagtawag sa Kick It California sa 1-800-300-8086, o online sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org). Available ang pagtuturo sa telepono Lunes hanggang Biyernes mula 7:00 a.m. hanggang 9:00 p.m., at Sabado mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Sasaklawin ng Health Net ang pagpapayo para sa paghinto sa paggamit ng tabako para sa hindi bababa sa dalawang magkahiwalay na pagtatangkang huminto kada taon, nang walang paunang pahintulot, at nang walang sapilitang pagtigil sa pagitan ng mga pagtatangkang huminto. Maaaring humiling ng referral ang mga miyembro para sa panggrupong pagpapayo sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento ng Edukasyong Pangkalusugan sa 1-800-804-6074.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Ang mga nasa hustong gulang na miyembro na hindi buntis ay kuwalipikado para sa isang pang-90 araw na rehimen ng alinmang gamot na inaprubahan ng FDA para sa paghinto sa paggamit ng tabako. Kabilang sa mga ito ang mga over-the-counter na gamot na may reseta mula sa tagapagkaloob. May hindi bababa sa isang gamot na inaprubahan ng FDA ang gagawing available nang walang paunang pahintulot.

Available ang mga interbensyon at mapagkukunan sa edukasyong pangkalusugan sa mga miyembro ng Health Net nang wala kang kailangang bayaran sa pamamagitan ng pag-refer sa sarili o isang referral mula sa kanilang doktor ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaaring humiling ang mga miyembro ng mga edukasyonal na mapagkukunan tungkol sa mga paksang pangkalusugan gaya ng, ngunit hindi limitado sa nutrisyon, pag-iwas sa HIV/STD, pagpapalano ng pamilya, ehersisyo, perinatal, hika, pag-abuso sa paggamit ng droga at alak at marami pang iba. Makakakuha ang mga miyembro ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa toll-free na Linya para sa Impormasyon sa Edukasyong Pangkalusugan ng Health Net sa 1-800-804-6074.

### Maagang Pagsisimula/Maagang Interbensyon

- Ang Programa ng Maagang Pagsisimula ay para sa mga sanggol at maliliit pang bata mula sa kapanganakan hanggang 3 taong gulang na nangangailangan ng mga serbisyo sa maagang interbensyon at may mga problemang maaaring magresulta sa mga pagkaantala ng paglaki, o nagpapakita ng mga senyales ng pagkaantala ng paglaki. Ang ilan sa mga mapanganib ng kalagayan ay:
  - Asphyxia
  - Impeksiyon sa central nervous system
  - Prematurity
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Maagang Pagsisimula/Maagang Interbensyon o sa isang referral sa Panrehiyong Sentro para sa Maagang Pagsisimula/Maagang Interbensyon, makipag-usap sa iyong doktor o sa aming plano.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### Mga serbisyo ng pagtatasa ng Local Education Agency (LEA)

- Nagbibigay ang LEA ng ilang partikular na serbisyo ng pagtatasa ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa sa paaralan. Ang LEA ay ang iyong lokal na pampublikong paaralan. Maaaring makatanggap ng mga serbisyo ang mga batang 3 hanggang 21 taong gulang nang walang referral mula sa kanilang PCP. Dapat iugnay ng PCP ang mga kinakailangang serbisyong medikal sa LEA. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ng LEA ang:
  - Mga pagtatasa ng Kalusugan ng Katawan at Pag-iisip
  - Mga pagtatasa ng edukasyon at psychosocial na pagtatasa
  - Edukasyong pangkalusugan at nutrisyon
  - Mga pagtatasa ng paglaki
  - Physical at Occupational Therapy
  - Speech Therapy at audiology (mga pagsusuri ng pandinig)
  - Pagpapayo
  - Mga serbisyo sa pag-aalaga
  - Mga serbisyo ng tulong sa kalusugan sa paaralan
  - Medikal na transportasyon

### Mga miyembrong may kapansanan sa paglaki

#### MGA PANREHIYONG SENTRO

- Nilikha ang mga Panrehiyong Sentro upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa paglaki. Kabilang sa mga kundisyong itinuturing bilang kapansanan ang: kakulangan sa pag-iisip, epilepsy, autism, cerebral palsy, Down's Syndrome, mga pagkaantala ng pagsasalita at pakikipag-usap. Tinutulungan ng mga Panrehiyong Sentro ang kanilang mga kliyente at pamilyang makahanap ng pabahay, mga pang-araw na programa para sa mga nasa hustong gulang, transportasyon, pangangalagang pangkalusugan at panlipunang aktibidad. Karamihan sa kanilang mga serbisyo ay libre sa mga kuwalipikadong kliyente. Kung mayroon kang kapamilyang na-diagnose na may kundisyong itinuturing bilang kapansanan bago ang edad na 18, iuugnay ka ng iyong PCP sa lokal na Panrehiyong Sentro.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal

### Iba pang serbisyong maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) ng Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal

Kung minsan, hindi sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyo, ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga iyon sa pamamagitan ng FFS ng Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal. Makikipagtulungan ang Health Net sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng mga serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na sinasaklaw ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Health Net. Nakalista sa seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### Mga inireresetang gamot para sa outpatient

#### *Mga inireresetang gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal Rx*

Ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang parmasya ay sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, isang FFS na programa ng Medi-Cal. Ang ilang gamot na ibinibigay ng isang tagapagkaloob sa isang tanggapan o klinika ay maaaring saklawin ng Health Net. Maaari kang resetahan ng iyong tagapagkaloob ng mga gamot na nasa Listahan ng mga Gamot ayon sa Kontrata ng Medi-Cal Rx.

Kung minsan, kinakailangan ang isang gamot at wala ito sa Listahan ng Gamot ayon sa Kontrata. Kakailanganing aprubahan ang mga gamot na ito bago maaaring kunin ang mga ito sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Posibleng bigyan ka ng isang pharmacist sa iyong parmasyang pang-outpatient ng emergency na supply na pang-72 oras kung sa tingin niya ay kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na supply ng gamot na ibinigay ng outpatient na parmasya.
- Maaaring tumanggi ang Medi-Cal Rx sa isang kahilingang hindi pang-emergency. Kung tumanggi sila, padadalhan ka nila ng sulat para sabihin sa iyo kung bakit. Sasabihin nila sa iyo kung ano ang mga pagpipilian mo. Tingnan ang seksyong “Mga reklamo” sa Kabanata 6 Pag-uulat at paglutas ng mga problema para sa higit pang impormasyon.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Para malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng Gamot ayon sa Kontrata o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Gamot ayon sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711), bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

### ***Mga parmasya***

Kung kumukuha o nagre-refill ka ng reseta, dapat mong kunin ang iyong mga inireresetang gamot mula sa parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Puwede ka ring maghanap ng parmasyang malapit sa iyo o parmasyang puwedeng magpadala ng iyong reseta sa koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).

Kapag nakapili ka na ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa parmasya. Maaari din itong ipadala ng iyong tagapagkaloob sa parmasya para sa iyo. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ng iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC). Tiyaking alam ng parmasya ang lahat ng gamot na iniinom mo at anumang allergy na mayroon ka. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong reseta, tiyaking magtatanong ka sa pharmacist.

Maaari ring makatanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa Health Net para makapunta sa mga parmasya. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency” sa handbook na ito.

### **Mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip**

May ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng mga plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county sa halip ng Health Net. Kasama sa mga ito ang mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan ng SMHS. Maaaring kabilang sa SMHS ang mga outpatient, residensyal, at inpatient na serbisyong ito:

#### ***Mga serbisyo para sa outpatient:***

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong suporta sa gamot



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga masinsinang serbisyo ng pang-umagang gamutan (day treatment intensive services)
- Mga serbisyong rehabilitasyon sa araw (day rehabilitation services)
- Mga serbisyo ng interbensyon sa panahon ng krisis
- Mga serbisyo ng pagpapahupa ng krisis
- Mga serbisyo ng pamamahala sa partikular na kaso
- Mga therapeutic behavioral service (sinasaklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Intensive care coordination (ICC) (sinasaklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Intensive home-based services (IHBS) (sinasaklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Therapeutic foster care (TFC) (sinasaklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)

### ***Mga serbisyong residensyal:***

- Mga serbisyong paggamot sa residensyal na pasilidad para sa mga nasa hustong gulang
- Mga serbisyong paggamot sa residensyal na pasilidad sa panahon ng krisis

### ***Mga serbisyo para sa inpatient:***

- Mga serbisyo ng ospital para sa malubhang psychiatric na karamdaman para sa inpatient
- Mga serbisyo ng propesyonal para sa psychiatric na karamdaman para sa inpatient
- Mga serbisyong psychiatric ng pasilidad sa kalusugan

Para matuto pa tungkol sa mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, maaari mong tawagan ang plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county. Para makita online ang mga toll-free na numero ng telepono sa lahat ng county, bisitahin ang [dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx). Kung tinukoy ng Health Net na kailangan mo ng mga serbisyo mula sa planong pangkalusugan para sa pag-iisip ng county, tutulungan ka ng Health Net na kumonekta sa mga serbisyo ng planong pangkalusugan ng pag-iisip ng cpunty.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### Mga serbisyo para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga at alak

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo para sa karamdamang kaugnay ng paggamit ng droga o alkohol sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan ng mga serbisyong ito. Ang mga miyembrong matutukoy para sa mga serbisyo para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng droga at alak ay ire-refer sa departamento ng kanilang county para sa paggamot. Para makita ang mga numero ng telepono ng lahat ng county online, bisitahin ang

[https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

Maliban sa ipinapakita sa ilalim ng subseksyong “Mga benepisyo sa Medi-Cal na sinasaklaw ng Health Net,” ang lahat ng iba pang serbisyo ng gamutan sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga at serbisyo ng heroin detoxification para sa outpatient ay hindi sinasaklaw ng Health Net. Ang mga miyembrong mangangailangan ng mga serbisyong ito ay ire-refer sa tagapagkaloob ng serbisyo ng Voluntary Inpatient Detox (VID) o sa programa ng kanilang county para sa gamutan sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga para sa paggamot. Patuloy na makikipagtulungan ang Health Net sa iyong PCP upang saklawin ang mga pangunahing pangangalaga at iba pang serbisyong walang kaugnayan sa paggamot para sa pag-abuso sa paggamit ng droga at alak, at pangangasiwaan nito ang mga serbisyo sa (mga) programa ng paggamot, kung kinakailangan.

### Mga serbisyo sa ngipin

Para sa lahat ng county maliban sa Los Angeles, Sacramento, ang Medi-Cal (sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program) Medi-Cal Dental Program ay pareho sa Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal para sa iyong mga serbisyo sa ngipin. Bago ka makakuha ng mga serbisyo sa ngipin, kailangan mong ipakita ang iyong BIC sa dental tagapagkaloob ng serbisyo at siguraduhing kukunin ng tagapagkaloob ng serbisyo ang FFS Dental.

Sinasaklaw ng Medi-Cal Dental ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Pangangalaga sa ngipin na diyagnostiko at pang-iwas sa sakit (gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pasta
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Scaling at root planing
- Buo at hindi kumpletong pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kuwalipikado
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Medi-Cal Dental Program sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

### California Children's Services (CCS)

Ang CCS ay isang programa ng Medi-Cal na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kundisyon sa kalusugan, sakit, o pangmatagalang problemang pangkalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng programang CCS. Kung naniniwala ang Health Net o ang iyong PCP na mayroong kundisyon ang iyong anak na kuwalipikado sa CCS, ire-refer siya sa programa ng CCS sa county para matasa para sa pagiging kuwalipikado.

Pagpapasyahan ng mga kawani ng programa ng CCS kung kuwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng CCS. Hindi ang Health Net ang nagpapasya sa pagiging kuwalipikado sa CCS. Kung naging kuwalipikado ang iyong anak na makuha ang ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ng CCS para sa kundisyong angkop sa CCS. Patuloy na sasaklawin ng Health Net ang mga uri ng serbisyong walang kinalaman sa kundisyong angkop sa CCS tulad ng mga pagpapacheck-up ng katawan, bakuna, at pagpapatingin ng bata habang walang sakit.

Hindi sinasaklaw ng Health Net ang mga serbisyong ibinibigay ng programang CCS. Upang saklawin ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang tagapagkaloob, ang mga serbisyo, at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kundisyon sa kalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan sa mga kundisyon sa kalusugan na dahilan ng pisikal na kapansanan o kailangang gamutin gamit ang mga gamot, operasyon, o rehabilitasyon (rehab).

Sinasaklaw ng CCS ang mga batang may kundisyon sa kalusugan gaya ng:

- Mga sakit sa puso mula pagkasilang
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Malubhang pangmatagalang problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Cleft lip/palate o pagkabingot
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malubhang pinsala sa ulo, utak, o gulugod
- Malulubhang pagkapaso
- Malubhang pagkasungki ng ngipin

Ang Medi-Cal ang nagbabayad para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kuwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakakuha ng pangangalagang medikal na kinakailangan mula sa Health Net.

Para matuto pa tungkol sa CCS, maaari mong bisitahin ang web page ng CCS sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

---

## Mga Serbisyonang hindi mo makukuha sa Health Net o Medi-Cal

Mayroong ilang serbisyo na hindi sasaklawin ng Health Net o Medi-Cal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF), kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga pag-aaral sa pagkabaog o mga procedure para ma-diagnose o magamot ang pagkabaog
- Pagpreserba ng kakayanang manganak
- Mga serbisyonang pinag-eeksperimentuhan
- Mga pagbabago sa bahay
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Kosmetikong operasyon
- California Children's Services (CCS)
- Lahat ng serbisyonang hindi kasali sa Medi-Cal sa ilalim ng pang-estado at/o pederal na batas
- Pagtutuli sa mga miyembrong 31 taong gulang pataas, maliban kung medikal na kinakailangan
- Mga serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip o pagpapayo para sa mga magkarelasyon o pamilya para sa mga problema sa relasyon.
- Custodial na Pangangalaga
- Pagkabaog



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga bakunang hindi inirerekumenda ng Tagapayong Komite para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC)
- Mga item para sa personal na kaalwanan (tulad ng mga telepono, telebisyon, at guest tray) kapag nasa ospital
- Paggamot para sa matitinding problema sa alak. Kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa matitinding problema sa alak, maaaring i-refer ka sa programa ng county para sa alak at droga.
- Mga Serbisyo para sa Paningin:
  - Mga salamin sa mata na ginagamit para sa mga layuning nauugnay sa proteksyon, kosmetiko, o trabaho
  - Mga salamin sa mata na inirereseta para sa layunin maliban sa pagtatama ng mga refractive error o ng mga problema sa binocular vision
  - Mga progressive lens
  - Mga multifocal na contact lens
  - Vision therapy o pagsasanay ng paningin
- Mga inireresetang salamin sa mata para sa isang taong nakapagsuot na at may kakayahang magsuot ng contact lens

Maaaring saklawin ng Health Net ang hindi kasama sa mga benepisyo kung matutukoy na medikal itong kinakailangan. Dapat ay magsumite ang iyong tagapagkaloob ng serbisyo ng Paunang Pahintulot sa Health Net nang may kasamang mga dahilan kung bakit medikal na kinakailangan ang hindi kasama sa mga benepisyo.

Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

---

## Pagsusuri sa mga bago at kasalukuyang teknolohiya

Kabilang sa mga bagong teknolohiya ang mga procedure, gamot, produktong biyolohikal, o mga gamit na kamakailan lang ginawa para sa paggamot ng mga partikular na karamdaman o kundisyon, o mga bagong paraan ng paggamit ng mga umiiral na teknolohiya.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Sumasabay ang Health Net sa pagbabago sa mga teknolohiya at paggamot. Upang makatulong na magpasya kung ang isang bagong paggamot o pangangalaga ay dapat idagdag sa iyong plano ng benepisyo, sinusuri namin ang:

- Mga pinakabagong medikal at siyentipikong pag-aaral
- Mga rekomendasyon ng mga naglilingkod na doktor o pambansang kinilalang medikal na asosasyon
- Mga ulat at sulatin ng mga ahensya ng pamahalaan.

Ginagawa ito upang matiyak na may access ka sa ligtas at epektibong pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# 5. Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

Ang mga bata at kabataang miyembro na wala pang 21 taong gulang ay makakakuha na ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan kapag nakapagpatala na sila. Tinitiyak nitong makakatanggap sila ng tamang serbisyong pang-iwas sa sakit, serbisyo para sa ngipin, serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at mga serbisyo sa paglaki at may espesyalidad na mga serbisyo. Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

---

## Mga serbisyo para sa mga bata (Mga batang wala pang 21 taong gulang)

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay sinasaklaw para sa kinakailangang pangangalaga. Ang sumusunod na listahan ay kinabibilangan ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para magamot o maibsan ang mga depekto at diagnosis sa katawan at pag-iisip. Kabilang sa mga sinasaklaw na serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa listahan sa ibaba:

- Pagpapatingin habang walang sakit ang bata at mga check-up ng teenager (Mahahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga iniksyon)
- Pagtatasa at paggamot ng kalusugan sa pag-uugali
- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang psychotherapy sa indibidwal, grupo at pamilya (ang mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay sinasaklaw ng county)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang pagsusuri para sa lead poisoning sa dugo



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 5 | Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

- Edukasyong pangkalusugan at pang-iwas sa sakit
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo para sa ngipin (sinasaklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo para sa pandinig (sinasaklaw ng CCS para sa mga kuwalipikadong bata. Sasaklawin ng Health Net ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kuwalipikado sa CCS)

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT). Ang mga serbisyo ng EPSDT na inirerekomenda ng mga alituntunin sa Bright Futures ng mga pediatrician ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)) para matulungan ka o ang iyong anak na manatiling malusog ay sinasaklaw nang wala kang kailangang bayaran.

---

### **Mga check-up sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit habang walang sakit ang bata**

Ang pangangalagang pang-iwas sa sakit ay kinabibilangan ng mga regular na check-up sa kalusugan, mga screening para matulungan ang iyong mga doktor na mahanap nang maaga ang mga problema, at mga serbisyo sa pagpapayo para matukoy ang mga karamdaman, sakit, o medikal na kundisyon bago magdulot ng problema ang mga ito. Nakakatulong ang mga regular na check-up sa doktor mo o ng iyong anak na matukoy ang anumang problema. Posibleng kasama sa mga problema ang medikal, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang sakit sa paggamit ng droga (ipinagbabawal na gamot) at alak. Sinasaklaw ng Health Net ang mga check-up para mag-screen ng mga problema (kabilang ang pagtatasa sa antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi ito sa gawin sa regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga iniksyon na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Health Net na makukuha ng lahat ng nakatalang bata ang mga kinakailangang bakuna sa panahon ng anumang pagpapatingin para sa pangangalagang pangkalusugan. Makukuha ang mga serbisyo at screening ng pangangalaga na pang-iwas sa sakit nang walang bayad at nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 5 | Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

Dapat magpa-check up ang iyong anak sa ganitong mga edad:

- 2-4 na araw pagkapanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Isang beses kada taon mula ika-3 hanggang ika-20 taong gulang

Kabilang sa mga check up sa kalusugan habang walang sakit ang bata ang:

- Isang kumpletong history at pisikal na pagsusuri mula ulo hanggang paa
- Mga iniksyon na naaangkop sa edad (Sinusunod ng California ang iskedyul ng American Academy of Pediatrics Bright Futures Periodicity [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang pagsusuri para sa lead poisoning sa dugo
- Edukasyong pangkalusugan
- Screening para sa paningin at pandinig
- Screening para sa kalusugan ng bibig
- Screening para sa kalusugan ng bibig

Kapag may nakitang pisikal na problema o isyu sa kalusugan ng pag-iisip sa panahon ng pagpapatingin o screening, maaaring mayroong pangangalagang makakaayos o makakatulong sa problema. Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at responsable ang Health Net sa pagbabayad para sa pangangalaga, sasaklawin ng Health Net ang pangangalaga nang wala kang babayaran. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:

- Pangangalaga ng doktor, manggagamot na nars, at ospital
- Mga bakuna upang mapanatili kang malusog
- Pisikal, speech/language at occupational therapy
- Mga serbisyo sa kalusugan sa bahay, na maaaring mga medikal na kagamitan, supply, at mga kasangkapan
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kabilang ang mga salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kabilang ang mga hearing aid kapag hindi ito sinasaklaw ng CCS



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 5 | Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa autism spectrum disorder at iba pang kapansanan sa paglaki
- Pamamahala sa kaso at edukasyong pangkalusugan
- Reconstructive na operasyon, na isang operasyon para maitama o maayos ang mga abnormal na bahagi ng katawan na dulot ng mga congenital defect, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, tumor o sakit para mapahusay ang paggana o makapagkamit ng normal na hitsura

---

### Pagsusuri para sa pagkalason sa lead sa dugo

Ang lahat ng mga batang nakatala sa Health Net ay dapat na sumailalim sa pagsusuri para sa pagkalason sa lead sa dugo sa ika-12 at ika-24 na buwan o sa pagitan ng mga edad na 36 at 72 buwan kung hindi sila nasuri nang mas maaga.

---

### Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

Tutulungan ng Health Net ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Magagawa ng isang tagapangasiwa ng pangangalaga ng Health Net ang:

- Sabihan ka tungkol sa mga available na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga tagapagkaloob na nasa network o mga tagapagkaloob na wala sa network, kung kinakailangan
- Tumulong sa pagpapaiskedyul ng appointment
- Mag-ayos ng medikal na transportasyon para makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment
- Tumulong sa pangangasiwa ng pangangalaga para sa mga serbisyong available sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, gaya ng:
  - Mga serbisyo ng paggamot at rehabilitasyon para sa mga sakit sa kalusugan ng pag-iisip at sakit sa paggamit ng substansya.
  - Paggamot sa mga problema sa ngipin, kabilang ang orthodontics



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Iba pang mga serbisyo na maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa

### Mga dental check-up

Panatiliing malinis ang gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpunas dito gamit ang isang bimpo araw-araw. Pagkalipas ng apat hanggang anim na buwan, magsisimula na ang “teething” dahil sa pagtubo ng mga ngipin ng bata. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagbisita sa dentista ng iyong anak pagkalabas ng kanyang unang ngipin o pagsapit ng kanyang unang kaarawan, alinman ang mauna.

Ang mga sumusunod na serbisyo para sa ngipin ng Medi-Cal ay mga libre o murang serbisyo para sa:

#### Mga batang edad 1 hanggang 4

- Unang pagbisita ng bata sa dentista
- Unang pagsusuri sa ngipin ng bata
- Mga pagsusuri sa ngipin (kada 6 na buwan; kada 3 buwan mula pagkapanganak hanggang sa edad na 3)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (kada 6 na buwan)
- Fluoride varnish (kada 6 na buwan)
- Mga pasta
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga serbisyo para sa outpatient
- \*Pagpapatulog (kung medikal na kinakailangan)

#### Mga batang edad 5-12

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (kada 6 na buwan)
- Mga molar sealant
- Mga pasta
- Mga root canal
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga serbisyo para sa outpatient
- \*Pagpapatulog (kung medikal na kinakailangan)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 5 | Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

### Mga batang edad 13-20

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (kada 6 na buwan)
- Orthodontics (braces) para sa mga kuwalipikado
- Mga pasta
- Mga crown
- Mga root canal
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga serbisyo para sa outpatient
- Sedation (kung medikal na kinakailangan)

\*Dapat konsiderahin ang pagpapatulog at pangkalahatang anesthesia kung napatunayan na hindi naaangkop o hindi ipinapayo ang lokal na anesthesia, at ang paggamot sa ngipin ay nauna nang naaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kabilang sa mga contraindication ang, ngunit hindi limitado sa:

- Kundisyong kaugnay ng pangangatawan, pag-uugali, pag-unlad o emosyonal na humahadlang sa pasyente na tumugon sa mga pagtatangka ng tagapagkaloob ng serbisyo na magsagawa ng paggamot
- Malalawak na procedure sa panunumbalik at operasyon
- Batang hindi nakikisama
- Isang malubhang impeksyon sa lugar ng iniksyon
- Hindi nakontrol ng lokal na anesthetic ang sakit

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Medi-Cal Dental Program sa <https://smilecalifornia.org/>.

### **Mga karagdagang serbisyo sa referral para sa edukasyon para sa pag-iwas sa sakit**

Kung nag-aalala kang nahihirapan ang iyong anak na makibahagi at matuto sa paaralan, makipag-usap sa Doktor ng Pangunahing Pangangalaga, mga guro o administrator ng paaralan ng iyong anak. Bukod pa sa iyong mga medikal na benepisyo na sinasaklaw ng Health Net, may mga serbisyo na dapat ibigay ng paaralan para matulungan ang iyong anak na matuto at hindi mahuli.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



## 5 | Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyo na maaaring ibigay para matulungan ang iyong anak na matuto ang:

Mga Serbisyo sa Pagsasalita  
at Wika  
Mga Sikolohikal na Serbisyo  
Physical Therapy  
Occupational Therapy  
Assistive Technology

Mga Serbisyo sa Gawaing  
Panlipunan  
Mga Serbisyo sa Pagpapayo  
Mga Serbisyo ng Nars  
ng Paaralan  
Transportasyon papunta sa at  
galing sa paaralan

Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay at binabayaran ng Departamento ng Edukasyon ng California. Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, maaari kang gumawa ng custom na plano na pinakamakakatulong sa iyong anak.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).  
Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.  
Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.  
Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 6. Pag-uulat at pagresolba ng mga problema

May dalawang paraan upang maiulat at malutas ng mga problema:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay inihahain kapag may problema ka sa Health Net o sa isang tagapagkaloob, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap mo mula sa isang tagapagkaloob
- Ang **apela** ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng Health Net na baguhin ang iyong mga serbisyo o huwag saklawin ang mga ito

May karapatan kang maghain ng mga karaingan at apela sa Health Net para maipaalam sa amin ang tungkol sa iyong mga problema. Hindi nito aalisin ang alinman sa iyong mga ligal na karapatan at remedyo. Hindi ka namin idiskrimina o gagantihan dahil sa iyong pagrereklamo sa amin. Ang pagpapaalam ng iyong problema ay makakatulong sa aming pahasayin ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Sa lahat ng pagkakataon, dapat ka munang makipag-ugnayan sa Health Net upang ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tawagan kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema.

Kung hindi pa rin mareresolba ang iyong karaingan o apela pagkalipas ng 30 araw, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari mong tawagan ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) ng California at hilingin sa kanilang suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri. Maaari mong tawagan ang DMHC sa 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711) o bisitahin ang website ng DMHC para sa higit pang impormasyon:

<https://www.dmhc.ca.gov>.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California. Makakatulong sila kung may problema ka sa pagsali, pagpapalit, o pag-alis



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

sa isang planong pangkalusugan. Makakatulong rin sila kung lumipat ka at nahihirapan kang maipalipat ang iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman mula Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa 1-888-452-8609.

Maaari ka ring maghain ng karaingan sa tanggapan para sa pagiging kuwalipikado ng iyong county tungkol sa iyong pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino ka maghahain ng karaingan, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Upang mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong karagdagang insurance sa kalusugan, mangyaring tawagan ang Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa 1-800-541-5555.

---

## Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag mayroon kang problema, o hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa Health Net o isang tagapagkaloob. Walang limitasyon sa oras para sa paghahain ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa Health Net anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o online.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong ID number sa planong pangkalusugan, ang iyong pangalan, at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at hilingin sa kanila na padalhan ka ng form. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, ID number sa planong pangkalusugan, at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ipadala ang form sa:  
Health Net Appeals & Grievances  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91410-0348

Magkakaroon ng mga form para sa reklamo ang tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Health Net. Pumunta sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasampa ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa loob ng 5 araw ng kalendaryo pagkatanggap ng iyong reklamo, papadalhan ka namin ng liham na nagpapabatid sa iyong natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan ka namin ng isa pang sulat na magsasabi sa iyo kung paano namin naresolba ang iyong problema. Kung tatawag ka sa Health Net tungkol sa isang karaingang hindi tungkol sa pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o eksperimental o sinisiyasat na paggamot, at naresolba ang iyong karaingan sa katapusan ng susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng sulat.

Kung mayroon kang mahalagang alalahanin tungkol sa isang malubhang kundisyon sa kalusugan, sisimulan namin ang pinabilis na pagsusuri at bibigyan ka ng desisyon sa loob ng 72 oras. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Sa loob ng 72 oras pagkatanggap ng iyong reklamo, magpapasya kami tungkol sa kung paano namin pangangasiwaan ang iyong reklamo at kung pabibilisin namin ang iyong reklamo. Kung mapagpapasyahan naming hindi pabilisin ang iyong reklamo, ipapaalam namin sa iyong reresolbahin namin ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari kang direktang makipag-ugnayan sa DMHC sa anumang dahilan, kung naniniwala kang kuwalipikado ang iyong alalahanin para sa pinabilis na pagsusuri, o kung hindi tumugon ang Health Net sa iyo sa loob ng 72 oras.

Ang mga reklamong may kauganayan sa mga benepisyong parmasya sa Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng Health Net o kuwalipikado para sa Independiyenteng Medikal na Pagsusuri. Maaaring isumite ng mga miyembro ang kanilang mga reklamo tungkol sa mga benepisyong parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711) o pagpunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Gayunpaman, ang mga reklamong may kaugnayan sa mga benepisyong parmasya na wala sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging kuwalipikado para sa Independiyenteng Medikal na Pagsusuri. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 at ang linya ng TTY ay 1-877-688-9891. Makikita mo ang form ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri/Reklamo at ang mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov/>.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Mga Apela

Ang apela ay iba sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para suriin namin at baguhin ang isang pasyang ginawa namin tungkol sa iyong (mga) serbisyo. Kung pinadalhan ka namin ng liham ng Abiso ng Pagkilos (NOA) na nagpapaalam sa iyo na tinatanggihan, inaantala, binabago, o winawakasan namin ang (mga) serbisyo, at hindi ka sang-ayon sa aming pasya, maaari kang humiling ng apela sa amin. Maaari ring humiling ng apela sa amin ang iyong PCP o iba pang tagapagkaloob sa ngalan mo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang humiling ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa NOA na nakuha mo mula sa amin. Kung napagpasyahan naming bawasan, suspindihin, o ihinto ang (mga) serbisyo na natatanggap mo ngayon, maaari mong patuloy na makuha ang (mga) serbisyong iyon habang naghihintay kang mapagpasyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, dapat kang humiling ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na nasa NOA o bago ang petsang tinukoy namin kung kailan mahihinto ang (mga) serbisyo mo, alinman ang mas huli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang (mga) serbisyo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong pangalan, ID number sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong iyong inaapela.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at hilingin sa kanila na padalhan ka ng form. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, ID number sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong iyong inaapela.

Ipadala ang form sa:  
Health Net Appeals & Grievances  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91410-0348

Magkakaroon ng mga form ng apela ang tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Health Net. Pumunta sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa loob ng 5 araw pagkatanggap ng iyong apela, papadalhan ka namin ng liham na nagpapabatid sa iyong natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, ipapaalam namin sa iyo ang aming pasya sa apela at papadalhan ka namin ng liham ng Abiso ng Pagpapasya sa Apela (NAR). Kung hindi ka namin bibigyan ng pasya sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR sa DMHC. Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya.

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na pagpapasya dahil maaaring malagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makagalaw dahil sa oras na aabutin sa pagpapasya, maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang iyong apela.

---

## Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasya sa apela

Kung humiling ka ng isang apela at nakatanggap ka ng liham ng NAR na nagsasabi sa iyong hindi namin binago ang aming pasya, o hindi ka nakatanggap ng liham ng NAR at 30 araw na ang lumipas, magagawa mong:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng mga Serbisyon Panlipunan ng California (CDSS), at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso.
- Maghain ng form ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri/Reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) para maipasuri ang pasya ng Health Net o para makahiling ng **Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR)** mula sa DMHC. Sa panahon ng IMR ng DMHC, susuriin ng isang doktor na hindi bahagi ng Health Net ang iyong kaso. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 at ang linya ng TTY ay 1-877-688-9891. Mahahanap mo ang



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

form ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o IMR.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya.

May higit pang impormasyon ang mga seksyon sa ibaba tungkol sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR.

Ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinapangasiwaan ng Health Net. Maaari kang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). Gayunpaman, ang mga reklamo at apelang kaugnay ng mga benepisyo ng parmasya na hindi sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ay maaaring kuwalipikado para sa Independiyenteng Medikal na Pagsusuri.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasyang nauugnay sa iyong benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado. **Ang mga pasya sa benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi sinasaklaw ng proseso ng IMR sa DMHC.**

---

## Mga Reklamo at Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan

Ang IMR ay kapag sinuri ng isang tagalabas na doktor na walang kaugnayan sa iyong planong pangkalusugan ang kaso mo. Kung gusto mo ng IMR, dapat ka munang maghain ng apela sa Health Net. Kung hindi makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi ka nasisiyahan sa pasya ng iyong planong pangkalusugan, maaari kang humiling ng IMR. Kailangan mong humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsang nasa abiso na nagsasabi sa iyo ng pasya sa apela, ngunit mayroon ka lang 120 days para humiling ng Pagdinig Ng Estado kaya kung gusto mo ng IMR at Pagdinig ng Estado ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon. Tandaan, kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna naghahain ng apela. Ito ay sa mga kaso kung saan agaran ang iyong problemang pangkalusugan, katulad ng mga seryosong banta sa iyong kalusugan.

Kung hindi kuwalipikado para sa IMR ang iyong reklamo sa DMHC, susuriin pa rin ng DMHC ang reklamo mo upang matiyak na ginawa ng Health Net ang tamang pasya noong inapela mo ang pagtanggihan ng mga serbisyo. Kailangang sumunod ng Health Net sa mga pasya ng DMHC sa IMR at pagsusuri nito.

Narito kung paano humiling ng IMR.

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang responsable sa pagkontrol ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago ka makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan ng karaingang ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensyal na ligal na karapatan o remedyong maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingang nauugnay sa isang emergency, karaingang hindi kasiya-siyang naresolba ng iyong planong pangkalusugan, o karaingang nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw, maaari mong tawagan ang departamento para sa tulong. Maaari rin kayong maging kuwalipikado para sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review o IMR). Kung kuwalipikado ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR nang walang pinapanigang pagsusuri ng mga medikal na pasyang ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya sa pagsaklaw para sa mga paggamot na eksperimental o sinisiyasat, at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa mga pang-emergency o agarang serbisyong medikal. Mayroon ding toll-free na numero ng telepono ang departamento (**1-888-466-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na <https://www.dmhc.ca.gov/> ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon sa IMR at mga tagubilin online.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



---

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ng mga tao mula sa Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS). Tutulong ang isang hukom na lutasin ang iyong problema o sasabihin niya sa iyong tama ang pasya namin. May karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado ikung humiling ka na ng apela sa amin at hindi ka pa rin nasisiyahan sa aming pasya, o kung hindi ka nakatanggap ng pasya sa iyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng aming liham ng NAR. Gayunpaman, kung bibigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela, at gusto mo itong magpatuloy hanggang sa magkaroon ng pasya sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat ay humiling ka ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng aming liham ng NAR, o bago ang petsa kung kailan namin sinabing hihinto ang iyong (mga) serbisyo, alinman ang mas huli. Kung kailangan mo ng tulong para matiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng pinal na desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tawagan ang (TTY 711). Maaaring humiling ng Pagdinig ng Estado ang iyong PCP para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Kung minsan, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi muna kinukumpleto ang aming proseso ng apela.

Halimbawa, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi muna kinukumpleto ang aming proseso ng apela, kung hindi ka namin naabisuhan nang tama o nang nasa oras tungkol sa iyong (mga) serbisyo. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi namin ginawang available ang liham ng NOA sa gusto mong wika.
- Nakagawa kami ng pagkakamaling nakakaapekto sa iyong mga karapatan.
- Hindi ka namin pinadalhan ng liham ng NOA.
- Nagkamali kami sa aming liham ng NAR.
- Hindi namin pinagpasyahan ang iyong apela sa loob ng 30 araw.  
Napagpasyahan naming pang-akaran ang iyong kaso, pero hindi kami tumugon sa iyong apela sa loob ng 72 oras.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o sulat.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Public Response Unit ng CDSS sa 1-800-952-5253 (TTY 1-800-952-8349 o 711).
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Sagutan ang form na ibinigay kasama ng abiso tungkol sa pagkakaayos sa iyong apela.  
Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa pagdinig, ibibigay mo ang iyong panig. Ibibigay naman namin ang aming panig. Maaaring tumagal nang hanggang 90 araw bago mapagpasyahan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Health Net ang magiging pasya ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ang CDSS ng mabilis na pasya dahil mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos dahil sa haba ng panahong itatagal bago magkaroon ng Pagdinig ng Estado, magagawa mo o ng iyong PCP na makipag-ugnayan sa CDSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat magpasya ang CDSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng trabaho matapos nitong matanggap ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa Health Net.

---

## Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan mo ang isang tagapagkaloob o ang isang taong kumukuha ng Medi-Cal na nanloloko, nag-aaksaya o nang-aabuso, karapatan mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na toll-free na numerong 1-800-822-6222 o pagsusumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng tagapagkaloob ang:

- Pagpapalsipika ng mga medikal na talaan
- Pagrereseta ng gamot na higit sa medikal na kinakailangan



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na higit sa medikal na kinakailangan
- Paniningil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Paniningil para sa mga propesyonal na serbisyo kahit hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng mga libre o may diskwentong item at serbisyo sa mga miyembro upang impluwensyahan kung aling tagapagkaloob ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng doktor ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi nalalaman ng miyembro

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso ng isang taong nakakatanggap ng mga benepisyo ang, ngunti hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o ng Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagtanggap ng magkakatulad o magkakaparehong paggamot o gamot mula sa mahigit isang tagapagkaloob
- Pagpunta sa isang emergency room kahit hindi emergency
- Paggamit ng numero ng Social Security o ID number sa planong pangkalusugan ng ibang tao
- Pagkuha ng mga medikal at hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyong walang kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, o kapag wala kang medikal na appointment o mga resetang kukunin.

Upang mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at ID number ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso. Ibigay ang lahat ng impormasyong maibibigay tungkol sa taong iyon, tulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung tagapagkaloob ito. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at buod ng kung ano ang eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Special Investigations Unit  
7700 Forsyth Blvd.  
Clayton, MO 63105  
1-866-685-8664  
Special\_Investigations\_Unit@centene.com



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# 7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng Health Net, mayroon kang ilang partikular na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Makikita rin sa kabanatang ito ang mga ligal na abisong may karapatan kang matanggap bilang miyembro ng Health Net.

## Iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng Health Net:

- Magamot nang may paggalang at dignidad, na nagbibigay ng makatuwirang pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at sa pangangailangan na mapanatili ang kumpidensyalidad ng iyong medikal na impormasyon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at sa mga serbisyo nito, kabilang ang mga sinasaklaw na serbisyo, mga manggagamot, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Makatanggap ng nakasulat na impormasyon ng miyembro na ganap na sinalin sa iyong piniling wika, kabilang ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.
- Makapagbigay ng mga rekomendasyon sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng Health Net.
- Makapamilya ng tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga sa networkng Health Net.
- Magkaroon ng napapanahong access sa mga tagapagkaloob na nasa network.
- Makilahok sa pagpapasya kasama ng mga tagapagkaloob ng serbisyo kaugnay ng sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Magpahayag ng mga karaingan, nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat, tungkol sa organisasyon o sa natanggap mong pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Malaman ang mga medikal na dahilan Health Net para sa desisyon na tanggihan, ipagpaliban, ihinto o baguhin ang kahilingan sa medikal na pangangalaga.
- Makakuha ng pangangasiwa ng pangangalaga.
- Humiling ng apela sa mga desisyong tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyos.
- Makakuha ng mga libreng serbisyo ng interpreter para sa iyong wika.
- Tumanggap ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo.
- Bumuo ng mga paunang direktiba.
- Humiling Pagdinig ng Estado kung may serbisyo o benepisyong tinanggihan at nakapaghain ka na ng apela sa Health Net at hindi ka pa rin nasisiyahan sa pasya, o kung hindi ka pa nakatanggap ng pasya sa iyong apela makalipas ang 30 araw, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga kalagayan kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Umalis sa pagkakatala sa Health Net at lumipat sa isa pang planong pangkalusugan sa county kapag hiniling.
- Maka-access ng mga serbisyong nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad.
- Makakuha ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang mga format (gaya ng braille, malalaking print, audio at naa-access na elektronikong format) kapag hiniling at nang napapanahon para sa format na hinihiling at alinsunod sa Welfare & Institutions Code Section 14182 (b)(12).
- Hindi mapailalim sa anumang anyo ng pagpigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pandidiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Matapat na talakayin ang impormasyon tungkol sa mga magagamit na opsyon sa paggamot at alternatibo, na ipapakita sa paraang naaangkop sa iyong kundisyon at kakayahang umunawa, anuman ang gastusin o pagsaklaw.
- Magkaroon ng access at makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na talaan, at hilingin na baguhin o itama ang mga iyon, tulad ng nakasaad sa 45 Code of Federal Regulations §164.524 and 164.526.
- Kalayaang gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nagkakaroon ng masamang epekto sa paraan ng pagtrato sa iyo ng Health Net, mga tagapagkaloob mo, o ng Estado.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Magkaroon ng access sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya, Freestanding na Paanakan, Pederal na Kuwalipikadong Health Center, Klinikang Pangkalusugan para sa Indian, serbisyo sa pagpapanaanak, Health Center sa Nayon, serbisyo para sa mga impeksiyong seksuwal na naipapasa, at mga serbisyong pang-emergency na wala sa network ng Health Net alinsunod sa pederal na batas.

---

## Iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng Health Net ay may mga responsibilidad na ito:

- **Kumilos nang magalang at may paggalang.** Responsibilidad mong tratuhin ang iyong doktor at lahat ng tagapagkaloob at tauhan nang magalang at may paggalang. Responsibilidad mong makarating sa tamang oras para sa iyong mga pagpapatingin o tumawag sa tanggapan ng doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang pagpapatingin upang kanselahin o magpalipat ng iskedyul.
- **Magbigay ng napapanahon, tumpak, at kumpletong impormasyon.** Responsibilidad mong ibigay ang tumpak na impormasyon at ang lahat ng impormasyong maibibigay mo sa lahat ng iyong tagapagkaloob, at sa Health Net. Responsibilidad mong regular na magpatingin at sabihan ang iyong doktor tungkol sa mga problemang pangkalusugan bago lumala ang mga iyon.
- **Sundin ang payo ng iyong doktor at makibahagi sa iyong pangangalaga.** Responsibilidad mong talakayin ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan kasama ng iyong doktor, bumuo ng at makipagkasundo hinggil sa mga layunin, gawin ang abot ng iyong makakaya upang maunawaan ang iyong mga problemang pangkalusugan, at sundin ang plano ng paggamot at mga tagubiling kapwa ninyong sinang-ayunan.
- **Gamitin lang ang Emergency Room kapag may emergency.** Responsibilidad mong gamitin ang emergency room kapag may emergency o kapag iniutos ng iyong doktor. Ang pang-emergency na pangangalaga ay serbisyong makatuwiran mong pinaniniwalaang kinakailangan upang pigilan o ibsan ang mga biglaan at seryosong sakit o sintomas, at pinsala o kundisyong nangangailangan ng agarang diyagnosis at paggamot.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- **Mag-ulat ng maling gawi.** Responsibilidad mong mag-ulat ng panloloko sa pangangalagang pangkalusugan o maling gawi sa Health Net Community Solutions. Magagawa mo ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline para sa Panloloko at Pang-aabuso ng Health Net nang toll-free sa 1-866-685-8664. Ang Hotline para sa Panloloko ay bukas 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Mahigpit na pinananatiling kumpidensiyal ang lahat ng tawag.

---

## Abiso hinggil sa hindi pandidiskrimina

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Health Net sa mga Pang-estado at Pederal na batas ng karapatang sibil. Hindi ginagawa ng Health Net ang labag sa batas na pandidiskrimina, pagbubukod ng mga tao o pagtrato nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat-etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang Health Net ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas mabuti, gaya ng:
  - Mga kuwalipikadong tagasalin sa sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (malaking print, audio, mga madaling ma-access na elektronikong format, at iba pang mga format)
- Libreng mga serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711 para magamit ang California Relay Service.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Health Net ang mga serbisyong ito o labag sa batas itong nandiskrimina sa iba pang paraan sa batayan ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, sinasamahang grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan ng katawan, medikal na kundisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagsulat, nang personal, o sa paraang elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa amin 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110. O kaya, kung may problema ka sa pandinig o pagsasalita, pakitawagan ang TTY 711 para magamit ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Sagutan ang form para sa reklamo o gumawa ng sulat at ipadala ito sa:  
Civil Rights Coordinator ng Health Net  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91410
- **Sa personal:** Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o ng Health Net at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- **Sa elektronikong paraan:** Bumisita sa website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 916-440-7370. Kung may problema ka sa pagsasalita o pandinig, pakitawagan ang 711 (Telecommunications Relay Service).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Sagutan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:  
Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413

May mga available na form ng reklamo sa  
[https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- **Sa elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

### **Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng U.S.**

Kung naniniwala kang diniskrimina ka dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao, sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa paraang elektronikong:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung may problema ka sa pagsasalita o pandinig, pakitawagan ang TTY 1-800-537-7697 o 711 para magamit ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Sagutan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:  
U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201

May mga available na form ng reklamo sa  
<https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang Portal ng Reklamo sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

---

## Mga paraan upang makilahok bilang isang miyembro

Gusto ng Health Net na malaman ang iyong mga opinyon. Bawat taon, nagkakaroon ng mga pagpupulong ang Health Net para pag-usapan kung ano ang maayos na gumagana at paanong mas mapapahusay pa ang Health Net. Inaanyayahan ang mga miyembro na dumalo. Pumunta sa isang pagpupulong!

### Tagapayong Komite ng Komunidad

Ang Health Net ay may grupong tinatawag bilang Tagapayong Komite ng Komunidad. Ang grupong ito ay binubuo ng mga mamimili, miyembro ng Health Net, at ahensiya ng komunidad. Maaari kang sumali sa grupong ito kung gusto mo. Ang grupong ito ay nag-uusap tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Health Net at responsable para sa:

- Payo tungkol sa pagpapahusay ng kalidad at mga pagsisikap sa edukasyong pangkalusugan ng Health Net.
- Payo tungkol sa mga programa ng serbisyong nauugnay sa kultura at wika ng Health Net.
- Pagtukoy ng mga balakid sa pangangalaga dahil sa kultura, diskriminasyon, wika, o kapansanan.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

### Komite ng Pampublikong Patakaran

Ang Health Net ay may grupong tinatawag na Komite ng Pampublikong Patakaran. Ang grupong ito ay binubuo ng mga miyembro at tagapagkaloob ng planong pangkalusugan. Ang pagsali sa grupong ito ay boluntaryo. Ang grupong ito ay nag-uusap tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Health Net at responsable para sa:

- Pagbibigay ng payo sa Lupon ng Mga Direktor ng Health Net tungkol sa mga isyu sa patakarang nakakaapekto sa planong pangkalusugan at sa aming mga miyembro.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga grupong ito.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Abiso ng mga gawi sa privacy

Makukuha at ibibigay kapag iyong hiniling ang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Health Net para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal ng mga medikal na talaan.

Ang mga miyembrong papayagang makatanggap ng mga sensitibong serbisyo ay hindi kailangang kumuha ng iba pang pahintulot sa miyembro para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Idiridirekta ng Health Net ang komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa itinalagang alternatibong address ng koreo ng miyembro, email address, o numero ng telepono o, kung walang itinalaga, sa pangalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na nasa file. Hindi isisiwalat ng Health Net ang impormasyong medikal kaugnay ng mga sensitibong serbisyo sa iba pang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mula sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Tatanggapin ng Health Net ang mga kahilingan sa kumpidensyal na komunikasyon sa hiniling na form at format, kung ito ay handang magagawa sa hiniling na form at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Ang kahilingan ng miyembro para sa kumpidensyal na komunikasyon kaugnay ng mga sensitibong serbisyo ay magagamit hanggang bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite ng bagong kahilingan sa sensitibong komunikasyon.

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANONG MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAPAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.**

***MANGYARING PAG-ARALAN ITONG MABUTI.***

### **Mga Tungkulin ng mga Sinasaklawang Entidad:**

Ang Health Net (dito ay “kami”, “namin”, o “ang Plano”) ay isang Sinasaklaw na Entity na tinukoy at kinontrol sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA). Ang Health Net ay inatasan ng batas na panatilihin ang privacy ng iyong pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan (PHI), bigyan ka ng Abisong ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI, sumunod sa mga tuntunin ng Abisong ito na kasalukuyang ipinatutupad, at abisuhan ka sakaling magkaroon ng hindi awtorisadong pag-access sa iyong hindi naka-secure na PHI. Ang PHI ay impormasyong tungkol sa iyo, kabilang ang demograpikong impormasyon, na maaaring makatuwirang gamitin upang kilalanin ka at may kaugnayan sa kalusugan o kundisyon ng iyong pangangatawan o pag-iisip sa



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

nakaraan, kasalukuyan o hinaharap, ang pagbibigay sa iyo ng pangangalagang pangkalusugan o ang pagbabayad para sa pangangalagang iyon.

Inilalarawan sa Abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at ihayag ang iyong PHI. Inilalarawan din nito ang iyong mga karapatang i-access, baguhin, at pamahalaan ang iyong PHI at kung paano gagamitin ang mga karapatang iyon. Ang lahat ng iba pang paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI na hindi inilalarawan sa Abisong ito ay gagawin lang nang may nakasulat na pahintulot mula sa iyo.

Nakalaan sa Health Net ang karapatang baguhin ang Abisong ito. Nakalaan sa amin ang karapatang ipasabisa ang nirebisa o binagong Abiso para sa iyong PHI na nasa amin na, pati na rin sa alinman sa iyong PHI na matatanggap namin sa hinaharap. Agarang babaguhin at ipamamahagi ng Health Net ang Abisong ito anumang oras na mayroong mahalagang pagbabago sa sumusunod:

- Mga paggamit o pagsisiwalat
- Iyong mga karapatan
- Aming mga ligal na tungkulin
- Iba pang gawi sa privacy na nakasaad sa abiso

Ilalagay namin sa aming website at sa aming Handbook ng Miyembro ang anumang nirebisang Abiso.

### **Mga Panloob na Proteksyon ng Sinabi, Nakasulat at Elektronikong PHI:**

Pinoprotektahan ng Health Net ang iyong PHI. Mayroon kaming mga proseso sa privacy at seguridad na makakatulong.

Narito ang ilan sa mga paraan ng pagprotekta namin sa iyong PHI.

- Sinasanay namin ang aming mga tauhan na sundin ang aming mga proseso sa privacy at seguridad.
- Inaatasan namin ang aming mga kasama sa negosyo na sundin ang mga proseso sa privacy at seguridad.
- Pinananatili naming ligtas ang aming mga opisina.
- Tinatalakay lang namin ang iyong PHI para sa mga layuning pangnegosyo kasama ng mga taong dapat makaalam.
- Pinananatili naming ligtas ang iyong PHI kapag ipinadadala namin ito o itinatabi namin ito sa paraang elektronikong.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Gumagamit kami ng teknolohiya upang maiwasang ma-access ang iyong PHI ng mga taong hindi dapat maka-access nito.

### **Mga Pinahihintulatang Paggamit at Pagsisiwalat ng Iyong PHI:**

Ang sumusunod ay listahan ng kung paano namin maaaring gamitin o ihayag ang iyong PHI nang wala ang iyong permiso o pahintulot:

- **Paggagamot** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI sa isang doktor o iba pang tagapagkaloob ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo, para pangasiwaan ang iyong paggamot sa mga tagapagkaloob ng serbisyo, o para matulungan kaming magsagawa ng mga pagpapasya sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na may kaugnayan sa iyong mga benepisyo.
- **Pagbabayad** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para magsagawa ng mga pagbabayad ng benepisyo para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa iyo. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa ibang planong pangkalusugan, sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o sa iba pang entidad alinsunod sa pederal na Mga Tuntunin sa Privacy para sa kanilang mga pagbabayad. Ang mga aktibidad ng pagbabayad ay maaaring kinabibilangan ng:
  - pagpoproseso ng mga claim
  - pagtukoy ng pagiging kuwalipikado o pagsaklaw para sa mga claim
  - paglalabas ng mga billing ng premium
  - pagsusuri ng mga serbisyo para sa medikal na pangangailangan
  - pagsasagawa ng mga pagsusuri ng paggamit ng mga claim
- **Pagpapatakbo ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan** - Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI upang isagawa ang pagpapatakbo ng aming mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring kinabibilangan ng:
  - pagbibigay ng mga serbisyo sa customer
  - pagtugon sa mga reklamo at apela
  - pagbibigay ng pamamahala ng kaso at pangangasiwa ng pangangalaga
  - pagsasagawa ng medikal na pagsusuri ng mga claim at iba pang pagtatasa ng kalidad
  - mga aktibidad ng pagpapaunlad



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Sa pagpapatakbo ng aming mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari kaming maghayag ng PHI sa mga kasama sa negosyo. Magkakaroon kami ng mga nakasulat na kasunduan sa mga kasamang ito upang protektahan ang privacy ng iyong PHI. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa ibang entidad na napapailalim sa pederal na Mga Tuntunin sa Privacy. Dapat ay mayroon ding ugnayan sa iyo ang entidad para sa pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nito. Kabilang dito ang sumusunod:

- mga aktibidad ng pagtatasa ng kalidad at pagpapaunlad
  - pagsusuri ng kagalingan o kwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
  - pamamahala ng kaso at pangangasiwa ng pangangalaga
  - pagtukoy o pagpigil ng panloloko at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan
- ***Mga Pagsisiwalat sa Isponsor ng Planong Pangkalusugang Panggrupo/Plano*** - Maaari naming ihayag ang iyong pinoprotektahang impormasyon kaugnay ng kalusugan sa isang isponsor ng planong pangkalusugang panggrupo, tulad ng isang taga-empleyo o iba pang entidad na nagbibigay ng programa sa pangangalagang pangkalusugan sa iyo, kung sumang-ayon ang isponsor sa ilang partikular na paghihigpit tungkol sa kung paano nito gagamitin o ihahayag ang pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan (tulad ng pagsang-ayong hindi gagamitin ang pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan para sa mga pagkilos o pasyang may kaugnayan sa trabaho).

### **Iba Pang Pinahihintulutan o Ipinag-aatas na Pagsisiwalat ng Iyong PHI:**

- ***Mga Fundraising na Aktibidad*** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga fundraising na aktibidad, gaya ng paglikom ng pera para sa mapagkawangawang foundation o katulad na entity para makatulong na pondohan ang kanilang mga aktibidad. Kung kakaugnayin ka namin para sa mga fundraising activity, bibigyan ka namin ng oportunidad na mag-opt out o hindi na makatanggap ng mga ganitong komunikasyon sa hinaharap.
- ***Mga Layunin ng Pag-underwrite*** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga layunin ng pag-underwrite, tulad ng pagpapasya tungkol sa isang paglalapat o kahilingan para sa pagsaklaw. Kung gagamitin o ihahayag nga namin ang iyong PHI para sa mga layunin ng pag-underwrite, pinagbabawalan kaming gamitin o ihayag ang iyong PHI na impormasyong henetiko sa proseso ng pag-underwrite.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- **Mga Paalala tungkol sa Appointment/Mga Alternatibo sa Paggamot** - Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI upang paalalahanan ka tungkol sa isang appointment para sa paggamot at medikal na pangangalaga sa amin, o upang bigyan ka ng impormasyon kaugnay ng mga alternatibo sa paggamot o iba pang benepisyong may kaugnayan sa kalusugan, gaya ng impormasyon kung paano tumigil sa paninigarilyo o magbawas ng timbang.
- **Ayon sa Iniaatas ng Batas** - Kung iniaatas ng pederal, pang-estado, at/o lokal na batas ang paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI, maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI hangga't sumusunod sa naturang batas at limitado sa mga iniaatas ng naturang batas ang paggamit o pagsisiwalat. Kung magkasalungat ang dalawa o higit pang batas o regulasyong sumasaklaw sa parehong paggamit o pagsisiwalat, susunod kami sa mas mahihigpit na batas o regulasyon.
- **Mga Aktibidad kaugnay ng Pamublikong Kalusugan** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang awtoridad ng pamublikong kalusugan para sa layunin ng pagpigil o pagkontrol sa sakit, pinsala, o kapansanan. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa Food and Drug Administration (FDA) upang tiyakin ang kalidad, kaligtasan o pagiging epektibo ng mga produkto o serbisyong nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng FDA.
- **Mga Biktima ng Pang-aabuso at Pagpapabaya** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa awtoridad ng lokal, pang-estado, o pederal na pamahalaan, kabilang ang mga ahensya ng serbisyong panlipunan o ng mga serbisyong nagpoprotekta na pinahintulutan ng batas na tumanggap ng mga naturang ulat kung mayroon kaming makatuwirang paniniwala na nagkaroon ng pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan.
- **Mga Panghukuman at Administratibong Paglilitis** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga panghukuman at administratibong paglilitis. Maaari din namin itong ihayag bilang tugon sa sumusunod:
  - kautusan ng korte
  - administratibong hukuman
  - subpoena
  - mga summon
  - warrant
  - kahilingan sa pagtuklas
  - katulad na ligal na kahilingan



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- **Pagpapatupad ng Batas** - Maaari naming ihayag ang iyong nauugnay na PHI sa tagapagpatupad ng batas kapag inatasan kaming gawin ito. Halimbawa, bilang tugon sa:
  - kautusan ng korte
  - warrant na iniutos ng korte
  - subpoena
  - mga summon na inilabas ng opisyal ng hudikatura
  - subpoena ng grand jury

Maaari din naming ihayag ang iyong nauugnay na PHI para sa layunin ng pagtukoy o paghahanap sa isang may-sala, pugante, mahalagang testigo, o nawawalang tao.

- **Mga Coroner, Tagasuring Medikal at Direktor ng Punerarya** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang coroner o tagasuring medikal. Maaaring kailanganin ito, halimbawa, upang tukuyin ang sanhi ng kamatayan. Maaari din naming ihayag ang iyong PHI sa mga direktor ng punerarya, kung kinakailangan, upang maisakatuparan nila ang kanilang mga tungkulin.
- **Donasyon ng Organ, Mata at Tissue** - Posibleng ihayag namin ang iyong PHI sa mga organisasyon sa pagkuha ng organ. Maaari rin naming ihayag ang iyong PHI sa mga nagtatrabaho sa pagkuha, pagtatabi o transplantasyon ng:
  - mga organ na pang-transplant ng taong binawian na ng buhay (cadaveric organ)
  - mga mata
  - mga tissue
- **Mga Banta sa Kalusugan at Kaligtasan** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI kung naniniwala kami, nang may mabuting hangarin, na ang paggamit o pagsisiwalat ay kinakailangan upang pigilan o pahupain ang isang seryoso o napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.
- **Mga Espesyalisadong Tungkulin ng Gobyerno** - Kung isa kang miyembro ng Hukbong Sandatahan ng U.S., maaari naming ihayag ang iyong PHI kapag iniatas ito ng mga awtoridad ng military command. Maaari din naming ihayag ang iyong PHI:
  - sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa mga aktibidad para sa pambansang seguridad at pangangalap ng impormasyon
  - sa Departamento ng Estado para sa pagpapasya sa medikal na kaangkupan



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



- para sa mga serbisyong nagpoprotekta sa Pangulo o sa iba pang awtorisadong tao
- **Bayad-pinsala sa Manggagawa** - Posibleng ihayag namin ang iyong PHI para makasunod sa mga batas na nauugnay sa bayad-pinsala sa manggagawa o iba pang mga katulad na programa, na itinatag ng batas, na nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho na hindi sinasadyang makuha.
- **Mga Sitwasyong Pang-emergency** - Posibleng ihayag namin ang iyong PHI sa isang sitwasyong pang-emergency, o kung wala kang kakayahan o wala kang malay, sa isang miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan, awtorisadong ahensya ng tulong sa sakuna, o sinupamang tao na dati mo nang tinukoy. Gagamit kami ng propesyonal na pagpapasya at karanasan upang tukuyin kung makakabuti sa iyong kapakanan ang pagsisiwalat. Kung ang pagsisiwalat ay makakabuti sa iyong kapakanan, ihahayag namin ang PHI na direktang may kaugnayan sa pagkakasangkot ng taong iyon sa iyong pangangalaga.
- **Mga Bilanggo** - Kung isa kang bilanggo ng isang correctional institution o nasa ilalim ng kustodiya ng isang opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaari naming ibigay ang iyong PHI sa correctional institution o opisyal ng tagapagpatupad ng batas na iyon, kung saan mahalaga ang naturang impormasyon upang mabigyan ka ng institusyon ng pangangalagang pangkalusugan, upang protektahan ang iyong kalusugan o kaligtasan, o ang kalusugan o kaligtasan ng iba, o para sa kaligtasan at seguridad ng correctional institution.
- **Pananaliksik** - Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga mananaliksik kapag naaprubahan ang kanilang klinikal na pananaliksik, at kung saan mayroong mga partikular na pananggalang upang tiyakin ang privacy at proteksyon ng iyong PHI.

### **Mga Paggamit at Pagsisiwalat ng Iyong PHI na Mangangailangan ng Iyong Nakasulat na Pahintulot**

Inaatasan kaming humingi ng iyong nakasulat na pahintulot upang gamitin o ihayag ang iyong PHI, nang may mga limitadong pagbubukod, para sa mga sumusunod na dahilan:

**Pagbebenta ng PHI** - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot bago kami magsagawa ng anumang pagsisiwalat na itinuturing bilang pagbebenta ng iyong PHI, na nangangahulugang may natatanggap kaming kabayaran sa pagsisiwalat ng PHI sa ganitong paraan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Marketing** - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga layuning pang-marketing nang mayroong mga limitadong pagbubukod, gaya ng kapag mayroon kaming mga harapang pakikipag-ugnayan sa iyo para sa marketing, o kapag nagbibigay kami ng mga pampromosyong regalang may napakaliit na halaga.

**Mga Tala ng Psychotherapy** - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang alinman sa iyong mga tala ng psychotherapy na maaaring nasa file namin nang may limitadong pagbubukod, tulad ng para sa ilang partikular na paggamot, pagbabayad, o gawain para sa paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

### **Mga Karapatan ng Indibidwal**

Ang mga sumusunod ay iyong mga karapatan kaugnay ng iyong PHI. Kung nais mong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa dulo ng Abisong ito.

Bukod pa sa mga kinakailangan sa hindi pandidiskrimina ng Estado ng California (gaya ng inilalarawan sa mga dokumento ng pagsaklaw sa benepisyo), ang Health Net of California, Inc. at Health Net Life Insurance Company (Health Net, LLC.) ay sumusunod sa mga naaangkop na pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi nandidiskrimina, nagsasantabi ng mga tao, o nag-iiba ng pagtrato sa kanila dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, angkan, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, kapansanan, o biyolohikal na kasarian.

- **Karapatang Bawiin ang Isang Pahintulot** - Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras; at dapat nakasulat ang pagbawi ng iyong pahintulot. Kaagad na magkakaroon ng bisa ang pagbawi, maliban sa hangganang nakapagsagawa na kami ng mga pagkilos nang nakadepende sa pahintulot at bago pa man namin natanggap ang iyong nakasulat na pagbawi.
- **Karapatang Humiling ng mga Paghihigpit** - May karapatan kang humiling ng mga paghihigpit sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, mga pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, gayundin sa mga pagsisiwalat sa mga taong nauugnay sa iyong pangangalaga o sa pagbabayad ng iyong pangangalaga, gaya ng mga miyembro ng pamilya o malalapit na kaibigan. Dapat mong ipahayag sa iyong kahilingan ang mga paghihigpit na hinihiling mo at sabihin kung kanino ilalapat ang



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

paghihigpit. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa kahilingang ito. Kung sasang-ayon kami, susunod kami sa iyong kahilingan sa paghihigpit maliban kung kinakailangan ang impormasyon upang bigyan ka ng pang-emergency na paggamot. Gayunpaman, lilimitahan namin ang paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI para sa pagbabayad o pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan kapag nabayaran mo na nang buo ang serbisyo o item mula sa bulsa.

- ***Karapatang Humiling ng mga Kumpidensiyal na Pakikipag-ugnayan -*** Mayroon kang karapatang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa iyong PHI sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa mga alternatibong lugar. Dapat naming paunlakan ang iyong kahilingan kung makatuwiran ito at tinutukoy nito ang mga alternatibong paraan o lokasyon kung saan dapat ipadala ang iyong PHI. Isasagawa ang isang kahilingan sa kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan ng isang insurer ng kalusugan sa loob ng 7 araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng elektronikong pagpapadala o kahilingan sa telepono o sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng unang-klase na koreo. Sumangguni sa numero ng telepono ng serbisyo sa customer sa likod ng iyong kard ng pagkakakilanlan ng miyembro o sa website ng plano para sa mga tagubilin kung paano humiling ng kumpidensiyal na komunikasyon.
- ***Karapatang Ma-access ang at Makatanggap ng Kopya ng iyong PHI -*** May karapatan kang tingnan ang o makakuha ng mga kopya ng iyong PHI na makikita sa isang nakatalagang set ng talaan, nang may mga limitadong pagbubukod. Maaari mong hilinging magbigay kami ng mga kopya sa isang format bukod sa mga photocopy. Gagamitin namin ang format na iyong hihilingin maliban kung hindi talaga namin ito kayang gawin. Kailangan mong magsagawa ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat upang magkaroon ng access sa iyong PHI. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag at sasabihin namin sa iyo kung ang mga dahilan ng pagtanggap ay maaaring suriin at kung paano hihilingin ang naturang pagsusuri o kung hindi na maaaring suriin ang pagtanggap.
- ***Karapatang Iwasto ang iyong PHI -*** May karapatan kang hilingin sa amin na iwasto, o baguhin ang iyong PHI kung naniniwala kang naglalaman ito ng maling impormasyon. Dapat nakasulat ang iyong kahilingan, at dapat ipaliwanag nito kung bakit kailangang susugan ang impormasyon. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa ilang partikular na dahilan, halimbawa, kapag hindi kami ang



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

lumikha ng impormasyong nais mong susugan at magagawa ng lumikha ng PHI ang pagsususog. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag. Maaari kang sumagot sa isang pahayag na tumututol ka sa aming pasya at ilalakip namin ang iyong pahayag sa PHI na hinihiling mong susugan namin. Kung tatanggapin namin ang iyong kahilingang susugan ang impormasyon, magsasagawa kami ng mga makatuwirang pagsisikap upang abisuhan ang ibang tao, kabilang ang mga taong pinangalanan mo, tungkol sa pagsususog, at isama ang mga pagbabago sa anumang pagsisiwalat ng impormasyong iyon sa hinaharap.

- ***Karapatang Makatanggap ng Accounting ng mga Pagsisiwalat*** - Mayroon kang karapatang makatanggap ng listahan ng mga pagkakataon sa loob ng nakaraang 6 na taon kung saan inihayag namin o ng aming mga kasama sa negosyo ang iyong PHI. Hindi ito nalalapat sa pagsisiwalat para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o mga pagsisiwalat na iyong pinahintulutan, at iba pang partikular na aktibidad. Kung hihilingin mo ang accounting na ito nang higit sa isang beses sa loob ng 12 buwan, maaari ka naming singilin nang makatuwirang bayaring nakabatay sa gastos para sa pagtugon sa mga karagdang kahilingang ito. Bibigyan ka namin ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga singil kapag humiling ka.
- ***Karapatang Maghain ng Reklamo*** - Kung sa palagay mo ay nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy o nilabag namin ang mga sarili naming gawi sa privacy, maaari kang maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng telepono gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito. Para sa mga reklamo ng mga miyembro ng Medi-Cal, maaari ding makipag-ugnayan ang mga miyembro sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California na nakalista sa susunod na seksyon.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa Kalihim ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng U.S. sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, o pagtawag sa 1-800-368-1019, (TTY: 1-866-788-4989), o pagbisita sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**HINDI KAMI GAGAWA NG ANUMANG PAGKILOS LABAN SA IYO DAHIL SA PAGSASAMPA MO NG REKLAMO.**

- **Karapatang Makatanggap ng Kopya ng Abisong ito** – Maaari kang humiling ng kopya ng aming Abiso anumang oras sa pamamagitan ng paggamit sa listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito. Kung natanggap mo ang Abisong ito sa aming web site o sa pamamagitan ng electronic mail (e-mail), may karapatan ka ring humiling ng kopyang papel ng Abiso.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Abisong ito, sa aming mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI o kung paano gagamitin ang iyong mga karapatan, maaari kang magkipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o telepono gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayang nakalista sa ibaba.

**Health Net Privacy Office**

Attn: Privacy Official

P.O. Box 9103

Van Nuys, CA 91409

**Telepono: 1-800-522-0088**

Fax: 1-818-676-8314

Email: [Privacy@healthnet.com](mailto:Privacy@healthnet.com)

Para sa mga miyembro lamang ng Medi-Cal, kung naniniwala kang hindi namin naprotektahan ang iyong privacy at nais mong magreklamo, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

***Privacy Officer***

c/o Office of Legal Services

California Department of Health Care Services

1501 Capitol Avenue, MS 0010

P.O. Box 997413

Sacramento, CA 95899-7413

Telepono: 1-916-445-4646 or 1-866-866-0602 (TTY/TDD: 1-877-735-2929)

E-mail: [DHCSPrivacyofficer@dhcs.ca.gov](mailto:DHCSPrivacyofficer@dhcs.ca.gov)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## **ABISO SA PRIVACY NG IMPORMASYON NG PANANALAPI**

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANONG MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG **IMPORMASYON NG PANANALAPI** TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAPAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING PAG-ARALAN ITONG MABUTI.

Nakatuon kami sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng iyong personal na impormasyon ng pananalapi. Para sa mga layunin ng abisong ito, ang “personal na impormasyon ng pananalapi” ay nangangahulugang impormasyon tungkol sa isang nagpatala o aplikante para sa pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan na tumutukoy sa indibidwal, na karaniwang hindi available sa publiko, at kinokolekta mula sa indibidwal o nakukuha kaugnay ng pagbibigay ng pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan sa indibidwal.

**Impormasyong Kinokolekta Namin:** Kumukuha kami ng personal na impormasyon ng pananalapi tungkol sa iyo sa mga sumusunod na pinagkukunan:

- Impormasyong natatanggap namin mula sa iyo sa mga form ng aplikasyon o iba pang form, tulad ng pangalan, address, edad, medikal na impormasyon, at numero ng Social Security;
- Impormasyon tungkol sa iyong mga transaksyon sa amin, sa aming mga affiliate o iba pa, tulad ng pagbabayad ng premium at kasaysayan ng mga claim; at
- Impormasyon mula sa mga ulat ng mamimili.

**Pagsisiwalat ng Impormasyon:** Hindi kami naghahayag ng personal na impormasyon ng pananalapi tungkol sa mga nagpatala sa amin o dating nagpatala sa anumang third party, maliban kung iniaatas o pinahihintulutan ng batas. Halimbawa, sa proseso ng aming mga pangkalahatang gawi ng pagnenegosyo, maaari naming, kapag pinahintulutan ng batas, ihayag ang alinman sa personal na impormasyon ng pananalapi na nakuha namin tungkol sa iyo, nang walang pahintulot mo, sa mga sumusunod na uri ng institusyon:

- Sa aming mga affiliate na kumpanya, tulad ng iba pang insurer;
- Sa mga hindi affiliate na kumpanya para sa aming mga pang-araw-araw na layuning pangnegosyo, tulad ng pagpoproseso ng iyong mga transaksyon, pagpapanatili ng iyong (mga) account, o pagtugon sa mga kautusan ng korte at ligal na imbestigasyon; at



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- Sa mga hindi affiliate na kumpanyang nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, kabilang ang pagpapadala ng mga pakikipag-ugnayang pampromosyon sa aming ngalan.

**Pagiging Kumpidensyal at Seguridad:** Nagpapanatili kami ng mga pisikal, elektroniko, at nakabatay sa pamamaraang pananggalang, alinsunod sa mga naaangkop na pang-estado at pederal na pamantayan, upang protektahan ang iyong personal na impormasyon ng pananalapi laban sa mga panganib tulad ng pagkawala, pagkasira, o maling paggamit. Kabilang sa mga hakbang na ito ang mga pananggalang sa computer, naka-secure na file at gusali, at paghihigpit sa kung sino ang maaaring mag-access ng iyong personal na impormasyon ng pananalapi.

### **Mga Tanong tungkol sa Abisong ito:**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa abisong ito:

**Mangyaring tawagan ang toll-free na numero ng telepono sa likod ng iyong ID card o makipag-ugnayan sa Health Net.**

---

## **Abiso tungkol sa mga batas**

Maraming batas ang nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring maapektuhan ng mga batas na ito ang iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi isinama o ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay mga pang-estado at pederal na batas tungkol sa programang Medi-Cal. Maaari ding malapat ang iba pang pederal at pang-estadong batas.

---

## **Abiso tungkol sa pagiging huling tagabayad ng Medi-Cal, iba pang pagsaklaw sa kalusugan at pag-recover ng tort**

Sumusunod ang programang Medi-Cal sa mga pang-estado at pederal na batas at regulasyong nauugnay sa ligal na pananagutan ng mga third party sa mga miyembro para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Isasagawa ng Health Net ang lahat ng makatuwirang hakbang upang tiyaking ang programang Medi-Cal ang tagapagbayad kapag wala nang ibang maaaring magbayad.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring magkaroon ng iba pang pagsaklaw sa kalusugan (OHC), na tinatawag ding pribadong insurance sa kalusugan. Bilang kundisyon sa pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal, dapat ay mag-apply ka at/o panatilihin mo ang alinmang available na OHC kapag wala kang kailangang bayaran.

Iniaatas ng mga batas ng pederal at estado sa mga miyembro ng Medi-Cal na mag-ulat ng OHC at anumang pagbabago sa kasalukuyang OHC. Kung hindi mo iulat nang tama ang OHC, posibleng kailanganin mo bayaran ulit ang DHCS para sa anumang benepisyo na maling nabayaran. Isumite ang iyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>. Kung wala kang access sa internet, puwede mong iulat ang iyong OHC sa iyong planong pangkalusugan, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711; sa loob ng California), o 1-916-636-1980 (sa labas ng California). Mayroong karapatan at responsibilidad ang DHCS na maningil para sa mga sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi ang Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Halimbawa, kung napinsala ka sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, kakailanganin munang magbayad ng insurance ng sasakyan o ng insurance ng bayad-pinsala sa manggagawa, o i-reimburse ang Medi-Cal.

Kung napinsala ka, at may ibang partidong kasangkot sa pagkakapinsala mo, dapat ay abisuhan mo o ng iyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw pagkatapos magsampa ng legal na pagkilos o claim. Isumite ang iyong abiso online:

- Programa ng Personal na Pinsala sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Programa ng Bayad-Pinsala para sa Pagbangon ng Manggagawa sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Upang matuto pa, tumawag sa 1-916-445-9891.

---

## Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay maghahanap ng repayment mula sa mga naiwan ng isang yumaong miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa panahon ng o pagkatapos ng ika-55 na kaarawan. Kabilang sa repayment ang fee-for-service at mga premium sa pinamamahalaang pangangalaga at capitation na pagbabayad sa mga serbisyo ng pasilidad ng nursing, mga serbisyong nakabase sa bahay at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo sa ospital o inireresetang gamot na natanggap noong pinasok (inpatient) sa isang pasilidad ng nursing ang pasyente o tumatanggap ng mga serbisyong nakabase sa bahay o komunidad. Hindi pwedeng lumagpas ang repayment sa halaga ng tinukoy na ariarian ng miyembro.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Para alamin pa, pumunta sa website sa pagbawi ng ari-arian ng DHCS sa <http://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa 1-916-650-0590.

---

### **Abiso ng Pagkilos**

Padadalhan ka ng Health Net ng sulat na Abiso ng Pagkilos (NOA) anumang oras na tanggihan, iantala, wakasan, o baguhin ng Health Net ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng plano, maaari kang maghain ng apela sa Health Net anumang oras. Tingnan ang seksyong Mga Apela sa itaas para sa mahahalagang impormasyon tungkol sa paghahain ng iyong apela. Kapag magpapadala sa iyo ang Health Net ng NOA, ipapaalam nito sa iyo ang lahat ng karapatang mayroon ka kung hindi ka sumasang-ayon sa pasyang ginawa namin.

#### ***Mga Nilalaman ng Abiso***

Kung binabase ng Health Net ang mga pagtangga, pag-antala, terminasyon, o pagbabago nang buo o nang ilang bahagi sa medikal na pangangailangan, dapat maglaman ng mga sumusunod ang iyong NOA:

- Isang pahayag ng nilalayong aksyon ng Health Net.
- Isang malinaw at angkop na paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Health Net.
- Kung paano nakabuo ng desisyon ang Health Net. Dapat ay kasama rito ang mga pamantayang ginamit ng Health Net.
- Mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na ipahiwatig ng Health Net kung paano hindi natutugunan ng kundisyon ng miyembro ang mga pamantayan o tuntunin.

#### ***Mga pagsasalin-wika***

Kinakailangan ng Health Net na isalin nang buo at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa karaniwang piniling wika, kabilang ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

Ang abisong ganap na isinalin ay dapat maglamang ng medikal na dahilan para sa desisyon ng pagbawas, pagsuspende, o paghinto ng kahilingan sa serbisyong pangangalagang pangkalusugan ng Health Net.

Kung hindi available ang iyong piniling wika, kinakailangan ng MCP na magbigay ng tulong sa pakikipag-usap sa iyong piniling wika para maintindihan mo ang natanggap mong impormasyon.

---

### **Pananagutan ng Ikatlong Partido**

Hindi magsasagawa ang Health Net ng anumang claim para sa pagbawi ng halaga ng mga sinasaklaw na serbisyong ibinigay sa isang miyembro kapag idinulot ang naturang pagbawi ng pagkilos kung saan may pananagutan sa paglabag sa batas ng third party o pananagutan sa insurance para sa pinsala, kabilang ang mga pagkakaloob ng bayad-pinsala sa manggagawa at pagsaklaw sa hindi naka-insure na motorista. Gayunpaman, aabisuhan ng Health Net ang DHCS tungkol sa mga naturang potensyal na kaso, at tutulungan nito ang DHCS sa paghahabol sa karapatan ng Estado sa pagbabalik ng nagugol sa mga naturang pagbawi. Obligado ang mga miyembro na tulungan ang Health Net at DHCS kaugnay nito.

---

### **Mga independiyenteng contractor**

Ang ugnayan sa pagitan ng Health Net at ng bawat kalahok na tagapagkaloob ay isang ugnayan ng independiyenteng contractor. Hindi mga empleyado o ahente ng Health Net ang mga kalahok na tagapagkaloob at hindi empleyado o ahente ng kalahok na tagapagkaloob ang Health Net o sinumang empleyado ng Health Net. Hindi mananagot ang Health Net para sa kapabayaang, maling gawi, o pagtatanggal ng sinumang kalahok na tagapagkaloob o iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga kalahok na tagapagkaloob, at hindi ang Health Net, ang nagpapanatili ng ugnayan sa pagitan ng doktor at pasyente sa miyembro. Ang Health Net ay hindi tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## Panloloko kaugnay ng plano ng pangangalagang pangkalusugan

Ang panloloko kaugnay ng plano ng pangangalagang pangkalusugan ay tumutukoy sa panlilinlang o maling pagkatawan ng tagapagkaloob, miyembro, taga-empleyo, o sinumang taong kumikilos sa kanilang ngalan. Ito ay isang seryosong krimen na maaaring maisakdal. Ang sinumang taong kusa at sadyang lumalahok sa aktibidad na naglalayong dayain ang plano ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng paghahain ng claim na naglalaman ng hindi totoo o mapanlinlang na pahayag ay nagkakasala ng panloloko kaugnay ng insurance.

Kung nag-aalala ka tungkol sa alinman sa mga singil na lumalabas sa isang listahan ng bayarin o form ng Paliwanag ng mga Benepisyo, o kung mayroon kang alam o pinaghihinalaang ilegal na aktibidad, tawagan ang toll-free na Hotline para sa Panloloko ng aming plano sa 1-866-685-8664. Ang Hotline para sa Panloloko ay bukas 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Mahigpit na pinananatiling kumpidensiyal ang lahat ng tawag.

## Mga pangyayaring hindi kontrolado ng Health Net

Kung hindi magiging available ang mga pasilidad at tauhan ng Health Net para makapagbigay o makapagsaayos ng mga serbisyo o benepisyo sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito dahil sa isang natural na sakuna, giyera, kaguluhan, insureksyong sibil, epidemya, ganap o bahagyang pagkasira ng mga pasilidad, pagsabog na atomic o iba pang paglabas ng nuclear na enerhiya, kapansanan ng mahalagang tauhan ng grupong medikal, o iba pang katulad na pangyayari na wala sa kontrol ng Health Net, lilimitahan ang obligasyon ng Health Net sa pagbibigay ng mga naturang serbisyo o benepisyo sa iniaatas na pagsasagawa ng sapat na pagsisikap na maibigay o maisaayos ang pagbibigay ng mga naturang serbisyo o benepisyo ayon sa kasalukuyang availability ng mga pasilidad o tauhan nito.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

# 8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

---

## Mahahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net 1-800-675-6110 (TTY 711)
- Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711)
- **Mga Serbisyo para sa May Kapansanan**
  - Website: <https://www.ada.gov/>
  - California Relay Service (CRS): TTY/TDD: 711
  - Sprint 1-888-877-5379 (Voice)
  - MCI 1-800-735-2922 (Voice)
  - Impormasyon tungkol sa Americans Disabilities Act (ADA) sa: 1-800-514-0301 (Voice); 1-800-514-0383 (TDD)
- **Children's Services (Programang CCS)**
  - Website: <https://www.dhcs.ca.gov/services>
  - Kern County: 1-661-868-0504
  - Los Angeles County: 1-800-288-4584
  - Sacramento County 1-916-875-9900
  - San Diego County: 1-619-528-4000
  - San Joaquin County: 1-209-468-3900
  - Stanislaus County: 1-209-558-7515
  - Tulare County: 1-559-685-5800



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

- **Programang Child Health and Disability Prevention (CHDP)**
  - Website: <https://www.dhcs.ca.gov/services/chdp>
  - Kern County: 1-661-321-3000
  - Los Angeles County: 1-800-993-2437
  - Sacramento County 1-916-875-7151
  - San Diego County: 1-619-692-8808
  - San Joaquin County: 1-209-468-8335
  - Stanislaus County: 1-209-558-8860
  - Tulare County: 1-559-687-6915
- **Mga Serbisyo ng Estado ng California**
  - Tanggapan ng Ombudsman ng DHCS: 1-888-452-8609  
(website: <https://www.dhcs.ca.gov/services/MH/Pages/MH-Ombudsman.aspx>)
  - Departamento ng mga Serbisyonang Panlipunan: 1-800-952-5253  
(TDD: 1-800-952-8349) (website: <https://www.cdss.ca.gov/county-offices>)
  - Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan  
(Department of Managed Health Care o DMHC): 1-888-466-2219  
(1-888-HMO-2219) (website: <http://dmhc.ca.gov/>)
- **Social Security Administration**
  - Pandagdag na Panseguridad na Kita (SSI): 1-800-772-1213  
(TTY/TDD: 1-800-325-0778)
  - Website: <https://www.ssa.gov/>
- **Mga Tanggapan ng County**
  - Website: <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>
  - Website ng Kalusugan ng Pag-iisip:  
<https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>
    - **Kern County**
      - Departamento ng mga Serbisyo para sa Tao: 1-661-631-6807
      - Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip: 1-800-991-5272
    - **Los Angeles County**
      - Departamento ng mga Serbisyonang Panlipunan para sa Publiko  
(Department of Public Social Services o DPSS)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 8 | Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

- Central Help Line (kabilang ang mga serbisyo sa wika):  
1-877-481-1044
- Customer Service Center ng DPSS: 1-866-613-3777; 1-310-258-7400
- Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng Los Angeles County:  
1-800-854-7771
- **Sacramento County**
  - Departamento ng Tulong sa Tao: 1-916-874-3100
  - Departamento ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao (Kalusugan ng Pag-iisip): 1-888-881-4881
- **San Diego County**
  - Departamento ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao:  
1-866-262-9881
  - Dibisyon ng Kalusugan ng Pag-uugali ng San Diego: 1-888-724-7240
- **San Joaquin County**
  - Departamento ng Pampublikong Kalusugan: 1-209-468-3400
  - Kalusugan ng Pag-uugali: 1-888-468-9370
  - Ahensya ng mga Serbisyo para sa Tao: 1-209-468-1000
- **Stanislaus County**
  - Ahensya ng mga Serbisyo sa Komunidad: 1-877-652-0734
  - Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Pagbangon:  
1-888-376-6246
- **Tulare County**
  - Ahensya ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao:  
1-800-540-6880
- Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip: 1-800-320-1616

---

## Mga salitang dapat malaman

**Aktibong pagle-labor:** Ang panahon kung kailan nasa tatlong yugto ng panganganak ang isang babae at hindi siya ligtas na maililipat sa tamang oras sa ibang ospital bago manganak o maaaring mapinsala ng paglilipat ang kalusugan at kaligtasan ng babae o sanggol sa sinapupunan.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Malubha:** Isang medikal na kundisyong biglaan at nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon at hindi nagtatagal.

**American Indian:** Isang indibidwal, na tinutukoy sa title 25 ng mga seksyong 1603(13), 1603(28) ng U.S.C. 1679(a) o natukoy bilang kuwalipikado, bilang Indian, alinsunod sa 42 C.F.R. 136.12 o Title V ng Indian Health Care Improvement Act, para makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga Tagapagkaloob ng serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Indian (Indian Health Service, Indian Tribe, Tribal Organization, o Urban Indian Organization–I/T/U) o sa pamamagitan ng referral sa ilalim ng Contract Health Services.

**Apela:** Isang kahilingan ng miyembro sa Health Net na suriin at baguhin ang isang pasyang ginawa tungkol sa pagsaklaw para sa isang hiniling na serbisyo.

**Mga Benepisyo:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot na sinasaklaw sa ilalim ng planong pangkalusugang ito.

**California Children’s Services (CCS):** Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang hanggang 21 taong gulang na may ilang partikular na karamdaman at problemang pangkalusugan.

**California Health and Disability Prevention (CHDP):** Isang programa sa pampublikong kalusugan na nagbabalik ng bayad sa mga pampubliko at pribadong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pagtatasa ng kalusugan upang matukoy o maiwasan ang mga sakit at kapansanan sa mga bata at kabataan. Tinutulungan ng programa ang mga bata at kabataang magkaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magbigay ng mga serbisyo ng CHDP ang iyong PCP.

**Tagapamahala ng kaso:** Mga rehistradong nars o social worker na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga pangunahing problemang pangkalusugan at magsaayos ng pangangalaga sa iyong mga tagapagkaloob.

**Sertipikadong Kumadronang Nars (Certified Nurse Midwife o CNM):** Isang indibidwal na lisensiyado bilang isang Rehistradong Nars at sertipikado bilang isang kumadronang nars ng Lupon ng Rehistradong Pagnanars ng California. Ang isang sertipikadong kumadronang nars ay pinahihintulatang tumuon sa mga kaso ng normal na panganganak.

**Chiropractor:** Isang tagapagkaloob na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manual manipulation.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Pangmatagalang kundisyon:** Isang sakit o iba pang problemang medikal na hindi ganap na malulunasan, o lumalala habang tumatagal, o dapat gamutin upang hindi lumala ang iyong kundisyon.

**Klinika:** Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaari itong maging Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC), klinika sa komunidad, Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (RHC), Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Care Provider o IHCP) o iba pang pasilidad sa pangunahing pangangalaga.

**Mga serbisyo sa mga nasa hustong gulang sa komunidad (CBAS):** Mga serbisyo sa pasilidad para sa outpatient para sa sanay na pag-aalaga, serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapangalaga, serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga miyembrong kuwalipikado.

**Reklamo:** Berbal o nakasulat na pagpapahayag ng hindi kasiyahan tungkol sa serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal, Health Net, plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, o tagapagkaloob ng serbisyo ng Medi-Cal.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na tumanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanyang kasalukuyang tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network nang hanggang 12 buwan, kung sasang-ayon ang tagapagkaloob ng serbisyo at ang Health Net.

**Listahan ng mga Gamot ayon sa Kontrata (CDL):** Ang listahan ng inaprubahang gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang iyong tagapagkaloob ng serbisyo ng mga sinasaklaw na gamot na kailangan mo.

**Pangangasiwa ng mga Benepisyo (COB):** Ang proseso ng pagtukoy kung aling pagsaklaw ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance o iba pa) ang may mga pangunahing responsibilidad sa paggamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may mahigit isang uri ng pagsaklaw ng insurance sa kalusugan.

**Copayment:** Pagbabayad na iyong ginagawa, karaniwan sa panahon ng serbisyo, bukod pa sa pagbabayad ng insurer.

**Pagsaklaw (mga sinasaklaw na serbisyo):** Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan responsable sa pagbabayad ang Health Net. Ang mga sinasaklaw na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal at gaya ng nakalista sa Ebidensiya ng Pagsaklaw (EOC) na ito at sa alinmang pagsususog.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



**DHCS:** Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na namamahala sa programang Medi-Cal.

**Umalis sa pagkakatala:** Paghinto sa paggamit ng planong pangkalusugang ito dahil hindi ka na kuwalipikado o lilipat ka sa bagong planong pangkalusugan. Kailangan mong pumirma sa isang form na nagsasabing ayaw mo nang gamitin ang planong pangkalusugang ito o tawagan ang HCO at umalis sa pagkakatala sa pamamagitan ng telepono.

**DMHC:** Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga pinapamahalaang pangangalaga sa planong pangkalusugan.

**Matibay na kagamitang medikal (DME):** Kagamitang medikal na kinakailangan at ibinilin ng iyong doktor o iba pang tagapagkaloob. Ang Health Net ang magpapasya kung rerenta o bibili ng DME. Ang mga gastos sa pagrenta ay hindi dapat lumampas sa gastos kapag bibilhin ito.

**Maaga at pana-panahong screening, diagnostic at paggamot (EPSDT).** Ang mga serbisyo ng EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang upang mapanatili silang malusog. Dapat ay makuha ng mga miyembro ang mga tamang check-up sa kalusugan para sa kanilang edad at mga naaangkop na screening para makatukoy ng mga problema sa kalusugan at magamot ang mga karamdaman nang maaga, pati na ang anumang paggamot para maibsan ang o makatulong sa mga kundisyon na maaaring makita sa mga check-up.

**Pang-emergency na medikal na kundisyon:** Isang medikal na kundisyon o kundisyon ng pag-iisip na mayroong mga napakatinding sintomas, tulad ng aktibong pagle-labor (tingnan ang depinisyon sa itaas) o matinding pananakit, na maaaring makatuwirang isipin ng sinumang may sapat na kaalaman tungkol sa kalusugan at gamot na ang hindi pagtanggap ng agarang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Maglagay sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng sanggol sa iyong sinapupunan sa malubhang panganib
- Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan
- Maging dahilan para hindi gumana nang maayos ang isang bahagi o organo ng katawan



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Pangangalaga sa emergency room:** Isang pagsusuring isinasagawa ng doktor (o tauhan sa ilalim ng pamamahala ng doktor, ayon sa pinahihintulutan ng batas) upang malaman kung may umiiral na pang-emergency na medikal na kundisyon. Mga medikal na kinakailangang serbisyong kailangan upang ikaw ay maging clinically stable (maayos ang kalagayan ayon sa klinikal na pamantayan) sang-ayon sa mga kakayahan ng pasilidad.

**Pang-emergency na medikal na transportasyon:** Transportasyon sa isang ambulansya o pang-emergency na sasakyan papunta sa isang emergency room upang makatanggap ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

**Nagpatala:** Isang taong miyembro ng planong pangkalusugan at tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Matagal nang pasyente:** Isang pasyente na may umiiral na ugnayan sa isang tagapagkaloob at nakapagpatingin na sa tagapagkaloob na iyon sa loob ng natukoy na tagal ng panahon na iniatas ng Plano.

**Mga serbisyong hindi kasali:** Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Programang Medi-Cal ng California.

**Pinag-eeksperimentuhang paggamot:** Mga gamot, kagamitan, procedure, o serbisyo na sinusubukan pa lang sa laboratoryo at/o sinusubukan sa mga hayop bago subukan sa mga tao. Ang mga pinag-eeksperimentuhang serbisyo ay hindi sumasailalim sa mga klinikal na pagsisiyasat.

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo upang iwasan o iantala ang pagbubuntis.

**Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC):** Isang health center sa isang lugar kung saan walang gaanong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang tumanggap ng pangunahing pangangalaga at pangangalaga na pang-iwas sa sakit sa isang FQHC.

**Fee-For-Service (FFS) ng Medi-Cal:** Kung minsan, hindi sinasaklaw ng iyong plano sa Medi-Cal ang mga serbisyo, pero maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng Medi-Cal FFS, gaya ng maraming serbisyo sa parmasya sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor upang suriin ang paggaling ng pasyente matapos ang pagpapaospital o sa panahon ng paggamot.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tagaw. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Panloloko:** Sinasadyang pagkilos upang manlinlang o maling kumatawan ng isang taong alam na maaaring magresulta ang panlilinlang sa hindi awtorisadong benepisyo para sa taong iyon o sa ibang tao.

**Mga Freestanding na Paanakan (FBC):** Mga pasilidad na pangkalusugan kung saan pinaplano ang panganganak nang hindi ito mangyari sa tirahan ng buntis, na lisensiyado o kaya ay inaprubahan ng estado upang magbigay ng pangangalaga sa prenatal na pagle-labor at panganganak o pagkatapos ng panganganak at iba pang ambulatory na serbisyo na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

**Karaingan:** Berbal o nakasulat na pagpapahayag ng hindi kasiyahan ng miyembro tungkol sa Health Net, isang tagapagkaloob ng serbisyo, o sa mga serbisyong ibinigay. Isang reklamong inihain sa Health Net tungkol sa tagapagkaloob ng serbisyo ng network ay isang halimbawa ng karaingan.

**Mga serbisyo at kagamitan para sa habilitation:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyong magpanatili, matuto o magpahusay ng mga kasayanan at pagkilos para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Health Care Options (HCO):** Ang programang maaaring magtala sa iyo o mag-alis sa iyo sa pagkakatala sa planong pangkalusugan.

**Mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista gaya ng mga surgeon, doktor na gumagamot ng kanser, o doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan, at nakikipagtulungan sa Health Net o nasa network ng Health Net. Ang mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net ay dapat mayroong lisensiya upang maglingkod sa California at mabigyan ka ng serbisyong sinasaklaw ng Health Net.

Karaniwang kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista. Dapat makakuha ang iyong PCP ng paunang pag-apruba mula sa Health Net bago ka makatanggap ng pangangalaga mula sa espesyalista

**Hindi** mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, gaya ng pagpaplano ng pamilya, pangangalagang pang-emergency, pangangalaga ng OB/GYN o mga sensitibong serbisyo.

**Insurance sa kalusugan:** Pagsaklaw ng insurance na nagbabayad para sa mga gastusing medikal at surgical sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga gastusin mula sa pagkakasakit o pagkakapinsala o pagbabayad nang direkta sa tagapagkaloob ng pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Pangangalagang pangkalusugan sa bahay:** Sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyong ibinibigay sa bahay.

**Mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay:** Mga tagapagkaloob na nagbibigay sa iyo ng sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyo sa bahay.

**Hospisyo:** Pangangalaga upang bawasan ang mga pisikal, emosyonal, sosyal, at espirituwal na kahirapan para sa miyembrong may karamdamang nagtatanging sa buhay. Magagamit ang pangangalaga sa hospisyo kapag ang miyembro ay may taning na 6 na buwan o mas mababa.

**Ospital:** Lugar kung saan tumatanggap ka ng pangangalaga ng inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nars.

**Pangangalaga ng outpatient sa ospital:** Medikal o surgical na pangangalaga na isinasagawa sa ospital nang hindi ina-admit bilang inpatient.

**Pagpapaospital:** Pagkaka-admit sa ospital para sa paggamot bilang inpatient.

**Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP):** Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinapatakbo ng Serbisyo sa Kalusugan ng Indian (IHS), ng isang Indian Tribe, Tribal Organization o Urban Indian Organization (I/T/U) ayon sa depenisyon sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. section 1603).

**Pangangalaga ng inpatient:** Kapag kailangan mong magpalipas ng gabi sa ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan mo.

**Pinag-aaralang paggamot:** Isang gamot, biolohikal na produkto o kagamitan na matagumpay na nakakumpleto sa phase one ng klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA pero hindi pa naaaprubahan ng FDA para sa pangkalahatang paggamit at nananatiling pinag-aaralan sa isang klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Pangangalaga sa isang pasilidad nang lampas sa buwan ng pagkaka-admit.

**Plano ng pinapamahalaang pangangalaga:** Isang Medi-Cal plan na gumagamit lang ng ilang partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang Health Net ay isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Medi-Cal Rx:** Ang serbisyo sa benepisyo sa parmasya ng FFS Medi-Cal na tinatawag na “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo ng parmasya, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Medical home:** Isang modelo ng pangangalaga na magbibigay ng mas mahusay na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, magpapabuti sa pamamahala sa sarili ng mga miyembro sa sarili nilang pangangalaga at magpapababa ng mga maiiwasang gastusin sa paglipas ng panahon.

**Medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag hindi ka makakarating sa isang sinasaklaw na medikal na appointment at/o makakakuha ng mga reseta sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi at inirereseta iyon ng tagapagkaloob ng serbisyo sa iyo. Binabayaran ng Health Net ang pinakamurang transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment.

**Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan):** Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay mahahalagang serbisyo na makatuwiran at nagpoprotekta sa buhay. Kinakailangan ang pangangalagang ito upang mailayo ang mga pasyente sa pagkakaroon ng malalang sakit o kapansanan. Iniibsan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal na medikal na kinakailangan ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o maibsan ang isang karamdaman o kundisyon ng katawan o isipan, kabilang ang mga sakit sa paggamit ng droga at alak, gaya ng isinaad sa Seksyon 1396d(r) ng Titulo 42 ng Kodigo ng United States.

**Medicare:** Ang pederal na programa sa insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang pataas, ilang partikular na taong mas bata na may mga kapansanan, at taong may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng kidney na nangangailangan ng dialysis o transplant, na kung minsan ay tinatawag bilang ESRD).

**Miyembro:** Sinumang kuwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa Health Net na may karapatang tumanggap ng mga sinasaklaw na serbisyo.

**Tagapagkaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga lisensiyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali sa mga pasyente.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Mga serbisyo ng kumadrona:** Prenatal, intrapartum, at postpartum na pangangalaga, kabilang ang pangangalagang pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong panganak na sanggol, na ibinibigay ng mga sertipikadong kumadronang nars (CNM) at lisensiyadong kumadrona (LM).

**Network:** Grupo ng mga doktor, klinika, ospital at iba pang tagapagkaloob na nakakontrata sa Health Net upang magbigay ng pangangalaga.

**Tagapagkaloob na nasa network:** Pumunta sa “Kalahok na tagapagkaloob.”

**Hindi sinasaklaw na serbisyo:** Serbisyong hindi sinasaklaw ng Health Net.

**Hindi medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag papunta sa at pauwi mula sa isang appointment para sa serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong tagapagkaloob at kapag kukuha ng mga reseta at medikal na supply.

**Hindi kalahok na tagapagkaloob:** Tagapagkaloob na wala sa network ng Health Net.

**Iba pang pagsaklaw sa kalusugan (OHC):** Ang iba pang pagsaklaw sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan at iba pang tagapagbayad ng serbisyo maliban sa Medi-Cal. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang medikal, ngipin, paningin, parmasya at/o mga karagdagang plano ng Medicare (Part C at D).

**Kagamitang Orthotic:** Isang kagamitan na ginagamit bilang suporta o brace na ikinakabit sa labas ng katawan upang suportahan o itama ang malalang napinsala o nasirang bahagi ng katawan at medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

**Mga serbisyong wala sa lugar na pinagseserbisyuhan:** Mga serbisyo habang ang miyembro ay nasa lugar na wala sa lugar na pinagseserbisyuhan.

**Tagapagkaloob na wala sa network:** Isang tagapagkaloob na hindi bahagi ng network ng Health Net.

**Pangangalaga ng outpatient:** Kapag hindi mo kailangang magpalipas ng gabi sa ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan mo.

**Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient:** Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga miyembrong may mga hindi malala hanggang sa katamtamang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

## 8 | Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

- Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na ipinahihiwatig upang tasahin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa medication therapy
- Psychiatric na pagkonsulta
- Laboratoryo, mga supply at mga supplement para sa outpatient

**Palliative na pangangalaga:** Pangangalaga upang bawasan ang mga pisikal, emosyonal, sosyal, at espirituwal na kahirapan para sa miyembrong may seryosong karamdaman. Hindi iniaatas ng palliative na pangangalaga na magkaroon ang miyembro ng inaasahang tagal ng buhay na 6 na buwan o mas mababa.

**Kalahok na ospital:** Lisensiyadong ospital na may kontrata sa Health Net upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro kapag tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga. Ang mga sinasaklaw na serbisyong maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital ay nililimitahan ng mga patakaran sa pagsusuri ng paggamit at pagtitiyak ng kalidad ng Health Neto ng kontrata ng Health Net sa ospital.

**Kalahok na tagapagkaloob (o kalahok na doktor):** Doktor, ospital o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pangkalusugang pasilidad, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa Health Net upang mag-alok ng mga sinasaklaw na serbisyo sa mga miyembro kapag tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga.

**Mga serbisyo ng doktor:** Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensiyado sa ilalim ng batas ng estado na maglingkod sa medisina o osteopathy, hindi kabilang ang mga serbisyong iniaalok ng mga doktor kapag naka-admit ka sa isang ospital na sinisingil sa bill ng ospital.

**Plano:** Pumunta sa “Plano ng pinapamahalaang pangangalaga.”

**Mga serbisyo ng post-stabilization:** Mga sinasaklaw na serbisyong nauugnay sa isang pang-emergency na medikal na kundisyon na ibinibigay pagkatapos mailayo sa panganib ang isang miyembro upang mapanatili siya sa kundisyong malayo sa panganib. Sinasaklaw at binabayaran ang mga serbisyo ng pangangalaga sa post-stabilization. Posibleng mangailangan ng paunang pag-apruba ang mga ospital na wala sa network.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Paunang Pag-apruba (o paunang pahintulot):** Dapat makakuha ang iyong PCP o iba pang tagapagkaloob ng paunang pag-apruba mula sa Health Net bago ka makatanggap ng mga partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng Health Net ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng Health Net ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na tagapagkaloob kung naniniwala ang Health Net na makakakuha ka ng mga katulad o mas angkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga tagapagkaloob ng Health Net. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Kailangan mong makakuha ng pag-apruba mula sa Health Net.

**Pagsaklaw sa inireresetang gamot:** Pagsaklaw para sa mga gamot na inirereseta ng tagapagkaloob.

**Mga inireresetang gamot:** Isang gamot na ligal na nangangailangan ng utos mula sa isang lisensiyadong tagapagkaloob upang maipamahagi.

**Pangunahing pangangalaga:** Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”

**Tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (PCP):** Ang lisensiyadong tagapagkaloob na mayroon ka para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka ng iyong PCP na makuha ang pangangalagang kailangan mo. Ang ilang pangangalaga ay kailangan munang maaprubahan, maliban kung:

- Mayroon kang emergency
- Kailangan mo ng pangangalaga ng OB/GYN
- Kailangan mo ng mga sensitibong serbisyo
- Kailangan mo ng pangangalagang pagpapalano ng pamilya

Ang iyong PCP ay maaaring isang:

- Pangkalahatang manggagamot
- Internist
- Pediatrician
- Pampamilyang manggagamot
- OB/GYN
- Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP)
- Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC)
- Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (RHC)
- Manggagamot na nars
- Katulong ng doktor
- Klinika



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



**Paunang pahintulot (paunang pag-apruba):** Dapat makakuha ang iyong PCP o iba pang tagapagkaloob ng paunang pag-apruba mula sa Health Net bago ka makatanggap ng mga partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng Health Net ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng Health Net ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na tagapagkaloob kung naniniwala ang Health Net na makakakuha ka ng mga katulad o mas angkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga tagapagkaloob ng Health Net. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Kailangan mong makakuha ng pag-apruba mula sa Health Net.

**Kagamitang Prosthetic:** Isang artipisyal na gamit na ikinakabit sa katawan upang palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

**Direktoryo ng Tagapagkaloob:** Isang listahan ng mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net.

**Pang-emergency na kundisyong psychiatric:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan sapat ang pagiging matindi o malubha ng mga sintomas upang magdulot ng napipintong panganib sa iyong sarili o sa iba o kaagad kang nawawalan ng kakayahang maglaan o gumamit ng pagkain, tirahan o damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Mga serbisyo para sa pampublikong kalusugan:** Mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa populasyon sa kabuuan. Bukod sa iba pa, kabilang sa mga ito ang pagsusuri ng kalagayang pangkalusugan, pagbabantay sa kalusugan, pagsusulong ng kalusugan, mga serbisyong pang-iwas sa sakit, pagkontrol sa mga nakahahawang sakit, pagprotekta at paglilinis ng kapaligiran, paghahanda at pagresponde sa kalamidad, at kalusugan sa trabaho.

**Kuwalipikadong tagapagkaloob:** Doktor na kuwalipikado sa larangan ng kadalubhasaan na angkop upang gamutin ang iyong kondisyon.

**Reconstructive surgery:** Operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay ang paggana o gumawa ng normal na hitsura sa abot ng makakaya. Ang mga abnormal na bahagi ng katawan ay iyong mga dulot ng congenital defect, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor o sakit.

**Referral:** Kapag sinabi ng iyong PCP na maaari kang tumanggap ng pangangalaga mula sa ibang tagapagkaloob. Ang ilang sinasaklaw na serbisyo ng pangangalaga ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Mga serbisyo at kagamitan ng rehabilitative at habilitative therapy:** Mga serbisyo at kagamitan upang matulungan ang mga taong may mga pinsala, kapansanan, o pangmatagalang kundisyon na magkaroon ng o maibalik ang mga kasanayan ng isip at katawan.

**Karaniwang pangangalaga:** Mga serbisyong medikal na kinakailangan at pangangalaga na pang-iwas sa sakit, pagpapatingin ng bata habang walang sakit, o pangangalaga tulad ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay iwasan ang pagkakaroon ng mga problema sa kalusugan.

**Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (RHC):** Isang health center sa isang lugar kung saan walang gaanong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang tumanggap ng pangunahing pangangalaga at pangangalaga na pang-iwas sa sakit sa isang RHC.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga serbisyong nauugnay sa kalusugan sa pag-iisip o pag-uugali, kalusugang sekswal at reproductibo, pagpapalano ng pamilya, mga impeksiyong seksuwal na naipapasa (STI), HIV/AIDS, seksuwal na pag-atake, at mga pagpapalaglag, karamdaman sa pag-abuso sa droga o alkohol, pangangalaga sa pagsuporta sa kasarian at karahasan ng malapit na partner.

**Malubhang karamdaman:** Sakit o kundisyong dapat gamutin at maaaring magresulta sa kamatayan.

**Lugar na pinagseserbisyuhan:** Ang heograpikong lugar na pinagseserbisyuhan ng Health Net. Kabilang dito ang Kern, Los Angeles, Sacramento, San Diego, San Joaquin, Stanislaus, at Tulare county.

**Sanay na pag-aalaga:** Mga sinasaklaw na serbisyong ibinibigay ng mga lisensiyadong nars, technicians at/o therapist sa panahon ng pananatili sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga o sa bahay ng miyembro.

**Pasilidad ng sanay na pag-aalaga:** Lugar na nagbibigay ng pangangalaga ng nars 24 na oras kada araw na tanging mga sinanay na propesyonal sa kalusugan lang ang maaaring magbigay.

**Espesyalista (o doktor na may espesyalidad):** Isang doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang orthopedic surgeon ay gumagamot ng mga baling buto; ang allergist ay gumagamot ng mga allergy; at ang cardiologist ay gumagamot ng mga problema sa puso. Kadalasan, kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

**Mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na mas mataas ang antas ng pagkakapinsala kaysa sa hindi malala hanggang katamtaman.

**Karamdamang nagtataning sa buhay:** Isang medikal na kundisyong hindi na mapapagaling at pinakamalamang na magdudulot ng kamatayan sa loob ng isang taon o mas mababa pa kung susundan ng sakit ang natural nitong kurso.

**Recovery para sa tort:** Kung ang mga benepisy ay binigay o ibibigay sa isang miyembro ng Medi-Cal dahil sa isang pinsala kung saan iba ang mananagot, binibigay ng DHCS ang makatarungang halaga ng mga benepisy na binigay ng miyembro para sa pinsalang iyon.

**Triage (o screening):** Ang pagtatasa ng iyong kalusugan ng isang doktor o nars na sinanay upang sumuri, para tukuyin ang pagiging agaran ng iyong pangangailangan sa pangangalaga.

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay upang gamutin ang hindi pang-emergency na sakit, pinsala, o kundisyong nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaari kang tumanggap ng agarang pangangalaga mula sa isang tagapagkaloob ng serbisyo na wala sa network, kung pansamantalang hindi available o hindi mapuntahan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na nasa network.



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).



Tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).  
Matatawagan ang Health Net nang 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.  
Toll free ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.  
Bumisita online sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

EOC059461TP00